Baybayin

ORTOGRAPIYA
AT MGA
TUNTUNIN SA PAGSULAT
SA
WIKANG TAGALOG

Baybayin

ORTOGRAPIYA AT MGA TUNTUNIN SA PAGSULAT SA WIKANG TAGALOG

NI

PEDRO ANDRÉS DE CASTRO

SALIN NI

ELVIN R. EBREO

MAY INTRODUKSIYON NI

VIRGILIO S. ALMARIO

AKLAT NG BAYAN
MAYNILA
2014

Baybayin: Ortograpiya at mga Tuntunin sa Pagsulat sa Wikang Tagalog
ni Pedro Andres de Castro
at Salin ni Elvin R. Ebreo

Karapatang-sipi © 2014 ng orihinal na teksto sa Espanyol ni Pedro Andres de Castro, ng salin ni Elvin R. Ebreo at Komisyon sa Wikang Filipino, at ng introduksiyon ni Virgilio S. Almario

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

Disenyo ng Aklat at Pabalat: Angeli Marie G. Narvaez

The National Library of the Philippines CIP Data

Recommended entry:

De Castro, Pedro Andres.
Baybayin : ortograpiya at mga tuntunin sa pagsulat sa wikang Tagalog / ni Pedro Andres De Castro ; salin ni Elvin R. Ebreo ; may introduksiyon ni Virgilio Almario. -- Maynila : Aklat ng Bayan, 2014.
p. ; cm.

ISBN 9789710197378

1. Tagalog language--Orthography and spelling.
I. Ebreo, Elvin R. II. Almario, Virgilio. III. Title.

499.211813 PL5508 2014 P420140161

Inilathala ng
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
2F Watson Bldg., 1610 J.P Laurel St., San Miguel, Maynila
Tel. 02-733-7260 · 02-7362525·
Email: komfil.gov@gmail.com · Website: www.kwf.gov.ph

NILALAMAN

Ang Kaso ng Baybayin at Sinaunang Katutubo sa Wikang Filipino ni Virgilio S. Almario 1

Ortografia y Reglas de la Lengua Tagalog Acomodas A Sus Propios Caracteres

Al Que Leyere 12
Mi Señora 22
Prefacio que puede servir de Prólogo 28
CAP. I. Del número, uso. valor, y oficio de las letras 40
CAP. II. De los Diptongos 50
CAP. III. De los Acentos 54
CAP. IV. De la Pronunciación 68
CAP. V. De la Punctuación, y forma de reglones en Tagalog 74
Abecedario Tagalog 80
CAP. VI. De cómo y cuándo se suplen las letras 84
Aviso al Lector 102
Indice de los Capitolos y Materias que tiene este libro 106

Ortograpiya at Mga Tuntunin sa Pagsulat sa Wikang Tagalog Gamit ang mga Sariling Karakter

Sa mga Mambabasa 13
Sa Aking Mahal na Ginang 23
Panimula na nagsisilbi ring Unang Pananalita 29
KABANATA I. Hinggil sa Bilang, Gamit, Halaga, at Gampanin ng mga Titik 41
KABANATA II. Hinggil sa mga Diptonggo 51
KABANATA III. Hinggil sa Diin ng mga Salita 55
KABANATA IV. Hinggil sa Paraan ng Pagbigkas 69
KABANATA V. Hinggil sa Pagbigkas at Porma ng

Reglones ng Tagalog 75
Abesedaryong Tagalog 81
KABANATA VI. Tungkol sa Kung Paano at Kailan
Pinagpapalit ang mga Titik 85
Abiso sa Mambabasa 103
Panghuling Tala hinggil sa mga Bahagi ng mga
Paksa na Taglay ng Aklat na Ito 107

Ang Kaso ng Baybayin at Ang Sinaunang Katutubo sa Kulturang Filipino

ni Virgilio S. Almario

Napakahalaga ng baybayin sa etnograpiyang Filipino. Ito ang isang natatangi (o bakâ pinakanatatangi) sa mga katibayan ng naabot na antas ng pagkahubog sa kulturang Filipino bago dumating ang mga banyagang mananakop. Ang ibig ko pang sabihin, malinaw na ebidensiya ito ng awtentikong sinauna't katutubo. Kayâ noong 1884 at ilathala ni Trinidad H. Pardo de Tavera ang kaniyang aklat na *Contribucion para el estudio de los antiguos alfabetos Filipinos* ay nasambit niyang may kahalòng pagtataká na ang *etnografia filipina* ay umaakit ng atensiyon ng mga iskolar na Europeo ("*á los alemanes y á los austriacos*") ngunit halos hindi pansin ng mga Espanyol. Hindi niya kasi nabása ang *Ortografía y reglas de la lengua tagalog acomodas a sus propios caracteres* ni Don Pedro Andrés de Castro, na sinulat noong 1776 at nailathala lámang sa unang pagkakataón noong 1930.

[Bilang dagdag na paliwanag, ang manuskrito ni Pedro Andrés de Castro ay may talâ na tinapos niya noong 16 Oktubre 1776 sa Maynila bagaman bunga ng kaniyang pagtuturo at pananaliksik bílang kapelyan sa Bulacan, Bulacan sa ilalim ng patronato ni Senyora Donya Magdalena de Pacis Soliman y Lacandola—isang maharlika (*principala cacique*) sa naturang bayan at pinaghandugan ng awtor ng kaniyang aklat. Ang manuskrito ni P.A. de Castro ay matagal na naimbak sa aklatan ng mga kasulatan sa Espanya hanggang matuklasan at ipasiyang ilathala sa seryeng *Monografía de la España Colonial* sa Madrid nitóng 1930. Ayon na rin sa paliwanag para sa mambabasá ("Al Que Leyere") na inilathala ring bahagi ng edisyong 1930, ang manuskrito ni P.A. de Castro ay inilathala nang walang pagwawasto sa pagsubaybay ni Antonio Graiño bílang halimbawa mula sa Coleccion Hispano-Ultramarina. Binanggit din sa paliwanag para sa mambabasá na si P.A. de Castro ay "*clerigo beneficiado de la Bañeza*" at nagpapatunay na hindi siyá ordenadong alagad ng Simbahan. Ang akda ni P.A. de Castro, pati ang introduksiyon sa monograpiya nang ilathala ito sa Madrid, ay isinalin ni Prop. Ervin Ebreo at inilalathala ng Komisyon sa Wikang Filipino upang pakinabangan ng mga mananaliksik sa baybayin at etnograpiyang Filipino sa

kasalukuyan. Dapat ding ipagpauna ang naging hirap sa muling pagkopya sa manuskrito ni P.A. de Castro dahil may mga salitang mahirap basáhin o hindi maayos ang ispeling. Halimbawa, ang *acomodas* sa orihinal na pamagat ni P.A. de Castro ay iniwastong *acomodadas* sa pahinang pampamagat ng *Monografías de la España Colonial*.]

Ang totoo, nang ilathala sa Madrid ang aklat ni P.A. de Castro ay nais ding sagutin ng awtoridad ang komentaryo ng isang Mr. (Eugene) Jacquet na nagmalaking walang katulad niya sa Espanya na nagbuhos ng panahon para sa pag-aaral ng alpabetong Filipino. Hindi naman napansin ng mga editor ng *Monografías de la España Colonial* na noon pang 1884 ay ipinaghinagpis na si T.H. Pardo de Tavera ang gayong kawalan ng masidhing pag-aaral sa baybayin at sa kabuluhan nitó sa etnograpiyang Filipino. (Mahalagang pansinin na ginamit ni T.H. Pardo de Tavera ang "Filipino"upang ipantukoy sa noo'y karaniwang tinatawag na "katutubo" o "Indio.") Ang totoo, sa tingin ni T.H. Pardo de Tavera ay pambihira nga ang pagsusuri ni Monsieur Jacquet sa kaso ng alpabetong Filipino noong 1831 kung ikokompara sa report ng mga awtores na misyonero na ang higit na interes ay iulat ang mga milagrosong pangyayari't tagumpay ng kolonyalismo (*sucesos politico-religiosas*) sa buong kapuluan.

Ang *Ortografía y reglas de la lengua tagalog* ni P. A. de Castro ay sadyang namumukod sa mga dokumentong Espanyol noong panahon ng kolonyalismo hindi lámang dahil sa higit na mahabà at masusing talakay sa kuwestiyon ng baybayin kung hindi maging sa ibinuhos na pagsusuri niya upang higit itong pakinabangan ng sinumang gagamit. Malinaw na interesado si P.A. de Castro na ituro kung paano sumulat sa pamamagitan ng baybayin bukod sa nais niyang ipagtanggol ang katutubong alpabeto sa hindi makatwirang puna at ipinapasok na pakikialam ng mga kapuwa Espanyol. Itinaguyod niya ang bawat argumento sa tulong ng kaniyang saliksik pangwika at nagpapatunay naman sa malawak niyang kaalaman hinggil sa naging pag-uulat ng mga misyonero sa baybayin at sa mga mambabalarila at eksperto sa Latin at wikang Europeo.

Ortograpiya Bílang Sining

Ganoon na lámang ang pagpapahalaga niya sa ortograpiya, kayâ itinuturing niya itong pangalawa sa mga Utos ng Diyos at nangangailangan ng pagkilála sa mga pag-aaral ng mga nakaraang dalubhasa sa wika. Narito ang kaniyang pambungad na pahayag:

> Al asunto: Lo primero que se les debe enseñar a los niños. despues de la Ley de Dios Nuestro Señor, es la Ortografía;

> la cual es una Arte de escribir y pronunciar rectamente, y con propiedad las letras del Abecedario. Tolos dicen que es una parte, y ramo principal de la Gramática Artificial, y caso muy necesaria al género humáno. Muchos hombres doctos escribieron grandes libros de esta ciencia, y se dedicaron a enseñarla a los niños, por lo cual merecieron grandes premios, y que les levantasen estatuas en Roma, como Calerio Catón, Venio Flaco, Cayocuelito, y otros. De los modernos se llevan la fama, cárdano de rerum varietate; Camilo Ronadie; Duaris Núñez de León; el padre Benito Pereira; Juan Furnio, Florián de Ocampo, y otros muchos; pondré aquí fielmente, lo que he copiado de ellos.

Bago ituro ang baybayin, nagsimula siyá sa pamamagitan ng paghahawan ng sigalot. Pangunahin dito ang puna, na inumpisahan ni Fray Gaspar de San Agustin, na mahirap unawain ang nakasulat sa baybayin. Ibinigay ni Fray de San Agustin ang dalawang titik sa baybayin na B at T na wika niya ay maaaring tumukoy sa “bata,” “batang,” “bantay,” “batar,” “batak,” “banta,” “batay,” o “batag” dahil isinulat nang walang kasámang patinig at dahil hindi rin nililinaw sa pagsulat sa baybayin ang pagkakaroon ng pandulong katinig at sadyang walang kasámang patinig. Iniwaksi ni P.A. de Castro ang ganitong hinagpis at idiniin na ang ugat ng naturang problema ay ang pagpipilit ng mga misyonero na ituring ang baybayin na katulad ng alpabetong Espanyol. Madalî lámang, diumano, ang pag-aaral sa baybayin ngunit dapat itong basáhin nang marahan ng mga banyaga upang maunawaan. Kaugnay nitó ang kaniyang pangaral na may sariling katangian ang baybayin at mahalagang igálang ito upang lubos na matututuhan at magamit na kasinghusay ng mga Tagalog.

Ang argumento ni P.A. de Castro ay nakasandig sa kaniyang pananalig na ang ortograpiya ay isang sining at agham na kailangang matiyagang pag-aralan upang magamit nang mahusay. Pinuna nga niya sa isang bandá ang pagmamadalî ng mga alagad ng Simbahan na ituro ang alpabetong romano at ang sapilitang pagpapasulat na gamit ito sa mga katutubo nang hindi pa naisasaloob ang ang sining ng ortograpiyang Espanyol. Pinuna rin niya sa kabilâng bandá ang imbensiyon ni Fray Francisco Lopez, ang munting krus (*una crucecita*) sa ilalim ng isang katinig upang isagisag na wala itong kasámang patinig. Kinonsulta niya diumano ang mga ladino o katutubong mahusay sa wikang Espanyol at ikinatuwa ng mga ito sa simula ang imbensiyon. Ngunit pagkatapos ay naisip din niláng hindi ito wasto dahil tumataliwas sa tunay na katangian at kalikasán na ibinigay ng Diyos sa wikang Tagalog (*contra su intrinseca propiedad y naturaleza que Dios le dio*). Tila nagpapatawa ngang payo niya sa mambabasá o mag-aaral ng baybayin: “(B) awasan ang mga krus at dagdagan sa iyong buhay si Kristo.”

Ang unang kabanata ng aklat ni P.A. de Castro ay nakaukol sa pagpapaliwanag ng mga titik ng baybayin. Ginamit niya ang baybaying may

labimpitong titik—labing-apat na katinig at tatlong patinig.Ipinaliwanag agad niyang wala sa baybayin ang mga titik F, J, K, Ll, Ñ, Q, R. V, X, Ch, at Z ng alpabetong Espanyol at isa-isa niyang itinuro ang katumbas na titik ng baybayin para sa mga titik ng alpabetong Espanyol. [Medyo nakalilito ang ukol sa titik K. Wika niya'y walang titik K ang baybayin kayâ ipinapalit sa tunog nitó ang mga titik C at Q. Sa kaniyang paghahanay ng abesedaryong Tagalog ay inilagay niya sa ilalim ng titik K ng baybayin ang CQK ng alpabetong Espanyol. Ang haka ko, nalito si P.A. de Castro sa pinalalaganap na noong romanisadong pagsulat sa Tagalog, gaya ng mababása sa mga unang bokabularyo sa mga wika ng Filipinas. Sa romanisadong pagsulat noon, ang tunog na K ay tinutumbasan ng C at Q. Hindi tuloy naisip ni P.A. de Castro na ang titik sa baybayin para sa tunog na K ay totoong K ang sinasagisag at hindi C o Q. Lilitaw pang husto ang kalituhan niyang ito pagtalakay niya sa diptonggo sa ikalawang kabanata.]

Isang katangian ng pagbigkas at pagsulat sa katutubong Tagalog na napansin noon pa ni P.A. de Castro ay ang pangyayaring hindi ipinahihintulot ang anyo ng pantig na may magkasunod na katinig. Kayâ ang *cruz* ay magiging "kurus," ang *plato* ay "palato." Ang bagay na ito ay napansin din ni Lope K. Santos at ibang mananagalog sa bungad ng ika-20 siglo bukod sa nagaganap pa hanggang ngayon sa pagbigkas ng mga Tagalog sa kanayunan.

Bagong Wika sa Pagsasalin

Anim na kabanata ang iniukol ni P.A. de Castro sa pagtuturo ng mga aspekto ng pagsulat sa baybayin. Isinudlong pa niya sa dulo ang pagsasalin ng ilang dasal at pagsulat ng mga ito sa baybayin at sa alpabetong romano. May kabuluhan ito sa kasaysayan ng pagsasalin sa Filipinas. Ibig kong sipiin ang kaniyang salin ng "Pater Noster" at ihambing ito sa unang salin na nalathala noong 1593. Narito ang salin ni P.A. de Castro:

> Ama naming sumasalangit ca, sambahin ang ngalan mo, mapasaaming ang caharian mo, sundin ang loob mo, dito sa lupa, para ng sa langit. Big-yan mo cami ngayon ng aming canin, sa arao arao, at patauarin mo cami, sa aming manga otang para ng pagpapatauad namin sanangag cacaotang sa amin at huag mo caming ypahintolot sa tocso; at yadya mo came, sadilan masama.Amen.

Narito naman ang salin na nalathala sa *Doctrina Christiana*, ang unang aklat na nalimbag sa Filipinas bukod sa unang aklat ng salin at unang aklat na gumamit ng baybayin:

> Ama namin na sa langit ca ypasamba mo ang ngalan mo, moui sa amin ang pagcahari mo. Ypa sonod mo ang loob mo dito sa lupa parang sa langit, bigyan mo cami ngaion nang amin cacanin, para nang sa araoarao, at pacaualin mo ang aming casalanan, ya iang uinaulan bahala namin sa loob ang casalanan nang nagcasala sa amin. Houag mo caming aeuan nang di cami matalo nang tocso. Datapouat yadia mo cami sa dilan masama. Amen, Jesus.

Kapansin-pansin ang malaking kaibhan sa isa't isa ng dalawang salin. Gayunman, ang salin ni P.A. de Castro ay nagtataglay na ng bokabularyo at ritmo na halos katulad ng modernong "Ama Namin." Higit na mahusay ang pulso sa wikang Tagalog ni P.A. de Castro kaysa mga Dominikong nagsalin sa *Doktrina Christiana* noong 1593 o sa loob ng 183 taón ay higit nang dalubhasa ang tulad ni P.A. de Castro sa paggamit ng wikang katutubo. Pinatunayan pa niya sa isang patulang aral sa dulo aklat, ang "Aviso al Lector," na ang totoo ay isang berso hinggil sa wastong pagbigkas ng salita upang hindi magdulot ng malîng pakahulugan (at nilagyan pa ang iba ng bantas), gaya ng "asó" o usok, na iba sa tumatahol na "áso"; ang kahoy na "bánga," na iba sa luad na sisidlang "banga" (walang tuldik na para sa maragsa noon); ang halamang "pako" (muli, maragsa), na iba sa bakal na "pako" (malumi). Ang katangi-tangi sa tula ni P.A. de Castro ay wasto ang kaniyang tugma't sukat na gumagamit ng katutubong anyo ng dalít.

Namamánang Kahinaan ng Pananaw

Gayunman, taglay din ng pag-aaral ni P.A. de Castro ang ilang kahinaang napulot sa mga maestro niyang misyonero. (O marahil, mahirap na salungatin niya nang husto ang kapangyarihan at awtoridad ng mga fraile?) Nais kong banggitin ang dalawa sa mga ito dahil waring naipamána rin sa mga mananaliksik sa kasalukuyan—ang mga mananaliksik na lubhang nakasandig sa ulat ng mga misyonero—at kayâ patuloy na nakapagdudulot ng kalituhan kung hindi man malîng pananaw.

Isa halimbawang problema ang mga wastong bigkas, lalo na sa mga salitang nagtatapos sa patinig, na naging problema ni Fray de San Agustin sa paglalagay ng wastong panuto hinggil sa katutubong tugmaan. Nag-aaway nga, wika na rin ni P.A. de Castro, ang kaniyang mga maestrong misyonero kung ilan ang asento sa Tagalog. May nagsasabing dalawa, may nagsasabing tatlo, at may nagsasabing anim. Mabuti't higit siyáng nanalig sa tuntuning pinairal ni Fray Pedro de Sanlucar sa *Vocabulario de la lengua tagala* (1754): Ang mga diing tinawag niyang (1) *penultima producto grave o aguda*, (2) *penultima producta pausal*, (3) *penultima correpta grave o aguda*, at (4) *penultima correpta gutural*. Sa ika-20 lámang ito higit na lilinaw at magkakaroon ng

angkop na tuldik—ang mga bigkas na malumay, mabilis, malumi, at maragsa sa balarila ni Lope K. Santos at ang mga tuldik na pahilis, paiwa, at pakupya.

Ngunit pinakamabigat na problema ang pakikisunod ni P.A. de Castro sa mga misyonero, magmula kay Fray Francisco Colin, sa pagpapahayag na ang baybayin ay may ugat na Maláyo. Narito ang kaniyang buong pahayag bílang pagpapahalaga sa wikang Tagalog sa hanay ng mga wika sa Filipinas at sa hanay ng mga wika sa Asia:

> En la Universidad de la Compañia de Manila tenia Catedra especial la lengua tagala, porque es la Matriz, la Reina, y la señora de todas las lenguas Filipinas, las cuales en mi opinión son más de ciento, si bien muy simbolos entre sí. El famoso Padre Atanacio. Kirkerio en su Torre de Babel libro tercera sección primera, cuenta entre las lenguas Indicas por principales, ala Malaica, ala Commorina, ala Brachmanica, ala Beguana, ala Fanquinense, ala Tibetana, ala Filipinas, ala Japonica, y ala Chinica. El Padre Colin en su labor Evangélica con todos los Historiadores de Filipinas, confiesa que nuestra tagala desciende legitimamente de la Malaya. Los Malayos ya se sabe que habitan la tierra firme de Malaca, e Islas de Sonda. Estos Malayos tomaron sus letras y caracteres delos Arabes; y estos de los Sirios o Asirios. De lo cual se colige con evidencia, la antiguedad, excelencia, y nobleza de nuestra Tagala.

Itinuturing diumano ang Tagalog na reyna o sinapupunan ng mahigit sandaang mga katutubong wika ng Filipinas. Nakahanay din ang wika ng Filipinas sa mga sinaunang wika sa dakong ito ng mundo, gaya ng Maláyo, Chamoro, Brachmanica, Beguana, Fookien, Tibet, Hapones, at Tsino. Ngunit sinundan niya ang haka ni Fray Colin sa *Labor Evangélica* na nagmula ang Tagalog sa wikang Maláyo; na ang mga titik at karakter ng alpabetong Maláyo ay nagmula naman sa mga Arabe.

Ang hakang ito hinggil sa pinagmulan ng Tagalog ang matinding sinasalungat ng pag-aaral ni T.H. Pardo de Tavera noon pang 1884. Alinsunod sa saliksik niya, ang hakang tulad ng kay Fray Colin ay produkto ng malîng perspektiba at kawalan ng totoong saliksik sa katangian ng wikang Tagalog kahambing ng mga wika ng bansang Asyano. Unang-una'y wala namang pahambing na pag-aral sa mga wikang Asyano ang mga misyonerong Espanyol at kulang sa mataimtim na pagtitig sa mga karakter ng baybaying Filipino. Sa gayon, si T.H. Pardo de Tavera ang nagtipon ng mga naiulat na baybayin at nagsagawa ng sistematiko't siyentipikong pagsusuri ng mga ito. Sa kaniyang saliksik, nakalikom siyá ng 12 ispesimen ng alpabetong Filipino: apat na Tagalog, dalawang Bisaya, dalawang Ilokano, isang Pangasinan, isang Pampanggo, at dalawang hindi matiyak ang pinagmulan. Inilatag niya ang

mga ito sa sumusunod na talahanayan



Nakatanghal sa talahanayan na nag-iiba ang bilang ng titik ng mga baybayin. Tatlo ang patinig ng lahat, ngunit 11 hanggang 14 ang katinig. Gayunman, ipinaliwanag ni T.H. Pardo de Tavera na walang pundamental na kaibhan ang mga katutubong baybayin. Nagkakaroon lámang ng pagkakaiba sa "pagguhit" (*la manera de trazarlos*), na tulad aniya ng nangyayari sa pagsulat sa Ingles, Pranses, o Espanyol. Ang ibang pagkakaiba ay bunga ng mga pangangailangang ponetiko (*exigencias fonéticas*) ng bawat wika o ng maaaring naganap na pagbabago sa transmisyon. Halimbawa, walang W at H ang Ilokano dahil wala din ang naturang mga tunog sa naturang wika.

Nagkakaisang Katutubong Katangian at Ugat na Hindu

Pinatunayan din niyang silabiko ang lahat ng silabaryong Filipino at bawat katinig ay awtomatikong binibigkas nang may kasámang patinig na A. Nagbabago ang pantig sa pamamagitan ng "kudlit" (*virgulilla corlit*). Ang A ay nagiging O at U kapag nagkudlit sa ilalim ng katinig at nagiging E at I kapag nagkudlit sa ibabaw ng katinig. Ang sinasabing hirap sa pagbása ng baybayin, paliwanag pa niya, ay bunga ng hindi paggamit o pagkawala ng kudlit.

Samantala, sinuri din niyang isa-isa ang mga anyo ng titik gayundin ang paraan ng paggamit ng mga ito at sakâ ikinompara sa mga impormasyon hinggil sa alpabeto ng mga wika sa Asia. Sa dulo, ipinahayag niyang higit na malapit ang paraan ng pagsulat ng mga Filipino sa alpabetong Bugis, na umaalinsunod naman sa nakatatandang orden ng Sanskrito at Devanagari. Sa halip na Maláyo, pinatunayan niyang may malakas na apinidad ang baybayin sa sinaunang pagsulat sa India.

Kaugnay pa nitó, sinalungat niya ang haka ni E. Jacquet na

likhang pangalan ang "baybayin" at binyag lámang ng mga Espanyol. Ang baybayin, paliwanag niya ay katutubong pangalan ng silabaryong Filipino at nangangahulugan ng "pagkakasunod-sunod ng mga bagay sa isang hanay" (*sucesion de cosas como en fila*). Naiiba ito sa pangalan ng ibang alpabeto, wika pa niya sa talababa, na nakabatay sa unang tatlong letra, gaya ng *abecedario* ng Espanyol, *abc* ng Ingles, at *alifbata* ng Arabe. [Mahalagang titigan ang talababa ni T.H. Pardo de Tavera upang malirip ang lumaganap na kamangmangan ngayon sa mga aklat na tumatawag nang "alibata" sa baybayin. Sinusundan ng naturang malîng pangalan ang malî ding haka na mula sa Maláyo at Arabe ang ating katutubong alpabeto.]

Ang naging sinaunang relasyon ng Filipinas at India ay sinaliksik pa ni T.H. Pardo de Tavera sa *El Sanskrito en la lengua Tagalog* (1887). Dito ay inihanay niya ang 303 salitang Tagalog, ang katapat sa Sanskrito, at ang kahawig sa ibang wikang Filipino at ibang wikang Asyano na naabot ng impluwensiyang Hindu. May haka si T.H. Pardo de Tavera na umabot sa Filipinas, gaya sa Java, ang impluwensiyang Hindu. Ang nangyaring "dominasyon" sa Filipinas ay hindi kasintindi ng malalim na Hinduwisasyon sa Java, ngunit napakahalaga dahil nag-iwan ng marka sa bokabularyong pampolitika, panlipunan, pampanampalataya, at malalim na damdamin sa Tagalog, Bisaya, at ibang pangkatin.

Ibang Siyentipikong Saliksik, Bagong Pananaw

Bilang pangwakas, nais kong isudlong sa saliksik ni T.H. Pardo de Tavera ang aklat na *Perspectives on Philippine Languages* (2012) ni Marlies S. Salazar, na isang pag-uulat sa mga saliksik hinggil sa mga wika ng Filipinas na isinagawa ng mga dalubhasa sa Europa. Ito ang pruweba sa tinutukoy ni T.H. Pardo de Tavera na mga saliksik mula sa mga Aleman at mga Austrian ("*á los alemanes y á los austriacos*"). Si Ferdinand Blumentritt lámang marahil ang nakilála nating dalubhasa sa wika mulang Alemanya dahil naging kaibigan ni Rizal. Ngunit pinatunayan ng ulat ni M.S. Salazar ang higit na malalim at malawakang perspektiba ng saliksik na isinagawa ng ibang Europeo kaysa nagawa ng mga misyonerong Espanyol.

Isang higante sa saliksik pangwika si Wilhelm von Humbolt, na isang tagapagtatag sa komparatibong lingguwistika at nagpamalas ng masidhing interes sa mga wika ng Filipinas, lalo na sa Tagalog. Naging napakakritikal ni Humboldt sa ginawang gramatika ng mga misyonerong Espanyol. Arbitraryo wika niya ang mga pag-aaral sa pandiwa. Samantala, hinangaan niya ang komplikadong panlapi (*sufijo*) ng Tagalog upang magpahayag ng pinakaposibleng pakahulugan. Batay sa kaniyang paghahambing ng mga wikang Maláyo-Polinesyo, ang Tagalog ang may pinakamataas na antas ng sistemang pandiwa, higit na sopistikado kaysa Maláyo, nakakawangki ng Malagassy sa Aprika, at may malaking posibilidad ng ugat sa sinaunang wika ng India.

Mabilisan kong binabanggit ang naturang mga kongklusyon ni

Humboldt upang isuhay sa mga haka ni T.H. Pardo de Tavera at pasimulan ang isang binagong pagsipat sa wika at katutubong kultura ng Filipinas. Bakit patuloy nating titingnan ang ating sarili na may katangiang "Maláyo" samantalang pinatutunayan ng mga siyentipikong saliksik na may higit na mataas nang pagkabuo ang halimbawa'y wikang Tagalog kaysa wikang Maláyo? Lumaganap lámang ang haka na may "ugat na Maláyo" ang ating kultura dahil sa mababaw na pananaw ng mga misyonero noon at sinundan ng mga unang antropologong Amerikano (pangunahin si H. Otley Beyer). Nakalimbag pa ang hakang ito sa mga teksbuk hanggang ngayon. Mahihiwatigan din ito sa patuloy nating pagtawag sa ating pambansang bayani na "Pride of the Malay Race."

Oo, kapatid natin ang mga Maláyo. Ngunit bakâ silá ang dapat tawaging "Filipino"? Narinig ko na noong dekada 70 kay E. Arsenio Manuel—ang "Ama ng Antropolohiyang Filipino"—na may karakter na sarili ang kulturang Filipino, na dapat putulin ang "ugat na Maláyo," na hindi totoo ang "mga alon ng sinaunang migrasyon" mulang Maláya at Indonesya patungong Filipinas, dahil pinatutunayan ng bagong arkeolohiya at saliksik pangwika na pasuling-suling ang mga direksiyon ng sinaunang migrasyon sa mga dagat ng Asia, Polinesya, at Australia. Higit na lalayà at lulusog ang ating pananaw sa ating sarili kapag ibinukás natin ang ating sarili sa iba't ibang perspektiba ng oryentasyong pangkultura at kapag higit nating pinagbuhusan ng tiyaga ang pagtitig sa natitira't pira-pirasong gunita ng ating katutubo't sinaunang sarili. Ang baybayin ang isang dakilang halimbawa sa nakapagsasariling katangian ng wika at kulturang Filipino, at kung sakali ay maaari lámang ugatin mula sa higit na dakila at nakatatandang sibilisasyon mulang India.

Ngunit lumalayô ako sa orihinal na layunin ng introduksiyong ito hinggil sa baybayin. Samantalang naghihintay pa táyo ng dagdag na saliksik ay tamasahin natin ang pagtuturo ni P.A. de Castro. Ang totoo, ang aklat ni P.A. de Castro ay isang pahiwatig na patuloy na ginagamit ng mga Filipino ang baybayin dahil pinag-uusapan ng mga mananakop hanggang ika-18 siglo, salungat sa malaganap na haka na sapilitan at biglaang pinatay ito ng pagpasok ng alpabetong romano. Naglaho lámang ito sa gunita ng mayoryang Filipino, sang-ayon na rin kay T.H. Pardo de Tavera, sa panahong napatunayan ng mga Kristiyanisadong Filipino na higit na episyente ang itinuturong banyagang alpabeto ng mga mananakop na Espanyol. Naglaho ito ngunit hindi upang patayin. Dapat tandaan na ginamit ang titik K ng baybayin sa paraang halos simboliko ni Andres Bonifacio at ng Katipunan. Dapat ding tandaan na ginagamit pa rin ang baybayin ng mga Mangyan, Tagbanwa, at ibang pangkating di-Kristiyanisado at idinambana kamakailan na isang Pamanang Pandaigdig sa UNESCO.

Ferndale Homes
5 Abril 2014

MONOGRAFÍAS
DE LA
ESPAÑA COLONIAL

ORTOGRAFÍA

Y REGLAS DE LA

LENGUA TAGALOG

ACOMODADAS A SUS
PROPIOS CARACTERES
POR

D. Pedro Andrés de Castro

REPRODUCCIÓN DEL MS.
ORDENADA POR

ANTONIO GRAÍÑO

Según el ejemplar de su Colección Hispano-Ultramarina.

MADRID
Librería General de Victoriano Suárez
48, PRECIADOS, 48
1930

MGA MONOGRAPIYA
NG
ESPANYANG KOLONYAL

ORTOGRAPIYA

AT MGA TUNTUNIN SA PAGSULAT SA

WIKANG TAGALOG

GAMIT ANG MGA
SARILING KARAKTER
NI

D. Pedro Andrés de Castro

MULING PAGLILIMBAG
NA PINAMAHALAAN NI
ANTONIO GRAÍÑO

Batay sa sipi mula sa kaniyang Koleksiyong Hispano-Ultramarina
.

MADRID
Pangkalahatang Tindahan ng Aklat ni Victoriano Suárez
48, PRECIADOS, 48
1930

Al Que Leyere

La favorable acogida dispensada por los lectores de nuestra primera Monografía de la España Colonial, estimula y anima nuestro propósito para continuar la serie con otras que consideramos de igual necesidad y de no menor importancia para los fines que expusimos al frente de la obra de P. Fr. Gabriel de San Antonio.

En esta segunda monografía reproducimos el manuscrito inédito y poco conocido (1) del clérigo beneficiado de la Bañeza, D. Pedro Andrés de Castro, maestro de niños de señores caciques, en cuya obra resume el fruto de sus estudios en las gramáticas de los diversos idiomas filipinos, deduciendo de ellos la parte ortográfica que le interesaba a su trabajo, único hasta su tiempo.

El lector tendrá ocasión excelente para glosar los juicios emitidos por algunos escritores extraños, especialmente Mr. Jacquet, quien afirma que nadie se había ocupado del estudio de los alfabetos filipinos hasta el momento en que él lo pretendía.

¿Ignoraba este escritor orientalista que desde el P. Chirino (1604) hasta sus días, raro fue el erudito español que de ese particular no se ocupara y estudiase con la atención y conocimiento de que hicieron gala en todos sus trabajos gramaticales?

De la portentosa labor idiomática hispano-misionera en el archipiélago legazpino, destácase por singular y doble interés tipográfico la famosa Doctrina Cristiana del Cardenal Belarmino, puesta en lengua ilocana por el benemérito agustino Fr. Francisco

(1) Mencionado con la debida ponderación por el P. Marcilla primero, y D. Ignacio Vallamor después, en las notables obras *Alfabetos filipinos*, Malabón, 1895, y *La antigua escritura filipina*, en español e inglés, Manila, 1922, quienes lo califican de precioso manuscrito, etc., etc.

Sa mga Mambabasa

Ang mainit na pagtanggap ng mga mambabasa sa una naming aklat na pinamagatang *Monograpiya ng Espanyang Kolonyal* ay nagtulak at nagpatingkad ng aming pagnanais na ipagpatuloy ang paglilimbag sa serye ng iba pang mga aklat, na sa aming palagay ay may kahalintulad na pangangailangan at hindi matutuwarang halaga para sa mga hangarin na aming nabanggit kaugnay sa aklat ni P. Gabriel de San Antonio.

Sa pangalawang monograpiyang ito ay ililimbag namin ang manuskritong hindi pa naiwawasto at hindi gaanong kilala (1) ng lingkod ng Simbahan ng Bañeza na si D. Pedro Andres de Castro, guro ng mga kabataang anak ng mga maharlika. Tinipon ng naturang alagad ng Diyos na ito ang bunga ng kaniyang mga pag-aaral ukol sa balarila ng iba't ibang wikang Filipino, na mula dito ay hinalaw natin ang usapin tungkol sa Sining ng Ortograpiya, na isang malaking bahagi ng kaniyang pinagkakaabalahan, na hanggang sa kaniyang panahon ay itinuturing na kakaiba.

Ito ay pambihirang pagkakataón para sa mambabasa na makibahagi sa mga pananaw ng ilan sa mga mahuhusay na manunulat, lalo't higit kay G. Jacquet na nagwika na walang sinumang nag-ukol ng lubos na panahon sa pag-aaral ng alpabetong Filipino hanggang sa kasalukuyan katulad ng kaniyang iginugol para dito.

Hindi kayâ nalilimutan ng oryental na manunulat na ito na mula kay P. Chirino (1604) hanggang sa kaniyang panahon ay madalang ang mga dalubhasang Espanyol na hindi nag-ukol ng kanilang sapat na panahon sa pag-aaral at pag-alam hinggil sa naturang usapin at ito ay kanilang pinasinayaan sa mga aklat na kanilang inilimbag na may kinalaman sa balarila?

Kaugnay ng mga mahuhusay na pag-aaral hinggil sa mga wika na isinagawa ng mga misyonerong Espanyol dito sa arkipelagong itinatag ni Legazpi ay nangingibabaw ang aklat na *Doctrina Cristiana* ni Kardinal Belarmino dahil sa angkin nitóng katangian at pagtawag ng pansin

(1) Unang nabanggit ni P. Marcilla na may labis na paghanga, at pagkatapos ay ni G. Ignacio Vallamor, sa mga pambihirang aklat na *Alpabeto ng mga Wikang Filipino*, na inilimbag sa Malabon, noong taóng 1895, at *Ang Sinaunang Paraan ng Pagsusulat sa Wikang Filipino*, na inilimbag sa mga wikang Espanyol at Ingles sa Maynila, noong taóng 1922, na kapuwa nagwika na tunay ngang kapaki-pakinabang ang manuskritong ito, etc., etc.

López, impresa con caracteres tagalos y romanos en 1621, vuelta a reimprimir diversas veces con los segundos tan sólo hasta la tirada de 1895, en la que se transcribe literalmente la edición príncipe bajo los cuidados y celo del P. Marcilla, a quien se debe la obra analítica más importante hasta entonces, a juicio nuestro, sobre la escritura de los antiguos filipinos reseñada en otro lugar de estas páginas.

De otra joya de la Bibliografía filipina de contextura idéntica a la del P. López, por lo que advertiremos después, podemos hablar al lector gracias a la bondad y generosidad exquisitas del tan sabio cuan modesto bibliógrafo e historiador franciscano, el M. R. P. Fr. Lorenzo Pérez, cuya es la nota que sigue:

«Fr. Miguel de Talavera: según el P. La Llave, trienio XIII, cap. XXIV, pág. 1375, entre otros libros, que menciona, escribió Memorial de conciencia, de mucha utilidad para saberse confesar los naturales, y qué diferencias de pecados y circunstancias hay en cada mandamiento, en las dos letras, españolas y tagalas, para que los que no supieran la una, goçaran de ber la suya materna, de esta manera: Los pecados en que se peca en el primer mandamiento de Dios.—Ang casalanang ypinagcacasala lasaonang otos nang Dios.



Trabajo también empleado, que a causado gran provecho en estos naturales y solo este ynprimio por la dificultad que ay de ymprimir en esta tierra.»

No es lógico suponer que las dos obras de que hacemos mérito hayan sido las únicas de esa naturaleza estampadas en las prensas filipinas durante el primer tercio del siglo XVII; pero está fuera de toda duda que la inclemencia del tiempo por aquellas latitudes, la polilla y el anay, sibaritas irrespetuosos del papel de arroz en todas sus clases y dimensiones, así como de otros similares, no han consentido, por desgracia para el estudioso, que

hinggil sa wastong paraan ng pagsusulat, na isinalin sa wikang Ilokano ng pinagpipitaganang paring Agustino na si P. Francisco Lopez. Inilimbag ito gamit ang mga karakter ng wikang Tagalog at mga titik ng wikang Latin noong taóng 1621, at inilimbag nang maraming ulit sa mga titik na lámang ng ikalawang wika nitóng hulí hanggang sa taóng 1895, na literal na sinipi ang unang edisyon sa ilalim ng maingat at mapagkalingang pamamahala ni P. Marcilla. Hanggang sa kasalukuyan ay iniuukol sa paring ito ang pinakamahalagang analitikong pag-aaral, sa aming palagay, hinggil sa paraan ng pagsusulat ng mga sinaunang Filipino, na ating ipahahayag sa mga susunod na pahina.

Mula pa rin sa yaman ng mga naisulat na aklat tungkol sa Filipinas na kahalintulad ng ginawa ni P. Lopez, na ating pag-uusapan pagkatapos nitó, ay maaari nating banggitin sa mga magbabasá ang kabutihang loob at pagkabukás ng palad ng dalubhasa at pinagpipitaganang bibliyograpo at mananalaysay mula sa Kapisanan ng mga Paring Franciscano, na si Kgg. Padre Lorenzo Perez. Ang sumusunod ay sipi mula sa kaniyang tinuran:

“P. Miguel de Talavera: ayon kay P. La Llave sa kaniyang aklat na Kada Tatlong Taóng Inililimbag na may Blg. XIII, Kabanata XXIV, Pahina 1375, bukod sa iba pa niyang mga aklat ay sinulat niya ang *Memoryal ng Budhi*, na naging malaking salik upang ang mga katutubo ay matutong makapangumpisal, at maipaliwanag ang iba’t ibang uri ng kasalanan at ang mga pagkakataón kung kailan ang mga ito ay tumataliwas sa bawat isa sa Sampung Utos. Nakasulat ito sa dalawang wikang Espanyol at Tagalog, upang sa pagkakataóng hindi nilá nauunawaan ang unang wikang nabanggit ay maaari nilá itong maunawaan sa sarili niláng wika sa ganitong paraan: Ang mga kasalanang maaaring magawa batay sa itinakda ng Unang Utos ng Diyos. –Ang casalanang ypinagcacasalasaonang otos nang Dios.

Kahit labis na naging kapaki-pakinabang ang nasabing aklat para sa mga katutubo ang paglilimbag nitó ay itinuturing na isang napakalaking pagtatangka at ito lámang ang nailimbag dahil sa hirap ng paglilimbag ng mga aklat sa lupaing ito.”

Subalit hindi naman nararapat isipin na ang dalawang aklat lámang na ito, na ngayon ay ating pinagpupugayan, ang nailimbag dahil sa kalagayan ng mga palimbagan sa Filipinas noong mga unang ikatlong bahagi ng siglo XVII. Subalit walang pag-aalinlangan na dahil sa uri ng panahon sa bahaging iyon ng mundo, sa paninira ng mga kulisap at anay, sa walang pakundangang paggamit ng mga pahina ng mga aklat na ito

se libraran de ese azote natural más que contadísimos libros de producción tan copiosa como variada, y estos pocos por haber emigrado a Europa, salvándose de segura desaparición, como hizo notar un maestro de bibliógrafos al decir con harto fundamento que ‹‹los libros filipinos de los siglos XVII y XVIII pueden contarse con los dedos de la mano›› (1) y quizá sobren dedos, agregamos nosotros; pues a tan alto grado de rareza ha llegado la mayor parte de tales producciones cada ves más perseguidas y codiciadas.

La Doctrina ilocana del P. López es uno de los afortunados impresos, salvado de esa especie de cruzada destructora, que se puede consultar en uno de los tres ejemplares, únicos de que hay noticia cierta de que existan hoy (2), mas no así el Memorial del P. Talavera, del que sólo sabemos lo que nos legó la Cronica del P. La Llave y hemos transcrito en página precedente.

Por tanto, el libro del P. López debemos considerarle como piedra angular y punto de arranque para el estudio de los antiguos caracteres de la escritura filipina, porque sin él podría ocurrir que perdurase el error en que incurrió el P. Marcilla, adjudicando a Thévenot la originalidad de un alfabeto que correspondía por entero a un religioso español.

Creemos, pues, que la presente reproducción de la Ortografía de D. Pedro Andrés de Castro tendrá lugar adecuado en la Bibliografía filológico-filipina, y abrigamos la esperanza de que de este modo, con hechos y pocas palabras, se sirve mejor el amor que todos debemos sentir por aquellos pueblos que los españoles descubrieron y educaron a su propia imagen y semejanza.

Madrid, Enero 1930.

(1) Retana (W. E.).—*Catálogo abreviado de* (su) *Biblioteca filipina*, Madrid, 1898.
(2) Real Biblioteca del Escorial, Biblioteca de los PP. Agustinos de Valladolid y un tercero en nuestro poder.

upang ipambalot ng bigas at iba pang mga bagay, at sa iba pang katulad na pangyayari, na hindi naman talaga nilá hinayaang maganap na ang masinsinan at tunay ngang malawak na nilalaman ng mga aklat na ito ay makaiwas sa mga natural na kalamidad na nabanggit, na sa kasalukuyan ay lubos na pinagsisisihan ng mga nais pag-aralan ang mga ito. Nabanggit ng isang tanyag na bibliyograpo na ang ilang mga aklat na nalimbag tungkol sa Filipinas mula siglo XVII hanggang siglo XVIII na dinalá sa Europa upang makaiwas sa tuluyang pagkawala ng mga ito ay "mabibílang gamit lámang ang mga daliri." (1) At marahil kung lampas ang bílang ng mga ito, maaari na rin nating idagdag ang ating mga daliri. At dahil nga sa napakadalang ng mga aklat na ito, lalong tumindi ang pagnanais na matagpuan ang mga ito at magbigay nang labis na pagpapahalaga sa mga ito.

Ang *Doktrina sa Wikang Ilokano* ni P. Lopez ay isa sa mga mapalad na nailimbag na aklat na nailigtas sa mapampuksang pangyayari na nabanggit sa itaas, na ang tatlong sipi nitó ay maaaring gamiting batayan na mayroon ngang katotohanan na nananatili pa rin ito hanggang sa kasalukuyan (2). Maaari ring idagdag dito ang *Memoryal* ni P. Talavera, subalit hindi katulad ng katayuan ng una, mayroon lámang táyong kaalaman batay sa kung ano ang binanggit sa "Kronika" ni P. La Llave, na ating sinipi sa sinundang pahina.

Kung gayon, dapat nating bigyan ng malaking pagpapahalaga ang aklat ni P. Lopez bílang batong-sandigan at batayan ng simula sa pananaliksik tungkol sa pag-aaral ng mga sinaunang karakter sa pagsusulat sa wikang Filipino, sapagkat maaaring mangyari na magpatuloy ang pagkakamalîng nagawa ni P. Marcilla, na gumawa ng pasiya pabor kay Thevenot hinggil sa pagiging orihinal ng isang alpabeto na tumutukoy nang buong-buo sa ginawa ng isang paring Espanyol.

Kami ay naniniwala, kung gayon, na ang paglilimbag ng kasalakuyang aklat na ito tungkol sa *Ortrograpiya* ni D. Pedro Andres de Castro ay magkakaroon ng tamang lugar sa bibliyograpiya hinggil sa Siyensiya ng Wikang Filipino, at niyayakap namin ang pag-asa na sa pamamagitan ng maraming gawa at kaunting pananalita ay maipadaramá nating lahat ang pagmamahal na dapat nating maramdaman para sa mga táong natuklasan at pinanday ang pag-iisip batay sa ating hugis at anyo.

Madrid, Enero 1930.

---

(1) Retana (W. E.) – Maikling Katalogo ng kaniyang *Aklatan hinggil sa Filipinas*, 1898.
(2) Silid-Aklatan ng Real Biblioteca del Escorial, Aklatan ng mga Paring Agustino sa Valladolid, at ang pangatlong sipi ay násа aming pag-iingat

ORTOGRAFIA Y REGLAS

DE LA

LENGUA TAGALOG

ACOMODAS

A SUS

PROPIOS CARACTERES

POR

D. PEDRO ANDRÉS DE CASTRO

MANILA 1776

ORTOGRAPIYA AT MGA TUNTUNIN SA PAGSULAT

SA

WIKANG TAGALOG

GAMIT

ANG MGA

SARILING KARAKTER

NI

D. PEDRO ANDRÉS DE CASTRO

MAYNILA 1776

A LA MUY CLARA
Y MUY EXPECTABLE
SEÑORA DOÑA MARIA MAGDALENA
DE PAZIS SOLIMAN Y LACANDOLA:
Principala Cazique del Pueblo y
Cabeçera de Bulacan señora
de la Casa de Lacandola.
Capitana de Dalagas

PARA SA LUBOS NA
PINAGPIPITAGANAN
AT KAGALANG-GALANG NA
GINANG MARIA MAGDALENA
DE PAZIS SOLIMAN Y LACANDOLA
Mula sa Pamilya ng mga Maharlika
Sa Bayan at Kabesera ng Bulacan
Butihing Maybahay ni Lacandola at
Kapitana ng Kababaihan.

Mi Señora

Alegre y confiada llega mi humildad a los pies de V.S. a ofrecerle esta obrilla de mi corto ingenio, no tanto para darle segura defensa con su benéfica sombra, cuanto para honrarla y darle lustre con su excelso nombre; lo que si consigo por el favor de V.S. obligara el respeto debido a su grandeza, a que los más rígidos censores se contenten, y la miren con agrado.

Mi grande afecto y respetuosa veneración hacia la persona de V.S. me dejaron sin libertad para esta tan acordada elección, de que yo mismo me doy la enhorabuena. La obligación de mi reconocimientos y repetidos favores, que de su liberal mano, fueron sin mérito alguno recibidos; las honras con que V.S. con bondad ha favorecido entre otros muchos, a pobres indios y naturales en esta Cabecera de Bulacán; las veces que me franqueo su casa y su caudal en mis mayores urgencias, precisan y violentan el ánimo agradecido, a que se explique rindiendo este corto obsequio dicha grande fue la mía el conocer a V.S. y también a sus Parientes: el Señor Don Paulino Nicolás, mi gran Patrón; el Capitán Don Joseph León Y Villarreal; la Señora Doña Michaela de León que está gozando de Dios y otros de ese Barrio de San Nicolás, Personas todas para mí estimadas y veneradas de lo más íntimo del corazón, por sus prendas naturales y por su caridad inextinguible. Estoy con la segura confianza, de que admitirá V.S. muy gustosamente este mi corto obsequio, por ser su materia, ilustraciones de una lengua, que V.S. mamó naturalmente en los pechos de su Señora Madre; y siendo natural, es preciso que sea ésta dulce y amada para los naturales, simples y Doctos; en sentir del Chrisólogo: naturalis lingua, chăra simpliciabus, doctis dulcis. Es superior talento con que V.S. la maneja y habla doctisimamente y va haciendo en la Poesía tan raros progresos, es público y notorio en toda la provincia. Las demás prendas de Christiandad, nobleza, discreción, y hermosura con que V.S. brilla entre todas las

Sa aking Mahal na Ginang

Lubos ang kasiyahan at paniniwala na naninikluhod sa inyong harapan ang inyong lingkod upang ihandog sa inyo ang bunga ng aking makitid na kaalaman, hindi upang tiyakin na makatatanggap ako ng iyong pagpapalà, sa halip ay upang bigyan ng parangal ang butihin ninyong Pangalan, na dahil tunay ngang taglay nitó ang kadakilaan, ang paghingi ng basbas sa pamamagitan nitó ay magtutulak sa labis ang higpit na mga tagasuri na maging bukás ang kanilang isipan at pagtuunan ng kaukulang pansin ang aklat na ito.

Ang taos-puso kong paggiliw at paggalang sa inyong butihing pagkatao ay hindi sapat upang mabigyan ako ng kalayaan upang maikapagkaloob ninyo sa akin ang napakahalagang basbas na bigyan ko ng papuri ang aking sarili. Ang pagkilála at paulit-ulit na paghingi ko ng biyaya mula sa inyong mapagpalayang mga kamay ay palagi ninyong ipinagkakaloob sa akin bagama't hindi ako lubos na karapat-dapat. Ang mga pagpupugay na ito mula sa inyong butihing-loob ay nakabuti para sa napakaraming tao, lalo't higit sa mga sawimpalad na mga mamamayan ng Kabesera ng Bulacan. Ang maraming ulit na pagbubukás ninyo ng pintuan ng inyong tahanan para sa akin, maging ang pagbibigay pahintulot na magamit ko ang inyong mga pag-aari sa oras ng pangangailangan ay lubos na patunay na marapat lámang na maipahayag ko ang aking taos-pusong pasasalamat sa pamamagitan ng pagkakaloob ng munting handog na ito. Isang malaking karangalan para sa akin na makilala ko kayó, maging ang inyong mga kamag-anak na sina Ginoong Paulino Nicolas, ang aking pinagpipitaganang tagapagtangkilik, Kapitan Joseph Leon y Villareal, Ginang Michaela de Leon, na nakikibahagi na sa kaluwalhatian ng Diyos sa kalangitan, at isa pang ginang mula sa Baryo ng San Nicolas, at sa lahat ng mga táong nararapat lámang na pasalamatan mula sa kaibuturan ng aking puso, dahil sa kanilang pagpapakita ng tunay na pakikipagkapuwa at walang-hanggang kabutihan. Lubos ang aking paniniwala na tatanggapin ninyo nang buong lugod ang munting handog na ito, sapagkat sarili ninyong pag-aari ang bagay na ito, na naglalarawan ng wikang inyong sinúso mula sa inyong mga magulang. At dahil sa ito ay sariwa at walang halò, tiyak na nanamnamin ito ng inyong mamamayan, maging salat man sa kaalaman o isang dalubhasa. Ayon nga kay Crisologo: *naturalis lingua, chara simpliciabus, doctis dulcis*. Labis ang inyong kaalaman sa paggamit ng wikang ito, at tunay ngang kahanga-hanga ang paraan ng pagsasalita ninyo nitó. Alam ng marami at labis na tanyag sa inyong lalawigan ang pambihirang paraan ng paggamit ninyo ng wikang ito sa larangan ng Panulaan. Ang iba pang katangian katulad ng pagiging mabuting Kristiyano, maharlika, mahinahon at

Dalagas Caciques de este Emisferio Bulacanense, (como hermoso lirio entre azucenas) solo el Autor Supremo que se las concedió, las pondrá contar y ponderar. Yo no me quiero divertir ahora en contar los Rajas Matandas, Raja Solimán, y Raja Lacandolas, Reyes antiguos de Manila, cuya Real Sangre aún vermegea en las preciosas venas de V.S. por ambas líneas, Paterna, y Materna: porque sería esto detenerme en decir, que los rayos del Sol son claros; y que las Estrellas son puras. A los que carecen de honra propia, se les busca la de sus Antepasados. Cuenten sus Abolorios, los que no tienen que contar virtudes: glóriese de alabanzas ajenas quien le faltare las propias; decía el Filósopo Epimanides. Pero yo haría un gran agravio a las de V.S. con celebrarla por las de sus Nobles-Ascendientes estando como están patentes a todo el mundo, la Virginidad Angélica; y la voción Christiana de V.S. dos grandes mayorazgos que posee su exelente Alma, en grado heróico, mayores que las casas de Solimán y Lacandola. Estime V.S. como es razón estas dos Margaritas, sobre todas las otras que brillan en su respetable pecho; y advierta que tiene aún más que heredar entre los Ángeles. Más vale ser hija querida de Dios por gracia, que descendiente de Reyes de la tierra por naturaleza, como ya lo es V.S. prosiga viviendo como un Ángel en la tierra; y será coronada como Reina en el Empyreo. Este último privilegio, es el que yo deseo eficazmente a V.S. y espero con seguridad, se lo concederá el Altísimo; pues veo que todas sus señales y operaciones son claramente de predestinada. Perdóneme V.S. el atrevimiento, pues no he podido hallar otro camino de desahogar mi pecho, cargado de tantas obligaciones y beneficios, que jamás podré olvidar hasta la muerte.

Semper in oblita repetam tua munera morte
et mea me tellus audiet esse tuum.
Hac mihi semper eruntimis in fixa medullis;
Perpetuusq:animæ debitor hujus ero. Ovid

ang angkin ninyong kagandahan ay sumasalamin sa iba pang mga kadalagahan sa bahaging iyon ng Bulacan (animo'y isang marikit na liryo sa píling ng mga asusena), na tanging ang Poong Maykapal lámang na nagkaloob sa inyo ng mga katangiang ito ang maaaring makapagpaliwanag at maglarawan. Hindi ko na nais banggitin pa ang mga pangalan nina Raha Matanda, Soliman, at Lacandola, na siyáng mga hari ng sinaunang Maynila, na ang kanilang dugong-bughaw ay nananalaytay sa inyong mga ugat sa magkabilang bahagi ng inyong ama at ina, sapagkat kung gagawin ko ito ay para bagáng nais kong sabihin na maliwanag ang sikat ng araw at makislap ang kinang ng mga bituin. Pangkaraniwan na ang mga táong walang dangal ay pilit hinahanap ito sa kanilang mga ninuno. Ha-yaan na lámang nating isalaysay ng mga *Abolorio* ang mga hindi na kailangan pang ihayag na mga kagalingan. Sabi nga ni Pilosopong Epimanides, "pagpalain nawa ng mga papuri ang mga táong hindi nagtataglay ng mga ito." Subalit gagawa ako ng isang malaking panlilibak sa inyo kung ipagdiriwang ko pa ang kabunyian ng inyong mga ninuno dahil hindi na iyon nararapat sapagkat maliwanag na iyon sa bawat isa. Ang inyong mala-Birheng katauhan at Kristiyanong paniniwala ay ang dalawang supling ng iyong butihing kaluluwa sa kataas-taasan, na higit pang dakila sa mga tahanan nina Soliman at Lacandola. Ipagpalagay ninyo na para bagáng ito ang dahilan kung bakit ang dalawang Margarita, higit sa kahit anupamang bagay, ay labis na makislap sa kagalang-galang mong dibdib; at nais ko ring inyong mabatid na nagtataglay pa kayó nang higit sa dapat ninyong manahin mula sa mga Anghel. Tunay ngang higit na mainam na maging butihing anak ng Diyos dahil sa Kaniyang grasya kaysa magmula sa mga ninuno ng mga Hari sa lupa dahil sa likás na kamag-anak silá ng mga ito, katulad ninyo. Patuloy kayóng mamuhay na katulad ng isang anghel sa lupa at kayó ay puputungan ng korona tulad ng isang reyna ng isang imperyo. Ang pambihirang karapatang ito ang dahilan kung bakit nais kong hilingin sa inyo ang kapahintulutan, at ako ay lubos na naniniwala na ipagkakaloob ito sa akin ng inyong Kamahalan, sapagkat labis akong nananalig na ang lahat ng mga tanda at pangitain ay tunay ngang nakatakda. Patawarin po ninyo ang aking pagtatangka, subalit wala po akong maisip na ibang paraan upang maibsan ang nilalaman ng aking dibdib, na punông-punông ng labis na pagtanaw ng utang na loob at pagpapalá mula sa inyo, na ito ay hindi ko kailanman malilimutan hanggang sa aking kamatayan.

Kalimitang nalulubog sa limot, kaya nga't muli't muli kong sasambitin hangang sa aking kamatayan ang mga bagay na iyong nagawa at nawa'y pakinggan ang mga ito ng aking kasalukuyang mundo. Ang naturang mga bagay ay mananatili sa kaibuturan ng aking puso; at magpakailanman, ang aking buong pagkatao at kaluluwa ay patuloy na tatanaw ng utang na loob sa iyo. Ovid.

Prospere y dilate el Cielo la vida y salud de V.S.
por muchos siglos para el consuelo de los Pobres
de esta Provincia; para ejemplo de las Señoras Da-
lagas Caciques; y para honra y lustre de toda la Ta-
gala nación. En mi estudio de Manila; y
Octubre diecisiete de mil setecien-
tos y setenta y seis Años.

B.L.M.T.V.S.

Sumas rendido y afecto Capellán.

Pedro Andrés de Castro

Nawa'y pagpalain at pahabain pa ng Kaharian ng Langit
ang inyong búhay at manatili kayóng malusog sa mga darating
pang mga siglo upang lalo pa ninyong matulungan
ang mga sawimpalad ng inyong lalawigan,
upang magsilbing halimbawa ng mga kadalagahan
ng inyong lugar, at upang magsilbing dahilan
upang patuloy na pahalagahan at kumislap
ang buong Katagalugan. Sa aking silid-aralan sa
Maynila: Ika-16 ng Oktubre
ng taóng 1776.

B.L.M.T.V.S.

Sa inyong pinagpipitaganan at pinakamamahal na Kapilyan.

Pedro Andrés de Castro

Prefacio que puede servir de Prólogo.

1. Comer el pan de valde todos los Doctores lo condenan a pecado mortal; y los Antiguos Filósofos decían que debe ser desterrado del género humano, quien tal haga; y con mucha razón esto; porque el ave nació para volar, y el hombre para trabajar. En el sudor de tu rostro comerás el pan, fue la sentencia que el Supremo Juez, fulminó contra nuestro Padre Adam, en el Paraíso. Yo que no puedo, por mi estrella, servir de otra cosa en este mundo, me apliqué a enseñar a los niños, y con la experiencia y estudio, compuse este tratadito. Si te gustare, aprovéchate de él, y encomiéndame a Dios que es quien ve los corazones de todos, y sabe las intenciones de cada uno. Si no te gustare, arrímalo a un rincón, y compón tú otro mejor, que yo me alegraré mucho, y te daré las gracias.

2. Al asunto: Lo primero que se les debe enseñar a los niños, después de la Ley de Dios Nuestro Señor, es la Ortografía; la cual es una Arte de escribir y pronunciar rectamente, y con propiedad las letras del Abecedario. Todos dicen que es una parte, y ramo principal de la Gramática Artificial, y caso muy necesaria al género humáno. Muchos hombres doctos escribieron grandes libros de esta ciencia, y se dedicaron a enseñarla a los niños, por lo cual merecieron grandes premios, y que les levantasen estatuas en Roma, como Valerio Catón, Venio Flaco, Cayocuelito, y otros. De los modernos se llevan la fama, Cárdano de rerum varietate; Camilo Ronadíe; Duaris Núñez de León; el padre Benito Pereira: Juán Furnio, Florián de Ocampo, y otros muchos; pondré aquí fielmente, lo que he copiado de ellos.

3. Divídese comunmente la ortografía en dos, o tres partes. La primera trata del fin y uso de las letras, de su formación y número. La segunda de los acentos, puntos, y notas, por cuya falta se altera el verdadero sentido de la escritura, y la comunicación fiel de los conceptos. La tercera trata de la firma y recta pronunciación con los

Panimula na Nagsisilbi ring Unang Pananalita.

1. Ang kumain ng tinapay mula sa sisidlan nitó, ayon sa mga dalubhasa ay isang mortal na kasalanan. Ito rin ang tinuran ng mga sinaunang pilosopo, na ayon sa kanila ay nararapat na itiwalag sa mga uring tao ang sinumang gagawa nitó. Marami ang mga dahilan ang maaari nating banggitin kung bakit ganito na lámang ang kanilang pananaw hinggil sa bagay na ito. Sapagkat ang ibon ay isinilang upang lumipad at ang tao, upang gumawa. Mula sa pawis na tumulo sa mukha ng tao ay malalamnan ang kaniyang tiyan; ito ang parusang ipinataw ng Kataas-taasang Hukom sa ating Amang si Adan, noong ito ay násа Paraiso. Ito ang itinakda sa akin ng aking bituin. Wala akong ibang silbi sa mundong ito kung hindi ang igugol ang aking sarili sa pagtuturo ng mga batàng musmos, na batay sa aking karanasan at masusing pag-aaral, ay sinikap kong malimbag ang aklat na ito. Kung ito ay inyong magugustuhan, nawa'y inyo itong mapakinabangan, at ipagbigay puri ninyo ako sa Diyos na Siyáng nakamamalas ng isinasaloob ng lahat ng tao at Siyáng nakakaalam ng hangarin ng bawat isa. Subalit kung hindi naman ninyo ito mamarapatin ay isaisantabi ninyo na lámang ito at sumulat ng isang higit na mainam na aklat, na lubos kong ikasisiyá at ipagpapasalamat.

2. Hinggil sa usapin: Ang kauna-unahang bagay na dapat matutuhan ng mga kabataan, matapos ang mga Utos ng ating Mahal na Panginoon, ay ang Ortograpiya. Ito ang sining ng wastong paraan ng pagsulat at pagbigkas ng mga titik ng alpabeto. Lahat ay nagsasabi na ito ay bahagi at pangunahing sangay ng Balarilang Artipisyal, at bagay na dapat matutuhan ng bawat isang tao. Maraming mga dalubhasa ang nagsulat ng mga kapuri-puring aklat hinggil sa larangang ito, at ginugol nilá ang kanilang sarili sa pagtuturo nitó, kung kayâ't marapat lámang na mabigyan silá ng kaukulang papuri at magtayô ng mga bantayog sa Roma bílang parangal sa mga katulad nina Valerio Caton, Venio Flaco, Cayo Melito at marami pang iba. Mula sa kasalukuyang panahon ay nakapupukaw ng pansin ang katanyagan ng mga sumusunod: Camilo Ronadie, Duarte Nuñez de Leon, Padre Benito Pereira, Juan Furnio, Florian de Ocampo, at marami pang iba. Ipahahayag ko sa aklat na ito ang mga bagay na aking sinipi mula sa mga nabanggit na táong ito.

3. Pangkaraniwan na nahahati sa dalawa o tatlong bahagi ang Sining ng Ortograpiya. Ang unang bahagi ay tumutukoy sa gampanin at gamit ng mga titik, pormasyon at bílang ng mga ito. Ang pangalawang bahagi naman ay tumutukoy sa sistema ng diin, mga tuldik at iba pang tandang pananda, na kapag nawaglit ay dahilan upang magbago ang tunay na nais pakahulugan ng

labios, con la lengua, y con la voz; mediante lo cual nos distinguimos de las Bestias que no la tienen; y también de las semi-bestias que son los Bárbaros ignorantes e incultos que escriben mal, y pronuncian peor. De manera que es una Arte tan útil, y tan excelente la ortografía, que ella es la que mejora las lenguas, conserva su pureza, señala la verdadera pronunciación y significado de las voces, y declara el verdadero sentido de la escritura, haciendo que ésta sea un fiel y seguro depósito de las Leyes, de las Artes, de las Ciencias, y de todo cuanto discurrieron los doctos y sabios, para instrucción de la posteridad. El ser buen Maestro de Escuela, no consiste precisamente en saber formar bien las letras y adornarlas; sino principalmente en atender a que las palabras vayan escritas con sus propias y precisas letras, y que lleven los espacios, puntos, y notas convenientes; pues en faltando esto, toda la escritura será confusa y viciosa. Todo será sembrar el papel de borrones, barbarismos, solecismos, pleonasmos, cacofonías, axiologías, perisologías, syntomías, macrologías, y otros muchos vicios que cometen cada día los malos Escrivientes, y bisoños Periodistas. Fray Juan Pacheco, Agustiniano, trata bien esta materia, en el tercer tomo de su Divertimiento Erudito.

4. En la Universidad de la Compañía de Manila tenía Cátedra especial la lengua tagala, porque es la Matriz, la Reina, y la señora de todas las lenguas Filipinas, las cuales en mi opinión son más de ciento, si bien muy símbolos entre sí. El famoso Padre Atanacio Kirkerio en su Torre de Babel libro tercera sección primera, cuenta entre las lenguas Indicas por principales, ala Malaica, ala Commorina, ala Brachmanica, ala Beguana, ala Fanquinense, ala Tibetana, ala Filipinas, ala Japonica, y ala Chinica. El Padre Colín en su labor Evangélica con todos los Historiadores de Filipinas, confiesa que nuestra tagala desciende legitimamente de la Malaya. Los Malayos ya se sabe que habitan la tierra firme de Malaca, e Islas de Sonda. Estos Malayos tomaron sus letras y caracteres de los Árabes; y estos de los Sirios o Asirios. De lo cual se colige con evidencia, la antigüedad, excelencia, y nobleza de nuestra Tagala. Véase al dicho KirKerio, y al Diccionario de Calmer.

5. Esto supuesto: oigamos ahora al Docto y Venerable Padre Fray Francisco de San Joseph, quien es tenido por Maestro principal de esta

isang salitang nakasulat at gawing nakalilito ang konseptong nais ipahayag nitó. Samantalang ang pangatlo ay tumutukoy sa isa at wastong paraan lámang ng pagbigkas gamit ang mga labì, ang lalamunan at ang tinig, na mga dahilan kung bakit táyo ay naiiba sa mga hayop na hindi nagtataglay ng mga bagay na nabanggit. Ang mga ito rin ang naghihiwalay sa atin sa mga asal-hayop na kung tagurian ay mga barbarong walang-alam at pinag-aralan, na masamâ na nga kung magsulat ay higit pang masamâ kung bumigkas. Kayâ nga, napakahalaga at kapaki-pakinabang ang sining na ito ng Ortograpiya. Bagay ito na lalong nagpapayaman ng mga wika, nagpapanatili ng pagkadalisay nitó, nagtatakda ng wastong bigkas at tunay na kahulugan at maliwanag na ibig sabihin ng mga nakasulat na salita, na nagiging tapat na batayan ng mga Batas, Sining, Agham at lahat ng mga bagay na sinasandigan ng mga dalubhasa sa pagtuturo hinggil sa hinaharap. Ang pagiging mahusay na Guro ng Paaralan ay hindi lámang nangangahulugan ng kaalaman upang ituro ang pagsulat ng mga titik at bigyan ng palamuti ang mga ito; sa halip ay bigyan ng pansin na ang mga salita ay maisulat gamit ang wasto at angkop na mga titik, at bigyan ng kaukulang pagitan, bantas at tandang pananda. Sapagkat kung wala ang mga ito ay magiging kalito-lito at kaniya-kaniya ang paraan ng pagsusulat. Kung mangyayari ito ay mapupunô ang papel ng mga bura, barbarismo, solesismo, pleonasmo, arkonopiya, akirolohiya, perisolohiya, sintoniya, makrolohiya, paestolohiya at iba pang uri ng mga malîng paraan ng pagsulat na halos araw-araw ay ginagawa ng mga masamâng manunulat at mamamahayag na nagsisimula pa lámang. Pinaksa ni Fray Juan Pacheco ang bagay na ito sa ikatlong tomo ng kaniyang aklat na pinamagatang *Ang Sayáng Dulot ng Pagiging Dalubhasa*.

4. Ang Pamantasan ng Compañía de Manila ng Katedra sa wikang Tagalog, bílang ito ang Ina, Reyna at butihing Ginang ng lahat ng mga wika sa Filipinas, na sa aking palagay ay hihigit sa sandaan ang bílang, kung pagsasamahin natin ang halos magkakahawig na wika. Ipinahayag ng kilaláng si Padre Atanacio Kirkerio sa ikatlong bahagi ng unang pahina ng kaniyang aklat na pinamagatang *Ang Tore ng Babel*, na itinuturing na pangunahin ang mga wika sa Malaysia, Chamorro, Brachmanica, Beguana, Fookien, Tibet, Filipinas, Hapon at Tsina. Si Padre Colín sa kaniyang gawaing pagpapahayag ng salita ng Diyos sa lahat ng mga historyador sa Filipinas ay nagsabing ang ating wikang Tagalog ay tunay na nagmula sa mga isla ng Malaya. Alam ng lahat na ang mga Maláyo ang naninirahan sa Malaca at mga isla ng Sorida. Ibinatay ng mga Malayo na ito ang mga titik at karakter ng kanilang alpabeto mula sa mga Arabe; samantalang, kinuha naman nitóng hulí ang kanilang mga titik mula sa mga Sirio at Asirio. Ang mga batayang ito ay nagpapakita lámang na tunay ngang sinauna, mataas na uri, at marangal ang ating wikang Tagalog. Mangyaring sumangguni sa aklat ng nabanggit na si KirKerio at sa Diksiyonaryo ni Calmer.

5. Kung gayon, pakinggan natin ngayon ang Dalubhasa at Kagalang-

lengua, el cual en la advertencia primera de su Arte dice estas palabras: deberían los que desean hablar medianamente bien, aprehender la lectura de las letras tagalas, pues es caso tan fácil que en una hora, es ordinario aprehenderlo; no obstante que el expeditamente la lengua tagala en sus mismos caracteres, como leemos nuestra lengua española no lo aprehenderá ningún español en toda la vida, aún que sea tan larga como la de Adam: la causa es porque aún entre ellos mismos los más diestros van atentando, porque al cabo y a la postre, leer su letra es medio adivinar Nsz. A manera de aquellos versos de los Extios, los cuales dice Quintiliano que ni ellos mismos los entendían. Después de esto, se han publicado en Manila más de veinte Artes, y casi todos trahen pintados los Caracteres Tagalos; pero con tan escasa luz que para entenderlos, dan sus Autores, que casi nos dejan en la misma confusión arriba dicha. Fray Gaspar de San Agustín dice que estas dos letras se puede leer de ocho modos así: bata, batang, bantai, batar, batac, banta, batai, batag; y por consiguiente que significa ocho cosas distintas; y que esta su escritura es tan fácil de escribir como difícil de leer, porque es adivinar. El arte del Fray Tomás Ortiz dice que la escritura Tagala es toda ella una confusión, porque si es difícil de escribir, mucho más lo es de leer y de entender, porque estas dos letras se pueden leer de ocho modos así: lili, lilim, lilip, lilis, lilit, liclic, liglig, litlit, y así de los demás, dejándonos a todos en la misma confusión y dificultad. Otra dificultad grande es, que en mismo término y voz, cuando tiene dos significaciones, se escribe de dos maneras, y cuando tres, de tres:vg. esta voz olol significa el loco, y entonces se escribe de esta manera con dos vocales no más, y las dos consonantes que faltan, las ha de suplir el lector en su mente. Pero cuando significa llenar, se escribe así esto es, una **o**, **y** una **l**; y lo que falta, lo adivinará el prudente lector. Por esto pues, y por otras dificultades que diremos, se aburren los mismos tagalos, y son muy pocos los que saben escribir y menos leer sus caracteres; por lo cual así que ellos vieron y entendieron lo nuestro, fueron olvidando los suyos y abrazaron con mucho gusto lo nuestro, en los cuales han salido muy diestros Pendolistas, bien que defectuosos siempre en la colocación y elección de las letras, por falta de Ortografía e Idioma.

galang na si Padre Fray Francisco de San Joseph, na tinaguriang pangunahing eksperto sa wikang ito, na nagpahayag sa unang bahagi ng kaniyang aklat ng mga salitang ito, “marapat lámang na mag-aral ng mga titik ng wikang Tagalog ang mga táong nais matutong magsalita ng wikang ito. Madalî lámang ang bagay na ito na maaaring matutuhan sa loob lámang ng isang oras." Subalit, kung babasahin nang mabilisan sa sariling mga titik at karakter ang wikang Tagalog, katulad ng pagbabasá natin sa ating wikang Espanyol, hindi kailanman ito matututuhan ng sinumang Espanyol kahit pa anong haba ng kaniyang búhay, maging kasinghaba man ito ng buhay ni Adan. Ito ay dahil sa bandáng hulí, kahit ang mga dalubhasa sa wikang Tagalog ay kailangang magtuon ng labis na pansin sa pagbása ng kanilang mga titik at kalimitan ay kailangan niláng hulaan ang mga ito. Kahalintulad ito ng mga linya ng Estios, na ayon kay Quintiliano ay hindi maunawaan ng mga táong ito. Pagkatapos nitó ay nalimbag sa Maynila ang halos dalawampung aklat, na lahat ay nakasulat gamit ang mga karakter ng wikang Tagalog. Ngunit dahil sa labis na mahirap unawain ang mga ito, halos iwanan táyo ng mga may-akda sa nakalilitong sitwasyong katulad ng nabanggit sa itaas. Ayon kay Fray Gaspar de San Agustin, ang dalawang titik na ᘓᘐ‖ ay maaaring tumukoy sa walong salita: *bata, batang, bantai, batar, batac, banta, batai, batag*, na nangangahulugan ng iba’t ibang bagay. Kung gaano ito kadalîng isulat ay ganoon naman ito kahirap basáhin sapagkat kailangang hulaan ang nais ipakahulugan ng mga karakter ng wikang ito. Ayon sa aklat ni Fray Thomas Ortiz, ang paraan ng pagsulat sa wikang Tagalog ay punông-punô ng kalituhan, sapagkat kung mahirap na itong isulat ay higit pa itong mahirap na basáhin at unawain. Sapagkat ang dalawang titik ᘐᘐ‖ ay maaaring basahin sa walong paraan: *lili, lilim, lilip, lilis, lilit, liclic, liglig, litlit*, at ganoon din ang nangyayari sa iba pang mga titik, na iniiwan din ang mambabasá sa isang nakalilitong sitwasyon at napakahirap na pag-unawa. Ang isa pang malaking suliranin sa paraan ng pagsulat sa wikang ito ay kapag ang isang salita ay may dalawang ibig sabihin, ito ay isinusulat sa dalawang paraan at kapag tatlo, ay sa tatlo ding paraan. Halimbawa ang salitang *olol* na ang ibig sabihin ay baliw, na isinusulat gamit ang mga karakter na 33‖, na binubuo lámang ng dalawang patinig, samantalang ang dalawang nawawalang katinig ay kailangang idagdag ng mambabasá. Subalit kung ang nais pakahulugan ay punò, ito ay isinusulat sa ganitong paraaa 3ᘐ‖. Ito ay ang patinig na *o*, at *l*, at kung anuman ang nawawala ay inaasahang idagdag ng isang matalinong mambabasá. Kung gayon, at idagdag pa ang ibang kahirapan na ating babanggitin, nababagot ang mga mismong Tagalog, na napakadalang ang marunong sumulat at lalo’t higit ang marunong bumása ng mga Karakter ng kanilang sariling wika. Kayâ nga dahil nakita nilá at natutuhan ang mga titik ng ating wika, unti-unti niláng nakakalimutan ang kanilang sariling mga Karakter, at patuloy na tinatangkilik ang paraan ng ating pagsulat ng mga salita, dahilan upang umusbong ang mga mahusay na mamamahayag, kahit na kulang pa ang kanilang kaalaman sa paggamit ng mga titik ng ating wika, sapagkat wala pa ang Sining ng Ortograpiya at Wika.

6. No obstante esto como quiera que a los Ministros Europeos, les es preciso y necesario el estudiar y aprehender sus lenguas Indianas, para la comunicación con ellos, y predicación del Santo Evangelio, es imposible absolutamente lograr esto, sin hacerse cargo de su ortografía, pronunciación, fraxis e idiomas y oyendo por otro lado, la dificultad y espinas que tiene el negocio como se ha dicho, inventó el Padre Fray Francisco López doctísimo Idiomático de Tagalos e Ilocos, en su Belarmino impreso, una crucecita, la cual puesta debajo de las consonantes que son heridas, las deje mudas y suspensas, que es lo que más falta hacia en esta escritura: v.g. el mismo término olol, para quitar equivocaciones se escribirá así . Y lo mismo este otro: bantai . De manera que con la dicha crucecita, parece que ya está vencida toda la mayor dificultad, que es el suplir mentalmente las consonantes que de oficio son mudas y no hieren; y expresándolas por escrito con su crucecita debajo, para que queden mudas y suspensas.

7. En fin se les consultó a los Ladinos esta nueva invención, suplicándoles la adoptasen por suya, y la usaran en todas sus escrituras, para conveniencia de todos. Pero ellos después de haber celebrado mucho la invención de la Cruz, y haber dado muchas gracias por ella, resolvieron que no podía tener lugar en su escritura, porque era contra su intrínseca propiedad y naturaleza que Dios le dio; y que era destruir de un golpe toda la Sintaxis, Prosodia, y Ortografía de su lengua tagala, poniéndola en mala Cruz. Pero que no era su ánimo tampoco, el despistar a los Señores Españoles, y que harían lo que les mandasen, especialmente cuando escriban cosas de lengua española, en sus Caracteres Tagalos, y que procurarían llenarlo todo de buenas cruces, para que mejor se entienda. Por lo cual si quieres ahora escribir esta oración en caracteres Viva Don Carlos Tercero, el mayor Monarca del mundo; dicen que podrás poner así 
Pero hablando ingenuamente, si esta misma oración la trasuntas en su lengua tagala, y la escribes en sus caracteres, es preciso gastar muchas consonantes, y recoger todas las cruces porque están mal puestas y no tienen pena ni fundamento sólido.

8. Ello es certísimo e indubitable apud omnes: que los caracteres

6. Subalit dahil nais nga na ang mga Ministrong Europeo ay mag-aral at matuto ng mga wika ng mga Indio upang silá ay makipagtalastasan sa mga ito at upang maipahayag nilá ang mga salita ng Diyos, hindi ito maaaring maisakatuparan kung hindi pagtutuunan ng pansin ang ortograpiya, wastong pagbigkas, at kahulugan ng mga salita. Sa kabilâng bandá, hinggil sa suliranin at hirap ng gawaing ito katulad ng nabanggit sa itaas ay nilikha ng dalubhasa sa wikang Tagalog at Ilocano na si Padre Fray Francisco Lopez sa kaniyang Butihing Limbagan ang isang "crucecita" o maliit na krus na inilalagay sa ilalim ng mga katinig na bumubuo ng isang pantig, at ang mga ito ay hinahayaang walang tunog at nakabitin na siyáng nawawala sa paraan ng pagsulat ng salitang ito hal. *olol*, na upang maiwasan ang pagkalito sa ibig sabihin nitó, ay isinusulat ito sa ganitong paraan 3᜔᜔᜕. At ganoon din sa susunod na hal. *bantai* ᜈᜇᜒᜆ᜕, na sa pamamagitan ng paggamit ng maliit na krus na ito ilalim ay masasabing nabigyan na ng solusyon at napagtagumpayan na ang pinakamalalâng suliranin sa pagkakasulat nitó sa paraang pagpapalit sa isipan ng hindi maliwanag na mga katinig at hindi bumubuo ng isang pantig.

7. Sa bandáng hulí ay isanangguni ko sa mga eksperto ang bagong tuklas na paraang ito, nakiusap na ituring nilá itong kanila at gamitin sa lahat ng kanilang mga sinusulat, para sa kaginhawahan ng lahat. Subalit pagkatapos niláng magdiwang sa pagkakatuklas sa paggamit ng Krus at magpugay dito ay naisip niláng hindi nilá ito maaaring payagang magkaroon ng lugar sa kanilang isinusulat sapagkat ito ay tumataliwas sa tunay na katangian at kalikasan na ibinigay ng Diyos sa wikang Tagalog, na ito ay tuwirang sumisira sa Palaugnayan, Prosodi, at Paraan ng Pagsusulat sa wikang ito, na alalaong baga'y ipinapakò ito sa masamâng Krus. Hindi naging katanggap-tangap para sa mga Espanyol na nasa mataas na antas ng lipunan ang bagay na ito hindi dahil ayaw nilá dito, kundi dahil maging ang mga bagay na may kinalaman sa wikang Espanyol ay kailangan niláng isulat gamit ang mga karakter ng wikang Tagalog, na nararapat lámang na magtaglay ng mabubuting krus upang higit na maunawaan. Sa ganitong kadahilanan, kung nais niláng isulat sa wikang Tagalog gamit ang mga karakter nitó ang usal na *Mabuhay si Don Carlos III, ang Pinakadakilang Hari sa balát ng lupa*, sinasabi niláng maaari itong maisulat sa ganitong paraan ᜇ᜔ᜂ᜵ ᜎᜓᜑ᜵ ᜋᜓᜎ᜔᜶᜵ ᜐᜓᜋᜓᜎ᜵ ᜎᜓᜑ᜵ ᜋᜓᜎ᜔᜶᜵ ᜐᜓᜋᜓᜎ᜵ ᜈᜒᜎ᜵ ᜊᜓᜉᜓᜎ᜵. Subalit upang mapag-usapan nga lámang, kung sisipiin ang usal na ito sa wikang Tagalog gamit ang sarili nitóng mga karakter ay tiyak na kinakailangang gumamit ng maraming katinig at isaisantabi ang lahat ng mga krus, sapagkat hindi kaaya-aya ang paglalagay at walang matatag na saligan at paliwanag ukol sa tunay na gampanin ng mga ito.

8. Ito ay tiyak at walang pag-aalinlangan—*apud omnes*: na ang mga karakter ng bawat isang wika ay hindi maaaring gamitin para sa iba, lalo't higit kung wala naman itong maidudulot na pagbabago at magiging dahilan pa ng higit na pagkalito. Paano nilá mailalarawan ang kabuuan, likás, at natatanging paraan ng pagbigkas sa isang wika na labas sa kanilang sariling konteksto at

propios de una lengua no pueden servir para otra, si primero no los alteran y adulteran. ¿Cómo podrán representar la entera, natural, y propia pronunciación, fuera de su contexto y país? ¿No han visto muchas veces que los rabanos y otras legumbres en Castilla, plantados en Filipinas, degeneran en nabos? Pues lo mismo sucede con los camotes de Filipinas, plantados en España, luego se convierten en otra cosa muy diferente. ¿Qué bien parecerá en trusa, un indio vestido de español, o al contrario, un español vestido de indio con su Salacot, y su Sansot, y su Tacoco? Y así digo resueltamente con la autoridad de Quintiliano, que ni el griego se puede escribir en letra latina; ni el latín en la griega; y nunca pronuncian la griega, ni los latinos, como escriben; antes bien por dar el son de sus palabras, más dulce y suave, truecan las unas por las otras, de lo cual se queja amargamente el Doctísimo Lucían en el juicio de las vocales. Del Emperador Augusto escribe Suetonio, que mandó por bando riguroso observar la ortografía inventada por los gramáticos de su tiempo, poniendo por regla general; que era menester escribir y hablar como se escribía pero nunca pudo hacer nada en esto con toda su Majestad Imperial y Poderosa; y desde entonces quedó por Adagio el decir, que más puede el uso, que la razón y autoridad de las leyes.

9. Y así, como viejo experimentado te aconsejo menos cruces y más Christos; esto es, que procures estudiar sus caracteres y entenderlos tal cual, lo que pudieres; pues aún que sea poco, te ha de valer mucho para entender la lengua, como dice el citado Padre San Joseph; y para comprehender sus Misterios y conceptos profundos; para leer los Testamentos Antiguos que se hallan enterrados con mucho oro en polvo, en alguna tinaja de China; para leer inscripciones sepulcrales, tablones y campanas antiguas, como ya me ha sucedido; y para otras muchas cosas que saben los curiosos antiquarios. Yo he visto en los archivos de Lipa y de Batangas muchas escrituras en estos caracteres.

10. Pero al mismo tiempo te desengaño diciendo que no debes escribir de aquel modo suyo las cosas más sagradas de nuestra religión, como v.g. Dios, Santísima Trinidad, Jesús, María, Sacramento, Confesión, Comunión, Misa, Gracia, Santa Cruz, Sacerdote, y otras muchas, las cuales sería una deformidad intolerable, el ver las escritas

pagkabansa? Hindi ba nilá napapansin na maraming beses na ang *rabanos* at iba pang mga gulay mula sa Espanya, na ngayon ay itinatanim sa Filipinas, ay itinuturing na bahagi ng pamilya ng singkamas? Ganoon din ang mangyayari kapag ang kamote mula sa Filipinas, na matapos itanim sa Espanya ay magiging bagay na tunay ngang iba. Hindi ba ito ay mistulang isang katawa-tawang pagtatanghal na ang isang Indio ay nakabihis tulad ng isang Espanyol; o ang kabaligtaran, na ang isang Espanyol ay nakabihis tulad ng isang Indio kasama ng kaniyang *salacor, sansol,* at *tacoco*? Kayâ patuloy kong sinasabi batay sa mga tinuran ni Quintiliano, na kahit ang mga tagapagsalita ng wikang Griyego ay hindi maaaring magsulat gamit ang mga titik ng wikang Latin, o kayâ'y ang mga tagapagsalita ng wikang Latin gamit ang mga titik ng wikang Griyego; at hindi kailanman bibigkasin ng mga tagapagsalita ng wikang Griyego o Latin ang mga salita kung paano isinusulat ang mga ito dahil unang una, ang tunog ng kanilang mga salita ay malambing at pino sa pandinig. Pinagpapalit nilá at iniiba ang pabigkas ng ilang mga titik, na napagkakamalan ang mga ito na kumakatawan sa isang titik na hindi naman. Ito ang dahilan kung bakit labis ang pagtangis ng lubos na kagálang-galáng na dalubhasa na si Lucian hinggil sa tunay na gampanin ng mga patinig. Isinulat ni Emperador Augusto ang *Suetonio*, na opisyal na nag-uutos na gamitin ang paraan ng pagsulat na binuo ng mga eksperto sa balarila sa kanilang panahon, at mahigpit na ipinatupad bílang pangkalahatang panuntunan na ang mga salita ay dapat isulat sa paraan kung paano binibigkas ang mga ito. Subalit walang nagawa dito ang Kabunyian at Kapangyarihan ng Hari; at muli ay napatunayan ang sinabi ni Adagio na higit na mainam na pagbatayan ang praktikal na gamit nitó kaysa kapangyarihan ng katwiran at mga batas.

9. Kung gayon, bílang isang nakatatanda na may malawak na karanasan, sundin mo ang aking payo na bawasan ang mga krus at dagdagan sa iyong búhay si Kristo. Ang ibig kong sabihin ay subukan mong pag-aralan ang kanilang mga titik sa abot ng iyong kakayahan, sapagkat kahit ito ay isang maliit na bagay lámang, malaki ang maitutulong nitó upang maunawaan ang isang wika, katulad ng sinabi ni Padre San Joseph na upang maunawaan ang mga misteryo at malalalim na konsepto; mabása ang mga lumang kasulatan o pahabilin sa isang tapayan sa Tsina, na nakabaon kasáma ng mga durog na ginto; mabása ang mga nakaukit na talâ sa mga lumang puntod, tablang bato at kampana, katulad ng nangyari sa akin; at para sa marami pang ibang bagay hinggil sa kaalaman ng mga sinaunang tao. Nakita ko sa mga artsibo ng Lipa at ng Batangas ang maraming naisulat sa ganitong paraan gamit ang mga titik na ito.

10. Ngunit marahil ay nalinlang din kita sa pagsasabi na hindi nararapat na isulat sa kanilang paraan ang mga sagradong bagay ng ating pananampalataya katulad ng mg sumusunod na halimbawa: *Dios, Santíssima Trinidad, Jesús, María, Sacramento, Confesión, Comunión, Misa, Gracia, Santa Cruz, Sacerdote* at iba pa, na magiging hindi kanais-nais na makita ang mga

con aquel su modo geroglífico y simbólico; fuera de que no hay licencia de los Obispos para ello; sino que es preciso expresar todas las letras y caracteres necesarios a la pronunciación, poniendo las cruces necesarias como dicho es; porque éstas no son voces naturales de su idioma tagalog, sino extrañas, nuevas y peregrinas; y como dicen los Gramáticos con Horacio, a nuevas cosas, nuevos nombres. Licuit Semper que licebit, signatum praesente nota producere nomen. Por lo que siguiendo los Autores más Clásicos, escribiremos estas cosas Santas de esta manera. Dios, ᜒ3᜵ Santo así ᜏᜒᜎᜓᜍ᜵ Cruz así ᜉᜒ᜵ Trinidad así ᜐᜒᜍᜒᜒ᜵ Gracia así ᜌᜒᜏᜒᜓ᜵ el dulce Nombre de María así ᜋᜒᜓ᜵ El Santísimo Nombre de Jesús así ᜑ᜵᜵ Porque vamos claros, si a los griegos les fue siempre lícito, escribir este Santísimo Nombre con tres letras así **IHS**, ¿por qué los pobres tagalos no podrán también acomodarlo a sus caracteres y a su idioma, del modo más decente que se pueda? Lo que yo digo es, que si en esta lengua tagala, y en estos sus caracteres, no está bien escrito este Niño Nombre tampoco lo está, ni lo estará jamás en la griega, latina, española, ni francesa: juxta illud nulla explicat facundia: nullus caracter exprimit: quoniam ineffabile, quoniam terribile et sanctum eft. La razón a priori de mi aserto, en Fray Juan Pacheco ya estado la hallarás, que ahora no trato en cosas de Teología; sino en Cartilla de Niños, y Ortografía. Concluyamos este párrafo con la aclamación ya dicha: Viva el Rey de España, que es el mayor Monarca del mundo. Mabuhai ang Hari sa Españia, at siyang macapangyarihan sa lahat ng mangã Hari ᜋᜓᜎ᜵ ᜒ᜵ ᜑᜒ᜵ ᜏ᜵ ᜐ᜵᜵ᜏᜑᜒᜓ᜵ ᜒ᜵ ᜏᜑ᜵ ᜒ᜵ ᜋᜐᜑᜑᜒᜑ᜵ ᜏ᜵ ᜎᜑ᜵ ᜍ᜵ ᜋᜈᜓ᜵ ᜑᜒ᜵.

pagbabago sa paraan ng pagkakasulat sa mga salitang ito sa kanilang paraan na animo'y heroglipiko at mga simbolo lámang, na walang pahintulot ng mga Obispo para gawin ito. Sa halip ay kinakailangan na tuwirang isulat ang lahat ng mga titik at karakter upang mabigkas ang mga salitang ito nang wasto, sa pamamagitan ng paglalagay ng mga krus katulad ng nabanggit sa itaas, sapagkat ang mga ito ay hindi taal sa wikang Tagalog, sa halip ay mga salitang banyaga, bago at nagmula sa labas, batay sa binabanggit ng mga dalubhasa sa larangan ng balarila katulad ni Horacio, na nagwika na nararapat bigyan ng bagong pangalan ang bagong tuklas na bagay. *Licui semper que licebit, signatum, praesente nota producere nomen*. Alinsunod sa mga tinuran ng mga may-akda mula sa panahong Klasiko, maaari nating isulat ang mga banal na salitang ito sa ganitong paraan: Dios, ᜇ3ᜓ; Santo, ᜏᜒᜎᜇᜓ; Cruz, ᜐᜒᜓ; Trinidad, ᜒᜇᜇᜒᜓ; Gracia, ᜌᜇᜓᜒ; Dulce Nombre de María, ᜇᜒᜓᜒ; El Santissímo Nombre de Jesús, ᜒᜓᜓ. Bakit hindi natin bigyan ng liwanag ang bagay na ito, na ginagawa rin naman ito sa wikang Griyego, na tinatanggap na ang mga salitang *Santíssimo Nombre* at isinusulat gamit ang tatlong titik na IHS Hindi rin kayâ ito maaaring gawin ng mga Tagalog gamit ang mga karakter ng kanilang wika sa paraang katanggap-tangap hangga't maaari? Ang ibig kong sabihin ay kung hindi katanggap-tangap na itong mga salitang *Santíssimo Nombre* ay isusulat sa wikang Tagalog gamit ang sarili nitóng mga karakter, kailanman ay hindi rin ito nararapat na isulat gamit ang mga titik ng mga wikang Griyego, Latin, Espanyol o Pranses: *juxta illud nulla explicat facundia: nullus caracter exprimit: quoniam ineffabile, quoniam terribile et sanctum est*. Ang pangunahing batayan ng aking pananaw na ito, na siyá ring sinasabi ni Fray Juan Pacheco, ay hindi ko nais sa pagkakataóng ito na pag-usapan ang mga bagay tungkol sa Teolohiya; sa halip ay ang pagtuturo ng Kartilya sa mga musmos at ng Ortograpiya. Tapusin natin ang talatang ito sa pamamagitan ng pagbubunyi na atin nang nabanggit sa itaas: Mabuhay ang Hari ng Espanya, na siyáng Pinakadakilang Hari sa balát ng lupa. Mabuhai ang Hari sa Españia, at siyáng macapangyarihan sa lahat ng manga Hari ᜇᜓᜓ ᜒᜓ ᜓᜇ Vᜓ ᜐVᜓᜓᜒᜒ ᜒᜓ Vᜓᜓ ᜒᜓ ᜇᜐᜓᜓᜇᜓᜓ Vᜓ ᜓᜓ ᜓ ᜇᜓᜓ ᜓᜇ

CAP I.

Del número, uso, valor,

y oficio de las letras.

1. Las consonantes son catorce y las vocales son tres. Las restantes que faltan al cumplimiento del Abecedario Castellano los suplen sirviendo unos por otros; y esto no es ni se debe tener por defecto de la lengua, que es muy noble, copiosa, fácil y elegante como hija que es legítima de la Malaya. Sino porque desde su origen y naturaleza que Dios le dio, no las usan, ni las necesitan para nada, pudiendo muy bien expresar en ella todos cuantos conceptos sean imaginables. Así como la lengua latina y la española, carecieron por muchos siglos de algunas letras griegas que hoy día han admitido, no sé por gala, moda, o gusto, sin tener necesidad urgente para ello.

2. Las letras castellanas consonantes que faltan en este Abecedario Tagalo son once F.J.L.Ll.Ñ.Q.R.V.X.Ch.Z. De estas once la primera la suplen con la **P** tagala, diciendo Puego por Fuego; Compesal por Confesar; Pavor por Favor; Puentes por Fuentes. La segunda suplen con la **S** tagala, diciendo Suan por Juan, Sarro por Jarro. Pero para esto tienen el **L** tan fuerte como nuestra **J** y la pronuncian con toda la fuerza de los andaluces. La tercera que es griega, no la necesitan, pues la suplen muy bien con la **C** y con la **Q** diciendo ca que qui co cu. La cuarta que son dos **U** suplen con la **i** diciendo Iubia por Llubia, cabayo, siya, y poyo como los andaluces seviyanos. La quinta que es ñ suplen con **n** con tilde, y con i diciendo Panio por Paño, Ninio por Niño, Mania for Maña. La sexta que es la Q suplen como a la tercera, según ya dijimos arriba. La séptima suplen con la **D** tagala diciendo Davanos por Rabano; Dumol por Rumor; Polocoladol por Procurador; y así lo escriben como la pronuncian. La octava que es la **V** consonante, la suplen con la **B** y con esto se quitan de cuestiones prolifas y enfadosas, pues ni los mismos españoles han acertado

UNANG KABANATA

Hinggil sa Bílang, Gamit, Halaga, at Gampanin ng mga Titik

1. May labing-apat na katinig at tatlong patinig ang wikang Tagalog. Ang mga natira na hindi matatagpuan sa alpabeto ng wikang Espanyol ay pinapalitan gamit ang ibang mga titik na mayroon ito. Gayunman, hindi nararapat na ituring itong isang pagkukulang ng isang wika, na tunay ngang marangal, mayaman, madaling matutuhan at elegante katulad ng isang lehitimong supling ng pamilya ng mga wikang Malayo. Sa halip, dahil sa angkin nitóng katangian, na biyayang dulot sa wikang ito ng Diyos, hindi nilá ginagamit o kailangan ang mga nawawalang titik para sa kahit anupaman, na maaari pa rin niláng maipahayag ang lahat ng bagay, maging yaong mga kaisipang lampas sa kakayahan ng mga pangkaraniwang tao. Ganoon din ang nangyari sa mga wikang Latin at Espanyol, na sa loob ng maraming siglo ay kulang ng ilan sa mga titik na katumbas ng mga titik sa wikang Griyego, na sa kasalukuyang panahon ay tinanggap na, sa hindi ko maunawaang dahilan, kung ito ba ay dahil sa angkin nitóng dingal, o dahil ito na ang nakaugalian, o nais lámang itong gawin, bagama't wala namang agarang pangangailangan para dito.

2. Labing-isa ang mga katinig sa alpabetong Espanyol na hindi matatagpuan sa alpabetong Tagalog. F, J, K, Ll, Ñ, Q, R, V, X, Ch, Z. Ang una sa labing-isang ito ay pinapalitan ng *P* sa Tagalog, sinasabing *Puego* ang *Fuego*, *compesal* ang *confesal, pavor* ang *favor, puentes* ang *fuentes*. Ang ikalawa ay pinapalitan ng *S* sa Tagalog, sinasabing *Suan* ang *Juan*, *sarro* ang *jarro*. Pero para dito, ginagamit ang ᜇ᜔ na taglay ang lakas ng tunog katulad ng ating J, na binibigkas nang ubod ng lakas katulad ng pagbigkas ng mga taga-Andalucia. Ang ikatlong katinig na mula naman sa Griyego ay hindi kailangan, at pinapalitan na lámang nilá ng C at ng Q, sinasabing *caque qui cocu*. Ang ikaapat na dalawang LL ay pinapalitan ng I at sinasabing *iubia* ang *llubia; cabayo*, *siya* at *poyo* katulad ng pagbigkas ng mga taga-Sevilla sa rehiyon ng Andalucia. Ang ikalima ay ang ñ, na pinapalitan ng n na walang tuldik at karugtong ng patinig na i, sinasabing panio ang *paño*, *Ninio* ang *niño, Mania* ang *maña*. Ang ikaanim ay ang Q na pinapalitan katulad ng pangatlong katinig, alinsunod sa nabanggit. Ang ikapito ay pinapalitan ng D ng wikang Tagalog, sinasabing *Davanos* sa halip na *Rabanos*, *dumol* ang *rumo*, *polocoladol* ang *procurador*; at ang mga salitang ito ay isinusulat sa paraan kung paano binibigkas. Ang ikawalong katinig na V ay pinapalitan ng B, at dahil dito ay

hasta ahora, a pronunciarla rectamente con propiedad, como lo enseña Antonio de Nebrija, apartando un poco los labios para decir vivir. La nona que es la **X** no la han admitido hasta ahora muchas naciones de Europa, por ser extranjera, insólita, bárbara, y muy áspera al oído, con que no es mucho que estos tagalos la deserten, supliendo en su lugar con la **S** diciendo Sabon por Xabon; Seringa por Xeringa. La décima que es la **Cha** castellana, no la necesitan, pues en su lugar suplen con sa se si so su. La undécima, también es bárbara y moruna, y así hacen muy bien en no admitirla, supliéndola con su S tagala, que es más suave y dulce; pues lo mismo hacen en España los andaluces, valencianos, mallorquines, y otras muchas naciones políticas, diciendo Sangano, Sapatos, Siervo, Sebo Sumbido Saquisami, y otras infinitas en lugar de Zangano, Zapatos, Ziervo, Zebo Zumbido, Zaquizami y otros.

3. Tampoco escriben ni pronuncian cra ni pra, ni dro, ni tru, ni blas; sino cala, pala, colo, tulu, balas, y otros semejantes porque en su idioma indica una consonante hiere a otra consonante, y así cuando se juntan en alguna palabra, las dividen, diciendo Don Balas por Don Blas; Poloculadol por Procurador; Palansisco por Francisco. Por lo cual te advierto que aunque veas en el Vocabulario estas voces: bacla, bigla. tacla, poglo, taclis, itlog, tatlo, y otras semejantes, no por eso pienses que se pronuncian así, como están escritas allí malamente; sino que se pronuncian y se deben escribir cortadas y divisas, como van aquí: bac-la, big-la, tac-la: pog-lo: tat-lo: it-log:  Donde ya ves como se suplen mentalmente, las consonantes heridas; pero no las que hieren; y regla sirva para siempre, hasta que nos expliquemos mejor adelante, en el último capítulo.

4. La **u** después de **G** es vocal en esta lengua, como v.g. Gubat el bosque. No la escribes como los españoles después de G siguiendo sale vocal; y nunca jamás es líquida, ni lo deja de ser, porque no la estilan v.g. Guiguinto un Pueblo así llamado, que ellos escribes así Giginto sin la **u**. Y si alguna vez se halla escrita por yerro del Escriviente, nunca la hieren ni pronuncian en los labios.

5. Esta misma **u** después de Q: nunquam liquæfcet in hac

naiiwasan ang matatagal at nakapapagod na mga tanong, dahil hanggang sa ngayon, kahit ang mga Espanyol ay nahihirapang sundin ang itinuro ni Antonio de Nebrija, na bahagyang paghiwalayin ang mga labì upang mabigkas nang wasto ang salitang *vivir*. Ang ikasiyam ay ang X, na hindi pa rin idinaragdag ng maraming bansa sa Europa hanggang sa ngayon, dahil ang titik na ito ay banyaga, kakaiba, pag-aari ng mga barbaro, at napakalaswa sa pandinig, na hindi gaanong masamâ kung hindi rin ito tinatangkilik ng mga tagapagsalita ng wikang Tagalog, kung kayâ't pinapalitan nilá ito ng S at sinasabing *Sabon* ang *Xabon*, *Seringa* ang *Xeringa*. Ang ikasampu ay ang *Cha* mula sa wikang Espanyol, na hindi rin nilá kailangan at pinapalitan ito ng *sa se si so su*. Ang ikalabing-isa ay itinuturing ding isang titik na pag-aari ng mga barbaro at mga Muslim, kung kayâ't hindi rin nilá ito idinagdag at pinapalitan ng kanilang S, na higit na mas malumanay at malambing, katulad ng pagsasalita ng wikang Espanyol ng mga taga-Andalucia, Valencia, Mallorca, at iba pang mga lugal na sakop ng Espanya, at sinasabing *Sangano, Sapatan, Siervo, Sebo, Sumbido, Saquisami,* at marami pang iba, sa halip na *Zangano, Zapatan, Ziervo, Zebo, Zumbido, Zaquizami,* atbp.

3. Hindi nilá isinusulat o binibigkas bílang *cra, pra, dra, tra, blas* at sa halip ay *cala, pala, tolo, tulu, balas* at iba pang katulad na salita. Sapagkat sa kanilang wika, ang isang katinig ay hindi maaaring karugtong ng isa pang katinig, kayâ kapag may ganitong pangyayari sa isang salita, pinaghihiwalay nilá ang mga ito at sinasabing Don Balas sa halip na *Don Blas*; *Poloculadol* ang *Procurador*; *Palansisco* ang *Fransisco*. Sa kadahilanang ito ay nais kitang paalalahanan na kahit makita mo ang mga salitang ito sa Bokabularyo: *bacla, bigla, tacla, poglo, tachi, itlog, tatlo,* at iba pang katulad na salita, ay hindi mo dapat isipin na binibigkas nilá ang mga ito sa paraan kung paano nakasulat ang mga ito, na itinuturing na malî. Sa halip ay binibigkas ang mga ito at dapat isulat nang magkahiwalay ang dalawang magkasunod na katinig sa ganitong paraan: *bac-la: big-la: tac-la: Pog-lo: tat-lo: it-log:* Ayon sa ibang mga manunulat, ang wikang ito ay hindi nagtataglay ng mga "likido at piping" katinig. Ganito isinusulat sa Tagalog ang mga nabanggit na salita ᘓᘔ॥ ᘓ̇ᘔ॥ ᘔᘔ॥ ᘓ̣ᘔ॥ ᘔᘔ̇॥ ᘓᘔ॥ ᘔᘔ॥, at makikita na pinapalitan sa isipan ang mga katinig na bumubuo ng pantig, subalit hindi yaong mga hindi bumubuo ng pantig. Ang panuntunang ito ay ipapaliwanag pa natin sa hulíng kabanata.

4. Ang U na sumusunod sa titik na G ay isang patinig sa wikang ito katulad ng U sa salitang *Gubat, kagubatan*. Ito ay hindi isinusulat kasunod ng titik na G kapag ito ay sinusundan ng isang patinig at kailanman ay hindi ito maituturing na patinig na likido, sapagkat ang patinig na ito ay hindi pangkaraniwang ginagamit sa ganoong paraan. Kung kayâ't ang halimbawang *Guiguinto*, na isang lugar, ay isinusulat na walang u sa Tagalog bílang *Giginto*. At kung mayroon mang magkamalîng maisulat ang titik na u, hindi pa rin ito dapat na bigkasin.

lingua esto es:que no solo pierdes su fuerza en cuanto al número y cantidad, como en la lengua latina sino también en cuanto a su sonido y pronunciación; y así se pronuncia tacitamente y de corrido, sin hacer sílaba ni vocal distinta, o por mejor decir, no se pronuncia ni se escribe tampoco v.g. Quisquis. que significa raspar, ellos la pronuncian y escriben así: qisquis. Y en esto observan puntualmente la regla que dice; se debe escribir como se pronuncia; y se debe pronunciar como se escribe.

6. Fr. Gaspar de San Agustín, al fol. treinta y tres de su Arte Tagala dice que es líquida la u en esta palabra Saguan penúltima correpta. A que responde, que una cosa es ser liquida la vocal, y otra cosa es el pronunciarse breve. La dicción Saguan es trisílaba, y la u es breve, y no disílaba como el Padre quiere; por lo cual es breve en su acento y pronunciación; pero no se pronuncia liquidamente y de corrida; sino que es menester hacer sílaba en la dicha u diciendo Sa-gu-an y en caracteres así el remo pequeño.

7. También tiene ese idioma tagalo un elemento o carácter muy especial que se compone de **n** y **g**. con una tilde arriba que es este ñg̃. Es una sola letra consonante y se pronuncia gangosa y guturalmente así diciendo ñga ñga en lo cual es menester mucho cuidado, porque no es lo mismo lingo, que liñgo; pues el primero significa semana, y el segundo matar. Hanga, es término: y hañga, es admiración y así otros muchos, en lo que emita al ñgnain hebreo. Y si el Glorioso San Gerónimo se aserró los dientes para pronunciar bien aquella lengua Santa no será mucho que tú te aprietes el gasnate, para pronunciar bien esta, que ha de servir de órgano para cantar el Evangelio.

8. Este elemento **H** en otras lenguas, no es letra; sino aspiración. Los castellanos pecan por carta de menos en pronunciarla, los andaluces pecan por carta de más, los italianos y franceses les dan un sonido tan raro, que parece cosa de risa. Pero nuestros tagalos la tienen por letra esencialísima, y las pronuncian fuerte como si fuera jota, en un medio proporcionado; y así es menester cuidado con ella en la escritura y en la boca, pues de ponerla o no, mudarás totalmente la significación v.g. halai, cosa fea; alai, ofrecer; hobo, desnudo; obo, toser; et cetera. Lo mismo en castellano: haya es on

5. Ganoon din ang nangyayari sa titik u na kasunod ng Q: *nunquam liquescet in hac lingua***.** Ang ibig nitóng sabihin ay hindi lámang nagbabago ang bílang ng pantig ng mga salitang nagtataglay nitó katulad sa wikang Latin, kung hindi nag-iiba rin ang bigkas at tunog nitó. Ang titik U pagkatapos ng titik Q ay hindi binibigkas o isinusulat. Ang salitang quisquis, sa tagalog ay isinusulat at binigbigkas nang qisqis. Ang paraan ng pagsusulat ay siyang ring paraan ng pagbigkas at ang paraan ng pagbigkas ay siya ring paraan ng pagsusulat.

6. Sa ikatatlumpu't limang tomo ng aklat na *Sining ng Wikang Tagalog* ni Padre Gaspar de San Agustin, sinasabing ang titik u ay "likido" sa salitang *Saguan*, o ito ay nakadikit sa titik A, na ang pagbigkas nitó ay panandalian lámang. Ang salitang *Saguan* ay binubuo ng tatlong pantig at hindi dalawa, katulad ng nais mangyari ng paring nabanggit. Kung kayâ't ang titik na u ay binibigkas nang maikli at hindi sa paraan na itinuturing ito na patinig na likido; sa halip ay nararapat na bigkasin ito bílang isang hiwalay na isang pantig. Ang *saguan*, na ang ibig sabihin ay *maliit na panggaod* ay isinusulat gamit ang mga karakter ng wikang Tagalog sa ganitong paraan V3ʒ̣ʅ̓ʊ̓ll.

7. Mayroon sa wikang Tagalog na isang kakaibang karakter na binubuo ng dalawang katinig na **n** at **g**, at ito ay nagtataglay ng tuldik. Ang **ng** ay itinuturing na isang titik lámang at binibigkas sa paraang ang tunog nitó ay nagdaraan sa ilong at paimpit katulad sa halimbawang nga nga, at kailangan ang labis na pag-iingat, sapagkat may malaking pagkakaiba ang tunog ng *lingo* kaysa *lingo*, na nagtataglay ng tuldik. Ang ibig sabihin ng una ay ang buong linggo; samantalang, ang pangalawa ay pumatay; ang *hanga* ay katapusan; samantalang ang *hanga* (may tuldik) naman ay pagtingin nang mataas sa isang tao o bagay; at marami pang iba na katulad ng *ngnain* ng wikang Hebreo. At kung si Kagalang-galang na Santo Geronimo ay kailangan lagariin ang kanyang mga ngipin upang mabigkas nang wasto ang wikang Hebreo, kinakailangan lámang ipitin ang lalamunan upang bigkasin ang titik na *ng*.

8. Ang H sa ibang wika ay hindi isang titik ngunit aspirasyon. Ang mga Espanyol ay hindi gaanong nahihirapan kaysa mga taga-Andalucia sa pagbigkas nitó. Ang mga Italyano at mga Pranses ay mayroong tunay na kakaibang tunog para dito, na animo'y isang halakhak. Subalit itinuturing ng mga Tagalog na napakahalagang titik ito sa kanilang wika at binibigkas ito nang may diin na malapit sa kung papaano natin binibigkas ating J. Kung kayâ't kailangang maging maingat sa pagsulat at pagbigkas nitó, kung hindi ay mag-iiba ang ibig sabihin ng salitang nagtataglay nitó katulad ng makikita sa mga sumusunod na halimbawa: ang *halai* ay isang malaswang bagay ngunit ang *alai* naman ay paghahandog ng isang bagay; ang *hobo* ay ang walang suot na salawal ngunit ang *obo* ay isang uri ng sakit . Ganito rin ang nangyayari sa wikang Espanyol na ang *haya* ay isang puno subalit ang *aya* naman ay guro ng mga bata; ang *huso* ay isang kagamitan para sa paghabi subalit ang *uso* naman ay kung ano ang kinasanayan sa kasalukuyang panahon; ang *hierro* ay isang

árbol pero aya es la Maestra de las Niñas; huso es un instrumento para hilar pero uso a la costumbre; hierro es un metal pero yerro es el error y defecto; y así otros muchos.

9. Hay en el Abecedario Tagalog una letra o carácter así w. que bien es consonante porque nunca hiere de lleno a la vocal que se le sigue ni tampoco es vocal perfecta no suena no se pronuncia por sí sola ayuda de otra Y por esto le llamaremos aquí semi-consonante y equivale a nuestra v de corazón, cuya pronunciación recta (dice Nebrija) que se perdió entre los españoles; porque no es lo mismo pronunciar vivir, que vivir. Este carácter semi-consonante nunca hiere de lleno a la vocal, y siempre hace sílaba y voz aparte pero no diptongo v.g. uala, aua, tauo, hivis. Si quieres pronunciarla como b, diciendo bala, aba, tabo, hibis y erras muy torpemente significa otras cosas muy distintas; y así para pronunciar rectamente, has de hacer cuenta como si fuera vocal rigorosa, y decir uala, aua, tauo, hivis, y escribirlos con el carácter sobre dicho como v.g. bilao, que significa espantar y se escribe así: ᘓᘐᘓ‖ Pero bilauo, que significa el arnero o cribo, se escribe así: ᘓᘐᘓ‖ de esta manera otros muchos, como big-uas, tirar el anzuelo al pez; par-uas, cañaboo; bin-uit, el anzuelo; dala-ua, dos; aya-uan, repartir a todas; y otros infinitos, mal apuntados en los Vocabularios Tagalos y peor entendidos.

10. Es menester también cuidado con la y pithagérica consonante que hiere a otras vocales, y no equivocarla con la i vocal que es herida v.g. en estos términos: babayi, siya, pariyan, tiyan, bagyo, aua-yin y otros; los cuales si quieres escribirlos y pronunciarlos con la **i** vocal solamente, diciendo babai, sia, parian, tian, bagio, auain, mudaste totalmente el significado, y te expones a una risa. Por lo cual te digo que el primero significa la mujer, y se escribe así: ᘓᘓᘓ‖ el segundo significa él o ella, y se escribe así: ᘓᘓᘓ‖ el tercero significa ve ahí y se escribe así: ᘓᘓᘓ‖ Pero cuando Parian significara el Alcaiceria de los Mercadores, entonces se escribe así: ᘓᘓᘓ‖ el cuarto es la barriga o vientre, y se escribe así: ᘓᘓᘓ‖ el quinto es el viento proceloso llamado huracán, y se escribe así: ᘓᘓᘓ‖ es maauayin, reñidor o quimerista, y se escribe así ᘓᘓᘓᘓᘓ‖. Pero cuando no tiene y consonante, es maaauain,

uri ng bakal subalit ang *yerro* naman ay pagkakamalî, at marami pang ibang katulad na salita.

9. Sa abesedaryo ng Tagalog ay mayroong titik o karakter ᘐ॥, na hindi itinuturing na katinig sapagkat hindi ito maaaring maging tuwirang dumugtong sa kasunod nitóng patinig upang bumuo ng isang pantig. Hindi rin ito maituturing na isang patinig sapagkat hindi ito binibigkas nang mag-isa nang walang tulong ng isa pang patinig. Kung kayâ't nais natin itong tawaging *mala-katinig,* na katumbas ng ating V sa wikang Espanyol, na ang wastong bigkas, ayon kay Nebrija ay unti-unti nang naglalaho sa mga Espanyol, sapagkat ang pagbigkas ng *vivir* ay hindi katulad ng *bibir*. Ang mala-katinig na karakter na ito ay hindi kailanman tuwirang idinurugtong sa patinig upang bumuo ng isang tunog at pantig, subalit hindi katulad ng isang diptonggo katulad ng makikita sa mga sumusunod na halimbawa: *uala, aua, tauo, hiuis*. Magkakaroon ng malaking pagkakaiba kung ang mga salitang ito ay bibigkasin katulad ng b, na magiging *bala, aba, tabo,* at *hibis,* na isang malaking pagkakamalî at tumutukoy ang mga ito sa ibang bagay. Upang mabigyan ito ng wastong tunog, kailangang ituring ito na parang isang matigas na patinig at bigkasin na *uala, aua, tuo, hivis,* at isulat gamit ang mga katumbas nitóng mga karakter katulad ng nabanggit sa itaas. Ang salitang *bilao*, na ang ibig sabihin ay takutin ay isinusulat sa ganitong paraan ᘓᘐᘐ3॥; samantalang ang *bilauo* ay isang mababaw na uri ng *sisidlan* na karaniwang gawa sa kawayan ay isinusulat naman sa ganitong paraan ᘓᘐᘐᘐ॥. Ang halimbawa na katulad ng *big-uas*, na ibig sabihin ay itilapon ang pain ng pamingwit upang manghulí ng isda; *par-uas*, kawayan; *bin-uit*, pain; *dala-ua* dalawa; *aya-uan*, na ang ibig sabihin ay ipamahagi sa lahat; at marami pang ibang mga salita na malîng naisulat at hindi maunawaan sa Bokabularyo ng wikang Tagalog.

10. Kailangan din ng masusing pag-iingat sa katinig na Y na maaaring idugtong sa ibang mga patinig upang bumuo ng isang pantig at hindi nararapat na mapagkamalang i na sa kaniyang sarili lámang ay maaari nang bumuo ng isang pantig, katulad ng makikita sa mga sumusunod na salita: *babayi, siya, pariya, tiyan, bagyo, aua-yin,* at marami pang iba. Kung ang mga salitang ito ay nais isulat at bigkasin gamit lámang ang patinig na i, katulad ng mga sumusunod na halimbawa: *babai, sia, parian, tian, bagio, auain,* tunay ngang mag-iiba ang ibig sabihin ng mga ito at lalabas kang katawa-tawa. Sa mga naturang halimbawa, ang unang salita ay nangangahulugan ng isang babae at isinusulat sa ganitong paraan ᘓᘓᘐ॥; ang ibig sabihin ng pangalawa ay siya, maging babae man o lalaki at isinusulat sa ganitong paraan ᘓᘐᘐ॥; ang pangatlo ay nangangahulugan na pumunta ka doon at isinusulat sa ganitong paraan ᘐᘓᘐ॥, subalit kung ang salitang Parian ay nangangahulugan ng Lugar para sa mga Mangangalakal na Tsino, nararapat itong isulat sa ganitong paraan ᘐᘓᘐ॥; ang pang-apat ay tumutukoy sa tiyan at isinusulat sa ganitong paraan ᘐᘐ॥; ang panlima ay malakas na hangin at tinatawag nating *huracán* at isinusulat sa ganitong paraan ᘓᘐ॥; ang

misericordias, y se escribe así: [illegible] Si los Vocabularios estuvieran escritas con toda ortografía, como debían, nos ahorrarían estos trabajos pero ahora es necesario tener el oído de un corzo, para oir como lo pronuncia el tagalo, y ver los términos que tienen dicha y consonante, y los que no. Y en caso de duda hacérselo escribir en caracteres a los ladinos, y que te pronuncien recio estos términos: yarimohan= Yayai= yico= layo= cayo= suyo= y otros infinitos. Del dulcísimo nombre de María, ya se habló atrás el como se debe de pronunciar y escribir, vide Prefacio. num. 10. Item: no digas aquiat por subir, sino; ac-yat: big-yan, dar algo; no digas ni escribas bigian; de suerte que aquella **i** última, no ha de ser herida de la consonante que la antecede: sino que ella como consonante inicial de sílaba, debe herir a la vocal que se le sigue. Pero al mismo tiempo has de llevar advertido que aunque esta Y griega, es consonante rigorosa en el Tagalo, y se escribe como tal: pero en la pronunciación de la boca, no es tan dura ni tan fuerte como la de los Castellanos, cuando dicen yugo, yace, yunque, baya, saya, bayona, sayones, leyes, reyes, ayuno, rayo, yervas, Nsz. sino que es más suave, más morasa y más detenida como te lo dirá la práctica y buen oído.

11. De las vocales ya hemos dicho que son solas tres. La primera es **A** con toda la fuerza y valer que obtiene en las demás naciones del mundo. La segunda es esta suerte [illegible] equivale a dos, a la **E**, y a la **I**. **A** la **E** llaman maláta, id est blanda. A la **I** llaman maagas id est dura o fuerte, esto se entienden cuando la pronuncian en su boca porque en la escritura no hay distinción; sino que lo mismo vale una que otra y usan de ellas indiferentemente con solo el carácter único ya dicho. Lo mismo intermims sucede con la O que llaman malata; y con la **U** matigas; pero no son más de una sola vocal para ellos. El carácter de la O tagala, que vale por dos es así [illegible] y le llaman Oo. A la **i** dicen ii. A la A, llama Aa. Cómo y cuándo se escriben estas vocales, lo diremos adelante. Capítulo último.

pang-anim ay maawayin, na ang ibig sabihin ay palaaway at isinusulat sa ganitong paraan ᜎᜒᜎᜓ ᜊᜓ᜔. Subalit kung wala ang katinig na y, ang salitang ito ay *maauain*, na nangangahulugan ng maawain at isinusulat sa ganitong paraan ᜎᜒᜎᜓ ᜐᜓ᜔. Kung isinulat lámang ang mga salita sa Bokabularyo gamit ang panuntunan ng Sining ng Ortograpiya, na nararapat lamang, hindi na natin kailangan pang isulat ang aklat na ito. Mahalagang talasan ang ating pandinig katulad ng isang isang usa upang maunawaan natin kung paano ito binibigkas ng mga taal na tagapagsalita ng wikang Tagalog at lubos na makilála ang kaibhan ng tunog ng mga salitang nagtataglay ng titik na Y at alin ang mga salitang wala nitó. Kung nag-aalinlangan, pakiusapan ang mga dalubhasa sa wikang ito na isulat ang mga sumusunod na salita gamit ang mga karakter ng wikang Tagalog at hayaan silang bigkasin nang madiin at maliwanag ang bawat pantig: **yarimohan = Yayat = yico = layo = cayo = suyo =** at iba pang mga katulad na salita. Napag-usapan na natin sa itaas kung paano nararapat isulat at bigkasin ang Katamis-tamisang pangalan ni Maria. Mangyaring sumangguni sa Panimulang Salita Bahagi Blg. 10. Kung gayon, hindi isinusulat at binibigkas na *aquiat* upang sabihin na umakyat, at sa halip ay *ac-yat*. Isa pang halimbawa ay ang salitang *big-yan*, na ang ibig sabihin ay maghandog. Hindi ito isinusulat o binibigkas bílang *bigian*, na ang hulíng patinig na i ay karugtong ng patinig na sinusundan nitó, at sa halip ito ay simulang titik na nararapat ituring na katinig at karugtong ng kasunod nitóng patinig upang bumuo ng isang pantig. Gayunman, nais ko kayóng paalalahanan na kahit na ang titik na Y ay isang katinig na may madiin na paraan ng pagbigkas sa wikang Tagalog at isinusulat sa paraang nabanggit, hindi ito kasindiin ng paraan ng pagbigkas ng mga Kastelyano sa titik na ito sa mga salitang *yugo, yace, yunque, baya, saya, bayona, sayones, leyes, reyes, ayuno, rayo,* at *yervas*. Sa halip ay higit itong malumanay sa wikang Tagalog, na katulad ng tunog ng titik na ito sa wika ng mga Muslim.

11. Sa tatlong mga patinig na ating nabanggit, una rito ay ang titik A, na nagtataglay ng kahalintulad na tunog ng titik na ito sa mga wika ng iba pang mga bansa sa mundo. Ang pangalawa ay ᜐ na maaaring ituring na titik na E o I. Ang titik na E ay tinatawag na malata, na ibig sabihin ay malambot o malumanay habang ang titik na I naman ay tinatawag na matigas. Kapansin-pansin ang pagkakaibang ito sa paraan ng pagbigkas ngunit walang pagkakaiba ito kapag isinusulat. Ang mga titik na E at I ay itinuturing na iisa lámang at isinusulat gamit ang isang karakter lamang. Ganito rin *intermims* ang kalagayan ng patinig na O, na tinatawag ding malata, habang ang katumbas nitóng patinig na U ay tinatawag na matigas, subalit sila'y itinuturing na iisa lamang ang mga ito. Ang karakter na ginagamit sa pagsusulat ng patinig na O, na siya na ring ginamit para sa U ay ᜏ᜴ at tinatawag niláng Oo; ang I ay ii; at ang A ay Aa. Hinggil sa kung papaano at kailan isinusulat ang mga patinig na ito ay ipapaliwanag sa hulíng kabanata.

CAP. II

de los Diptongos

1. En cuanto a los diptongos es necesario separarlos y distinguirlos de las sílabas que no lo son. Para lo cual digo brevemente que diptongo es una junta combinación o ayuntamiento de dos vocales diferentes que por su naturaleza constituyen una sola sílaba: v.g. ai, au, ei, eu, oi, io, ui, y otros muchos, hasta veinte que tiene el castellano en las palabras aire, autos, peine, sois, precio, ruido, buitre Nsz. También tiene triptongos el castellano, como v.g. Preciáis, vaciáis, santigüáis, averigüéis. La sílaba es, una o muchas letras juntas en que haya por lo menos una vocal: v.g. a, que, tres, mar, sol, sur; y más que tenga seis letras, con tal que haya una sola vocal será una sílaba no más, como Stirps. Distínguese el diptongo de la sílaba, en que ésta se contenta con una vocal y el otro necesita dos juntas. El diptongo no admite en su formación a letras consonantes; y la silaba no puede estar sin ellas. En una palabra, todo diptongo es sílaba; pero no toda sílaba puede ser diptongo. Digo más que de todos los diptongos dichos, hay algunos que no son siempre diptongos, pues fallan en algunos casos. Atiende bien. Estos casos son cuando carga el acento agudo en alguna de las dos vocales del diptongo por cuya razón se dividen en ellas y cada una forma su sílaba aparte. Pongo ejemplo estas palabras: gracia, vicio, fragua, vienen diptongos de ia, io, ua; pero estas mismas vocales puestas en otras palabras, como v.g. decía, sombrío, efectúa ya fallan y dejan de ser diptongos, por la razón que te acabo de dar. Más claro, son diptongos baile, donaire, lei, rei; pero ya no lo son si pronuncias agudo bailé, leí, reí, donairé, todos en pretérito perfecto. Supuesta esta doctrina cierta y clara vamos ahora a su lengua tagala.

2. Los diptongos tagalos son por lo menos seis. El primero es de **ai**, como bàlai, que significa vanderilla; pero balayi, que significa el Consuegro, y no lo es; por las razones dichas en el

IKALAWANG KABANATA

Hinggil sa mga Diptonggo

1. Hinggil sa mga tuntunin ng diptonggo, nararapat na mapaghiwalay at makilála ang kaibhan ng mga diptonggo sa hindi. Na para dito ay nais kong bahagyang banggitin na ang diptonggo ay dalawang pinagsámang magkaibang patinig, na dahil sa kaniyang kalikasán ay binibigkas bílang isang pantig lámang katulad ng mga sumusunod na halimbawa: ai, au, ei, eu, oi, io, ui, at marami pang iba na umaabot ng dalawampu. Taglay din ng wikang Espanyol ang bagay na ito katulad sa mga sumusunod na salitang *aire, autos, peine, sois, precio,ruido, buitre*, atbp. Ang wikang Espanyol ay mayroon ding mga triptongo katulad ng *Preciais, vaciais, santiguais, averigueis*. Ang pantig ay binubuo ng isang titik o grupo ng mga titik na nagtataglay ng isa o higit pang mga patinig katulad ng ipinapakita ng mga sumusunod na mga salita: *a, que, tres, mar, sol, sur*; o kahit umabot pa ito nang hanggang anim na titik hangga't nagtataglay ito ng kahit isa lámang na patinig katulad ng salitang *stirps*. Maaari nating makilála ang kaibhan ng diptonggo sa pantig sa pamamagitan ng pagbílang ng mga patinig na taglay nitó, na ang pantig ay nangangailangan lámang ng kahit isang patinig habang ang diptonggo naman ay nangngailangan ng dalawang magkatabing patinig. Hindi maaaring makabuo ng diptonggo gamit ang mga katinig; samantalang ang pantig ay hindi maaaring wala nitó. Sa madalîng sabi, ang lahat ng mga diptonggo ay dapat ituring na isang pantig; subalit hindi lahat ng pantig ay maaring ituring na diptonggo. Nais ko pang idagdag na sa lahat ng mga diptonggo na nabanggit, may ilan na hindi palagiang maihahanay bílang isang diptonggo. Ito ay nagaganap sa mga pagkakataóng may diin ang isa sa dalawang magkasunod na patinig, kung kayâ't binibigkas ang mga ito nang magkahiwalay at nagkakaroon ng dalawang pantig. Ang mga sumusunod na halimbawa: *gracia, vivio, fragua* ay nagtataglay ng mga diptonggo na ia, io, ua; subalit kung gagamitin sa ibang salita ang mga pinagsámang patinig na ito katulad ng mga sumusunod na halimbawa: *decia*, *sombrio*, *efectua*, hindi nararapat na ituring ang mga ito na mga diptonggo alinsunod sa panuntunang kababanggit ko pa lamang. Higit pang makikilála ang kaibhan ng diptonggo sa hindi diptonggo sa mga susunod na halimbawa: ang *baile, donaire, lei, rei* ay nagtataglay ng mga diptonggo; samantalang kung ang mga salitang ito ay nása panahunang pangnagdaan at binibigkas na taglay ang diin ng mga salitang ito sa hulíng pantig, ang mga ito ay hindi maituturing na mga diptonggo. Matapos na liwanagin ang panuntunang ito, pag-usapan naman natin ngayon kung paano ang kalagayan nitó sa wikang Tagalog.

número antecedente; y también porque el diptongo se escribe con solas dos letras; y balayi tiene tres, como lo ves. También son diptongos palai, sabai, patai, bitai, onai, pilai, bantai, auai, y otros infinitos; pero todos estos fallan alguna vez, como queda dicho. El segundo diptongo es el wue termina en ao, como bàbao, àrao, sìgao, pàgao, dàlao, òpao, halimao; pero no son, tauo, bauo, bilauo, ni otros muchos ni tampoco son triptongos, porque la **u**, que es la penúltima, es semi-consonante. El tercer diptongo de esta lengua es en **io**, como bàlio, dànio, lilio, sàlio, pànio; o sino en **iu**, que es lo mismo, como guiliuguiliu,y otros muchos; pero mira que no son diptongos estos aunque lo parecen layo, cayo, suyo, no otros muchos, por la razón ya dicha en el número antecedente. El cuarto diptongo es de **oi**, del de **ui**, como laboi, toito, apui, babui, cahui: pero no lo es, hauil, hauili, huuit, y otros, por lo dicho. El quinto diptongo es de **ua**, vel de **oa**; que es lo mismo, como àua,tàua, pàua, quiua: pero no caloloua, ni capua, ni cataouan, ni otros muchos. El sexto diptongo es de **ia**, como siac, siang, bias, biac, y otros; pero no lo son, siya, biya, siyam, tiyam, parian; y semejantes, por lo dicho. Tampoco lo es el dulce y venerable nombre de María, ni otros a este tono. Si los Vocabularios Tagalos hubieran notado los diptongos como lo hace el Pangpango y otros nos ahorraría este trabajo, y tendríamos más luz, en la materia.

2. Hindi bábabâ sa anim ang bílang ng mga diptonggo sa wikang Tagalog. Ang una ay **ai**, katulad sa salitang *bàlai*, na nangangahulugan ng banderilla; subalit ang salitang *balayi*, na nangangahulugan ng magulang ng manugang na lalaki o babae ay hindi nagtataglay ng diptonggo batay sa panuntunan na binanggit sa itaas. Dagdag pa rito, ang isang diptonggo ay nakasulat na may dalawang titik lamang; samantalang ang *balayi* ay nagtataglay ng tatlong titik. Ang mga salitang *palai, sàbai, pàtai, bìtai, ònai, pìlai, bàntai, àuai,* at iba pang mga katulad na salita ay maitituring din na mga diptonggo subalit hindi sa lahat ng pagkakataón batay sa nabanggit sa itaas. Ang ikalawang diptonggo ay **ao**, katulad ng mga salitang *bàbao, àrao, sìgao, pàgao, dàlao, òpao, halìmao*; ngunit hindi ang mga salitang *tauo, bauo, bilau,* at marami pang katulad na mga salita. Hindi rin maitituring na mga triptonggo ang mga ito sapagkat ang titik na u na pumapangalawa sa pinakahulíng titik ay ginagamit na malakatinig. Ang ikatlong diptonggo sa wikang ito ay **io**, katulad sa mga salitang *bàlio, dànio, lìlio, sàlio, pànio*; at maging ang katumbas nitó na iu, katulad sa salitang guìliuguìliu at marami pang iba. Subalit mag-ingat na maihanay bílang mga diptonggo ang mga sumusunod na salita, bagama't tila nga mga ganito: *layo, cayo, suyo,* at marami pang iba, batay din sa mga dahilang dati nang nabanggit. Ang ikaapat na diptonggo ay **oi** o **ui**, katulad sa mga salitang: *làbaoi, toìtoi, àpui, bàbui, càhui*; subalit hindi ang mga salitang: *hauil, hauili, huir,* at iba pa, batay din sa mga nabanggit na panuntunan. Ang ikalimang diptonggo ay **ua** o **oa**, katulad sa mga salitang *àua, tàua, pàua, quìua*; subalit hindi ang mga salitang *caloloua, capua, cataouan,* at marami pang iba. Ang ikaanim na diptonggo ay **ia**, katulad sa mga salitang *siac, siang, bias, biac,* at marami pang iba; subalit hindi ang mga salitang *siya, biya, siyam, tiyam, pariyan,* at mga katulad na salita, muli batay sa mga panuntunang nabanggit. Hindi rin maitituring na diptonggo ang Katamis-tamisan at Kagalang-galangang Pangalan ni Maria o iba pang salita na katulad nitó. Kung binigyan sana ng pagkakakilanlan ang mga diptonggo sa Bokabularyo ng wikang Tagalog katulad ng ginawa sa wikang Pampanggo at sa iba pang mga wikang Filipino, hindi na sana natin kailangan pang isulat ang aklat na ito at nagkaroon na táyo ng higit na pagkaunawa hinggil sa usaping ito.

CAP. III

de los Acentos

1. El acento, que es el alma de las palabras se define así: es un sonido de la voz humana que hace pronunciar las sílabas o más largas, o más breves, más recias, o más oscuras. En materia de ortografía, es propiamente una nota o señal de elevación, o depresión de la voz en cada sílaba. Es cuestión muy larga, importuna e incierta entre los tagalistas, ésta de los acentos, la cual enseñar con mucha más en el oído de los españoles, pues al uno le parece que es breve, lo que juzga que es largo. Es tan grande esta dificultad acertar con los acentos tagalos, que los mayores Hombrones se rindieron a ella, y confesaron ingenuamente su imposibilidad. Es tan difícil el dar reglas de acentos (dice Fray Gaspar de San Agustín) que el venerable Padre San Joseph Demóstenes de esta lengua, lo confiesa por muy arduo Nsz. El Arte del Fr. Thomás Ortiz, haciéndose cargo de todo esto tuvo por bien omitir esta materia; y dejar libro al lector para que elija lo que hallare más conveniente. El Padre Bergaño en el Capítulo 18, de este Arte dice que esta palabra sala, significa seis cosas que son, pecado, luz, cañatexida, tachar, concebir la mujer, y yerrofísico: para cada significado tiene su mismo acento, el cual es preciso dárselo sino quieres errar, diciendo pan por peras. Y finalmente remata dicho Padre su párrafo diciendo: que para pronunciar bien estos acentos, se habrá de aprehender de los mismos indios y para hablar con propiedad y perfección, juzga es menester que descendat à Patre luminum. El Cicerón de esta lengua Fray Francisco de San Joseph, a la página 762 de su Arte, dice estas palabras: en resolución, lo que en esta materia alcanzo es, conocer que alcanzo poco, y que es poquísimo lo que por escrito se puede declarar. Item: son cosas muy varias e imperceptibles las de acentos, para hacer muchas reglas de ellos. Más: el Famoso Vocabulario del Padre San Lucar, dice que la cosa más ardua en esta lengua tagala, es dar reglas fijas acerca de los acentos, y siendo tan

IKATLONG KABANATA

Hinggil sa Diin ng mga Salita

1. Ang diin, na itinuturing bílang kaluluwa ng mga salita, ay inilalarawan sa ganitong paraan: tunog ng tinig ng isang táong bumibigkas ng mga pantig ng isang salita, kung ito ay mahabà o maikli, malumanay o madiin. Hinggil sa usapin ng Sining ng Ortograpiya, ito ay tumutukoy sa wastong paggamit ng mga tuldik o tanda upang bigyan ng pagkakakilanlan kung pataas o pababâ ang tunog ng bawat pantig ng isang salita. Isang mahabâ, nakababalisa, at tunay ngang nakalilitong usapin ang diin sa hanay ng mga dalubhasa sa wikang Tagalog. May iba't ibang paliwanag silá hinggil sa usaping ito sa kanilang mga aklat, na lalo pa ngang nagdulot ng labis na pagkalito sa pandinig ng mga Espanyol. Minsan ay napagkakamalan niláng binibigkas nang maikli ang isang pantig, na sa tingin naman ng iba ay mahabà. Tunay ngang napakahirap kilalanin ang wasto at tumpak na sistema ng mga diin sa wikang Tagalog, na ang usaping ito ay sinukuan kahit ng mga kilaláng mahuhusay na mga tao at silá nga ay nagwika pa na marahil hindi nga ito maaaring matutuhan. Ayon kay Fray Gaspar de San Agustin, lubos na mahirap ang pagtatakda ng mga panuntunan sa sistema ng diin sa wikang ito, na sinang-ayunan naman ni P. San Joseph Demostenes, na isang dalubhasa sa wikang Tagalog. Sa aklat naman ni P. Thomas Ortiz, na nagtangkang bigyan ng liwanag ang usaping ito, ay nagpasiya sa bandáng hulí na huwag na itong isáma bílang bahagi ng kaniyang aklat at hayaan na lámang ang mga mambabasa na pumilì kung alin sa mga panuntunang binabanggit sa iba't ibang aklat ang maaari niláng mapakinabangan. Binanggit ni Padre Bergaño sa ikalabingwalong kabanata ng kaniyang aklat na ang salitang sala ay may anim na mga kahulugan: kasalanan, ilaw, nilalang tungkod, pawiin, magdalang-tao ang isang babae at pagkakamaling pisikal; na bawat isa sa mga kahulugan na ito ay nararapat lámang na lagyan ng angkop na tuldik, kung hindi mo nais na mabigyan ng peras gayong humihingi ka ng tinapay. Tinapos ng naturang pari ang usaping ito sa pagsasabing "upang lubos na maunawaan ang wastong paggamit ng sistema ng diin sa wikang ito, nararapat lámang na pag-aralan ito sa tulong ng mga taal na tagapagsalita nitó, upang sa gayon ay ganap na makapagsalita sa wikang ito." Nararapat ding humingi ng liwanag mula sa ating Amang Lumikha: *descendat a Patre luminum*. Ang tinaguriang Ciceron sa wikang ito na si Fray Francisco de San Joseph ay nagwika sa pahina 762 ng kaniyang aklat na "bílang paglalagom, ang bagay na aking napagtanto hinggil sa usaping ito ay napatunayan ko na hindi sapat ang aking nalalaman ukol dito, lalo't higit kung ang pag-uusapan natin ay ang paraan ng pagsusulat sa wikang ito." Tunay ngang marami at lubos na mahirap makilála ang kaibhan ng mga diin ng mga salita upang magtakda ng mga panuntunan para sa mga ito. Nais ko ring idagdag na ang sikat na Bokabularyo ni Padre San Lucar ay

difícil, la dificultan más muchos autores con sus explicaciones, y con la variedad en numerarlos y notarlos. Unos ponen dos o tres; otros ponen hasta siete y él sigue a los que ponen solo cuatro. Esta ingenua confesión se halla también en casi todos los Artes, que he visto de varias lenguas filipinas, como son López, Mentrido, Esnano, Ezguerra, Benavente, Alménez y Marín.

2. A vista pues de tantos y tan doctos pareceres, ¿qué esperanza le quedará a mi pobreza de adelantar el asunto? De buena gana omitiría yo este argumento, sino me viera en la precisión de tomar partido, por causa de oficio que tengo. Digo pues lo primero que si nuestros Autores Tagalistas entendieran los dialectos griegos y sus tonos, sin duda hubieran reducido la Prosodia Tagala, a los griegos baritonos, oxítonos, paronitonos, proparoxítonos Nsz. Pues realmente a mi opinión, se dan mucho la mano, y tienen gran parentesco las dos prosodias dichas, griega y tagala. Lo mismo digo de los chinos, nuestros vecinos y colaterales. Estos dejando la cantidad de las sílabas, que es propia de la voz humana, y con ella identificada, se explican mejor por entonaciones o tonadillas sin ser Buenos Músicos; y esto porque lo pide la naturaleza, uso y costumbre de su idioma sínico. Y no pienses que esta opinión es nueva ni discurso mío, sino que ya hace más de ochenta años, que la imprimió en su Arte Tagalog, el doctísimo Padre Oyanguren, Franciscano.

3. Pero en fin ya que los señores españoles se han empeñado en latinizar y castellanizar a todas las naciones conquistadas, nos acomodaremos por grado o por fuerza al estilo, y a la moda ordinaria de sus autores, sin introducir nuevos vocablos de tonos ni acentos admitiendo como admitimos los cuatro del Padre San Lucar con todas las reglas que nos da allí en su Vocabulario, pero sin olvidar la licencia que permite imitarla lo que la de los naturales en lo posible. Los acentos principales según dicho Padre, son cuatro dejando aparte otros muchos que es imposible darles regla fija a saber: penúltima producta grave o aguda, penúltima producta pausal, penúltima correpta grave o aguda, penúltima correpta gutural. La explicación y notas de estos acentos están

nagpahayag din na ang pagtatakda ng mga tuwirang panuntunan higgil sa diin ng mga salita ay isang napakahirap na usapin sa wikang Tagalog, na nakalilito na nga ay lalo pang pinagulo ng maraming may-akda sa pagbibigay nilá ng iba't ibang paliwanag ukol dito. Ang iba ay nagsasabi na dalawa lámang ang sistema ng diin. Subalit mayroon ding nagsasabi na tatlo; samantalang ang iba naman ay nagsasabi na umaabot ito ng anim. Para kay P. San Lucar, ito ay binubuo lámang ng apat na panuntunan. Ang pahayag na ito hinggil sa kaguluhan ng sistema ng diin ay matatagpuan sa halos lahat ng mga aklat na aking nabása tungkol sa mga wikang Filipino katulad ng aklat nina Lopez, Mentrida, Esnano, Ezguerra, Benavente, Almenez, at Marin.

2. Ngayong nakita na natin ang mga pananaw ng mga dalubhasa, ano pa ang dapat pag-usapan hinggil sa sistema ng diin na tunay ngang salat? Gayunman, higit na mainam na umiwas na lámang ako na makipagtalo at ipahayag na lámang ang sarili kong pananaw hinggil sa usaping ito, na siyá namang pangunahing dahilan sa paglilimbag ko ng aklat na ito. Una ay nais kong sabihin na kung ang mga manunulat sa wikang Tagalog ay may kaalaman sa mga diyalekto ng mga Griyego kasáma ng mga tunog nitó, walang pag-aalinlangan na hinalaw nilá ang Prosodi ng Wikang Tagalog sa sistemang baritono, oxytono, paroxytono, at proparoxytono ng mga Griyego. Sa aking palagay, ang sistema ng prosodi ng mga wikang Griyego at Tagalog ay mayroong malaking pagkakatulad sa isa't isa. Ganoon din ang nais kong sabihin kaugnay sa wika ng ating kalapit-bansang Tsina. Sa kanilang wika, hindi gaanong binibigyan ng pansin ng mga Tsino ang habà ng tunog ng mga pantig, sapagkat natural na lámang itong isinasagawa ng isang táong nagsasalita, at sa pamamagitan nitó ay higit na maipaliliwanag ang entonasyon at uri ng tunog nitó, kahit na hindi ka mahusay sa larangan ng musika. Ito ay sa kadahilanang ito ang itinatakda ng likas na katangian, gamit at kaugalian ng pagsasalita sa wikang Tsino. Subalit huwag mong iisipin na bago at sa akin nanggáling ang pananaw na ito; sa halip ay halos walumpung taón na ang nakalipas nang tinuran ito ng dalubhasang pari na si P. Oyanguren, Pransiskano sa kaniyang aklat na *Sining ng Wikang Tagalog*.

3. Bagama't ang nais ng mga panginoong Espanyol sa bandáng hulí ay gawing katulad nilá ang lahat ng kanilang mga sinakop na bansa, marahil hindi naman masamâ kung pagsusumikapan nating iakma sa kanilang sariling gawi at pangkaraniwang paraan ng pagbigkas at pagsusulat, na hindi na kailangan pang magdagdag ng mga bagong salita o panuntunan sa sistema ng diin. Sa pagkakataóng ito ay nais nating kilalanin ang apat na sistema ng diin na itinakda ni P. Sanlucar, kasáma ng lahat ng mga panuntunan na kaniyang inilahad sa Bokabularyo; samantalang, huwag kalilimutan ang paghingi ng kapahintulutan na gayahin ito ng mga taal na tagapagsalita ng wikang Tagalog sa paraang maaari. Ayon sa nabanggit na pari, mayroon lámang apat na paraan ng sistema ng diin at dapat na lámang ipagwalang bahala ang iba pa, sapagkat hindi maaaring gawing tiyak ang mga panuntunan para sa mga ito. Ang apat na sistemang nabanggit ay ang mga sumusunod: *penúltima producta grave o aguda, penúltima producta pausal, penúltima correpta grave o aguda,* at *penúltima correpta gutural*. Ang mga paliwanag at mga tala sa mga sistema ng diin na ito ng may-akda ay

bien explicadas en dicho autor, cuyo libro es bien ordinario y anda en las manos de todos por lo cual nos remitimos a él, para ahorrar tiempo y papel.

4. Pero advierta el lector que hay dos géneros de acento. El primero se llama natural radical y es aquel que tiene la sílaba secundum se, antes de juntarse con otras, y prescindiendo de toda composición. El segundo acento es el tono que se le da a la sílaba, breve o larga, conforme a las reglas del arte del uso y de la costumbre. Acontece pues a cada paso, que una misma sílaba varíe su acento natural, conforme a los tiempos y composiciones y conforme también al gusto de los Poetas, dejando el suyo propio radical, y tomando otro que llaman de posición o postura. Y así sucede que una misma sílaba tiene un acento en presente, otro en pretérito, otro en futuro, y otro en otros tiempos. Ejemplo: en estas palabras àstro, àrma, gòzo la primera vocal que es 2; por su natural cantidad, identificada con la sílaba, había de ser de acento breve, siendo como es principio de sílaba pero por razón de la regla Nebrija que dice: consona si duplex Nsz= ya no puede subsistir su acento natural breve; sino que es preciso darle el acento largo, y como a tal, se le notará con la virgulilla correspondiente encima. Lo mismo verás a cada paso en otras mil sílabas y dicciones: averigüe, asaje, azote, los cuales tienen el acento agudo en la penúltima porque son imperativos pero hazlos tú pretérito perfectos, y verás como mudan luego este mismo acento a la última vocal diciendo averigüé, asajé, azoté,. Esto es en la prosa, porque en el verso, son increíbles las mudanzas que hacen cada día, con su propia libertad y licencia, los Señores Poetas.

5. Así también en nuestra lengua tagala, hace acento natural radical, y hay acento de posición. Para saber cual es el natural radical, ya nos da bastantes reglas el Vocabulario de San Lucar, que debes tener presente. Para el acento de posición, es menester estudiar bien los Artes, y mejor a los Poetas Tagalos sin cuya guía es imposible saber bien la lengua jamás. Lo que te aconseja Fray Gaspar al folio 32 número 4 es esto que para el efecto de acertar los acentos de esta lengua, ayuda saber los caracteres de ella, los

matatagpuan sa kaniyang aklat, na halos lahat ng tao ay nagmamay-ari ng sipi nitó, na siya namang dahilan kung bakit hinihimok ko na lámang na sumangguni kayó dito upang makatipid sa panahon at papel.

4. Nais kong ipaalala sa mambabasá na may dalawang uri ng diin ang mga salita. Ang una ay tinatawag na natural na diin sa anyo nitóng salitang-ugat; at ang pangalawa ay yaong mga salita na may diin sa pangalawang pantig bago pa man ito isáma sa iba pang mga salita sa pagsusulat ng isang katha. Ang pangalawang uri ng diin na ito na taglay ng pantig ay maaaring mahabà o maikli, alinsunod sa mga panuntunang itinakda sa aklat, sa gamit, at gawi sa pagsulat at pagsasalita nitó. Kung kayâ't nangyayari na ang parehong pantig ay magkakaroon ng idiin na iba sa natural na diin nitó sa anyong salitang-ugat, batay sa kung ano ang panahunan ng mga salitang ito at sa uri ng katha na ginamitan ng mga ito, o batay din sa kagustuhan ng mga makata, kung gagamitin nilá ang natural na diin nitó sa anyong salitang-ugat o kayâ'y ibahin ang diin nitó batay sa kung saan matatagpuan ang salitang ito sa pangungusap, na tinatawag niláng diin batay sa posisyon. Itong ang nangyayari sa pantig ng isang salita na nag-iiba batay sa kung ano ang panahunan nitó. Iba ang diin nitó kung ito ay násа panahunang pang-kasalukuyan; iba rin kung pangnagdaan; at iba rin kung panghinaharap o iba pang panahunan. Halimbawa, sa mga salitang *àstro, àrma, gòzo,* ang unang patinig na a, na nagtataglay ng natural na diin sa anyo nitóng salitang-ugat at tuwirang tinandaan kung saang pantig ito matatagpuan, ay nararapat maging maikling diin sapagkat ito ay simulang pantig. Subalit kung susundin ang panuntunang itinakda ni Nebrija, na nagwika na: *consona si duplex* ang maikling natural na diin nitó ay hindi maaaring manatili, ngunit sa halip ay dapat maging mahabà ang diin nitó, kung kayâ't kailangan lagyan ito ng virgulilla sa tuktok nitó. Ganoon din ang nangyayari habang binabago ang gamit ng napakaraming mga salita katulad ng mga sumusunod na halimbawa: *averìgue, aràje at azote,* na may tuldik na pahilis sa una sa hulíng pantig sapagkat násа panaganong pautos. Subalit kung ang mga ito ay gagamitin sa panahunang pangnagdaan katulad ng mga sumusunod na halimbawa: averigué, arajé, at azoté, makikita kung paano inilipat ang diin sa hulíng patinig. Ito ang nangyayari sa Prosa o Tuluyan; subalit iba ang nangyayari sa Tula, na bawat araw ay lalong nagiging karima-rimarim ang mga pagpapalit na ito ng diin gamit ang lisensiya poetika ng mga makata.

5. Ganoon din ang nangyayari sa wikang Tagalog. Ang mga salita ay nagtataglay ng natural na diin sa anyo nitóng salitang-ugat at nagbabago ang diin nitó batay sa gamit at kung saang lugar matatagpuan ang salitang ito sa isang katha. Upang higit na maunawaan kung aling mga salita ang nagtataglay ng natural na diin sa anyo nitóng salitang-ugat, mangyaring sumangguni sa mga panuntunan na itinakda sa Bokabularyo ni San Lucar, na kung maaari ay palagi mong hawak-hawak. Hinggil naman sa diin na nagbabago-bago batay sa gamit at kung saang lugar matatagpuan ang salitang ito sa isang katha, mainam na pag-aralang mabuti ang mga aklat na may kaugnayan dito, o kayâ'y sumangguni sa mga makata sa wikang Tagalog, na kung hindi nilá táyo papatnubayan ay hindi kailanman natin matututuhan ang wikang ito. Ang

cuales distinguen los acentos con raro modo. Es cierto que es raro, y tan raro modo, que hasta ahora ningún tagalista se ha atrevido a darnos reglas. Pone ejemplo y dice que este término gabi, significa la noche, y significa una especie de batatas quando significa la noche se escribe así:  una **g**, y una **I**, nada más pero cuando significa la batata o camote se escribe así claramente  gabi. Item. Este término olol ya queda dicho como se escribe de dos maneras. Y con todo, el ladino y sabio entre ellos, los lee y escribe velozmente sin tropezar.

6. Lo que yo siento es que ningún tagalista nos ha dado reglas, para saber esta diferencia y supledura de consonantes suspensas como las hay en otras lenguas orientales, que si tuvieramos esto, desde luego sería una gran conveniencia y ahorro de tiempo, papel, y cabeza, porque vamos claros. Señores, este término Taurus en lengua latina, significa siete cosas, esto es el Toro, un signo celeste una ciudad de España, un monte de la Armenia, un instrumento de guerra, y otras dos más. Pero para todas siete, y para cualquiera de ellas, nunca se escribe con más ni menos letras, con más ni menos acentos que lo dicho; esto es taurus y más taurus y el pobre lector que ve este dicho término, escrito en un papel, solo y sin compañía de otras palabras por más que la encuentres por aquí y por allí, siempre se quedará hecho un Torete, perplejo y equivoco; pero si está escrito entre otros, entonces por lo que antecede y por lo que se sigue, puede facilmente adivinar el verdadero significado de Taurus.

7. Pero en nuestros Caracteres Tagalos no es así, porque en viendo escrita esta palabra ayauan v.g. aunque ella tenga como tiene tres significados, luego adivinan, o mejor diré, luego ven claramente cual de los tres le pertenece; porque de tantas maneras se escribe, cuantos significados tiene. Atiende y verás el primor cuando significa, no sé, se escribe así:  ai-a-uan. Cuando significa reusar no querer, se escribe así:  a-yao-an. Cuando significa repartir a todos, se escribe así:  a-ya-uan. Y conforme se escribe, se pronuncia siempre constantemente; no como los franceses que escriben una cosa, y pronuncian otra

payo ni Fray Gaspar sa tomo 32 blg. 4 ay ito: upang tuwirang matukoy ang sistema ng diin ng wikang ito, maaaring makatulong ang pag-aaral sa mga karakter nitó, na may pambihirang paraan ng pagkilála ng kaibhan ng bawat isa sa mga ito. Tunay nga itong pambihira na kahit ang mga dalubhasa sa wikang Tagalog ay hindi man lámang nagtangka na magbigay ng mga angkop na panuntunan hanggang sa kasalukuyan. Halimbawa, ang salitang *gabi*, na nangangahulugan ng gabi ay maaari ring mangahulugan ng isang uri ng patatas. Kapag ang salitang ito ay nangangahulugan ng gabi, ito ay nakasulat sa ganitong paraan ᜄᜊᜒ na binubuo ng katinig na g at patinig na i, at wala ng iba pang mga kasámang salita. Subalit kapag ito ay nangangahulugan ng patatas o kamote, ito ay malinaw na isinusulat sa ganitong paraan ᜄᜊᜓ. Ganoon din ang nangyayari sa salitang *olol*, na isinusulat sa dalawang magkaibang paraan. At ang lahat ng mga dalubhasa sa wikang ito ay may kakayahang magbasá at magsulat nang mabilis sa ganitong paraan ng walang anumang balakid.

6. Ang aking ikinalulungkot ay walang sinumang dalubhasa sa wikang ito ang nagtangkang magbigay ng mga panuntunan upang kilalanin ang mga pagkakaibang ito ng bawat salita at ang pagpapalit ng mga katinig na may tunog na nakabitin katulad ng ibang wika sa Silangan. Totoong taglay din ito ng ating wika, na una sa lahat ay upang higit na mapadalî ito at upang makatipid sa panahon, papel at labis na pag-iisip. Tingnan natin mga ginoo, ang salitang *Taurus* mula sa wikang Latin. Maaari itong tumukoy sa pitóng bagay: Toro na isang lawas pangkalawakan, isang lalawigan sa Espanya, isang bundok sa Armenya, isang gamit pandigma, at dalawa pang bagay. Subalit para sa lahat ng pitóng kahulugan nitó, at para sa kahit ano sa kanila, ang salitang ito ay isinusulat lámang sa isang paraan gamit ang parehong mga titik, walang labis walang kulang at ito ay tumutukoy sa salitang *Taurus*. Ang sinumang mambabasá na makikita itong nakasulat sa papel, nag-iisa man ito o kasáma ng iba pang mga salita, ay mangangahulugan na isang guya at wala nang iba pa, maging dito man o doon ito makikitang nakasulat. Subalit nakaugnay ito sa iba pang mga salita na nauuna o sumusunod dito na magiging basehan ng totoong kahulugan ng salitang *Taurus*.

7. Subalit hindi ganito ang mga karakter ng ating wikang Tagalog, sapagkat kung makikitang nakasulat ang salitang *ayauan*, bagama't maaari itong magkaroon ng tatlong kahulugan, maaari nang mahulaan ang iba pang kahulugan nitó, o sa madalíng salita ay madalíng malalaman kung alin sa tatlong kahulugan nitó ang nais tukuyin, sapagkat nakabatay ang kahulugan nitó sa iba't ibang paraan ng pagsulat ng salitang ito. Bigyan ng pansin ang mga sumusunod na halimbawa at iyong mauunawaan ang ibig kong sabihin: kapag ang nais ipakahulugan ay hindi ko alam, ito ay isinusulat sa ganitong paraan ᜁᜁᜂ *ai—a-uan*; kapag ang kahulugan naman ay ayaw na muling gamitin ay sa ganitong paraan ᜁᜌᜁ *a-yao-an*; kapag ipamahagi sa iba ay sa ganitong paraan ᜁᜌᜂ *a-ya-uan*. Kung paano ang salita ay isinusulat ay ganoon din ito palagiang binibigkas, na kakaiba sa wikang Pranses na ibang-iba ang paraan ng pagbigkas nitó sa kung paano ito isinusulat. Bahagya nating pakinggan kung ano ang sinasabi

muy distinta. Oigamos un poco a Monsieur Gamące Permer.

> *Le fort dificile de aprendre la langue Francese, a cause qui elle abras conpose diference de la langué. Flavia e de Aguos, agres la pronuntiacio ce plus toute le restaes. I e vous aiscuré qu' quant est de moy, la langué d'les Tagale me plaist bien plus qu'ancune antre, ni mesme la langue Castillane, ne s' aproche de beau coup, parce qu' il n' aoas long temps, qu' on parlou fort grossiere mene en castille. Mass ce que la facilité a d' avantage de la langue Tagale est, que ;'on parle de mesme comme l'on escrit, et se perdene fort peu de letres en parlane:*

Pero aca en tagalog no es así a Dios gracias, sino que van muy conformes la pronunciación y la escritura, de manera que el que supiere leer bien estos caracteres, con tal que estén bien escritos, al instante conoce la pronunciación, el acento, el tonillo, el significado cierto, y otras cosas que allí se encierran. Toda la diferencia consiste en suplir, trocar o expresar a su tiempo, algunas letras pero sin añadir de nuevo, a las que pide la palabra de por sí. ¿Quién creerá que esta palabra sala, la cual significa diez cosas, la escriben de diez maneras? Pues ello es certísimo, y ello es que se entienden. Ni te debe esto causar admiración, porque lo mismo sucede en otras lenguas; y aún en la latina si buscas las inscripciones antiguas de Romanos que tradujo Grutero, y el Maestro Flórez en su España sagrada, verás como aquellas no se pueden leer, sin adivinar y preguntar a los muy sabios porque hay allí letra sola, que significa y puede decir catorce cosas diferentes.

8. La mayor dificultad está en pronunciar natural y rectamente y también en entenderlas cuando el tagalo las pronuncia; que si no tienes oído de corzo y de buen músico, trabajo te mando. Pero no hay que desconsolarse por esto pues a Dios gracias los tagalos tienen bastante paciencia para sufrirnos, y sobrada prudencia para entender y emendar nuestros defectos. Lo mismo sucede en España con los alemanes y franceses, los cuales por más que estudien y aprehendan la

ni Ginoong Gamace Permer.

> *Ang mahirap na aspekto ng pag-aaral ng wikang Pranses ay ang pagkakaiba ng kung paano ito binabaybay sa kung paano ito binibigkas. Ayon kay Flavia e DeCaquis, pare-pareho ang paraan kung paano binibigkas ang mga salitang Pranses na may iba't ibang kahulugan. Tinitiyak ko sa inyo, na para sa akin, gusto ko ang wikang Tagalog nang higit sa iba pa, na kahit ang wikang Kastilyano ay hindi malapit dito dahil hindi naman ganoon kahabang panahon ang nakalipas kung kailan may kagaspangan ang pananalita ng mga taga-Kastilya. Ngunit ang madali sa wikang Tagalog ay magkatulad ang salita at baybay at higit na kaunti ang mga titik na nawawala sa pagsasalita.*

Salamat sa Diyos at hindi ganito ang wikang Tagalog. Sa halip, ang pagbigkas at paraan ng pagkakasulat ng mga salita ay magkatulad, na sinumang mahusay sa pagbása ng mga karakter ng wikang ito, hangga't ito ay mahusay na naisulat, ay madalîng malalaman ang paraan ng pagbigkas, ang diin, tono, totoong kahulugan at iba pang bagay na nakapaloob dito. Ang lahat ng kaibhan ay binubuo lámang ng pagpapalit at paglalaro sa ilang mga titik, subalit walang dapat na idagdag sa pangangailangan ng salitang ito na magbago ang kahulugan. Sino ang maniniwala na ang salitang *sala*, na may sampung kahulugan, ay isinusulat sa sampung paraan? Tunay ngang totoo ang bagay na ito, na itinuturing na *ori* at dapat na ito ay maging kapuri-puri, sapagkat nangyayari rin ito sa ibang mga wika. Maging sa wikang Latin, kung titingnan ang mga lumang inskripsiyon ng mga Romano na sinipi at isinalin ni Grutero, at maging sa aklat ni Maestro Flores na pinamagatang *Banal na Espanya*, makikitang hindi rin iyon maaaring mabása nang hindi manghuhula at sasanguni sa mga dalubhasa. Ito ay dahil mayroon itong isang titik lámang na maaaring ipakahulugan sa labing-apat na magkakaibang bagay.

8. Ang pinakamalaking suliranin ay ang pagbigkas nang natural at wastong paraan at ganoon din ang pag-unawa ng isang salita kung bibigkasin ito ng isang taal na Tagalog. Tunay ngang wala kang kakayahan tulad ng isang mahusay na alagad ng musika at kumikilos lámang kung napag-utusan. Subalit hindi ito dahilan upang mawalan ng pag-asa sapagkat salamat sa Diyos na ang mga Tagalog ay mahabà ang tiyaga upang kami ay bigyan ng pansin at pahalaga at silá ay nagtataglay ng malawak na pang-iisip upang kami ay unawain at pagbigyan sa aming mga pagkukulang. Ganito rin ang nangyayari sa mga Aleman at Pranses sa Espanya, na anumang pagtitika na matutuhan nilá ang wikang Espanyol, ay lubos niláng nauunawaan ang kanilang kakulangan sapagkat hindi naman nilá ito kinalakhan. Nangyayari rin ito sa mga Gallegos, Andaluces, Valencianos, Vizcainos at sa iba pa. Ito ay sa dahilang nananatili ang paraan ng kanilang paggamit sa sarili niláng

Castellana, siempre se les conoce el defecto de no haberla mamado. Y lo mismo digo de los gallegos, andaluces, valencianos, vizcaínos y otros; y la razón es porque aunque hablen palabras castellanas, siempre retienen la praxis y estilo de su país.

9. Los Autores Tagalistas, no hacen esto de las sílabas primas, ni medias, ni quisieron darnos noticia de su cantidad, en las dicciones polisílabas; y fue este un yerro muy notable (fuera de otros muchos) porque tiene esta lengua tagala muchas voces disílabas, cuadrisílabas, pentasílabas, y hexasílabas en que suele haber una vocal ante otra y de su misma pronunciación se enfiere ser la antecedente breve, porque gasta un solo tiempo v.g. biguian en este caso semejante, pudieran dichos autores haber seguido la puntuación latina en la sílaba antecedente v.g. lègere, cùrrere, vìvere, y con esto ahorrarnos mucho tiempo y paciencia en ir a registrar Vocabularios. Medias sílabas breves son: ìlaw, lòsao, hùsai, pànao, nğàlai, pìlai, Nsz. Medias sílabas largas son: alagao, alitao, andoi, arai, balai, dilao, ticao, pantai, apui 8sz. Los Vocabularios Tagalos no apuntan el acento de las dicciones monosílabas que son: v.g. ba, ca, ma, na, si, at, ni, hi, au, oo, oa, 8sz. Pero hacen mal en ello, porque es certísimo apud omnes, deben tener y tienen su tiempo y cantidad natural, breve o larga, aguda o grave, en todas las lenguas del mundo, especialmente en la latina como lo prueba Don Marco Márquez de Medina, en su Arte Explicado y Gramático Perfecto, sexta impresión de Madriz. Digo pues brevemente, que todas las partículas de interjección, pasiones de ánimo, y sus dependientes en pasiva, son de acento agudo: v.g. ba! Patai narao. ¡A Dios! Dicen que murió. Mà, hologcadiyan! ¡Mira, no sea que caigas ahí! Este Ma de recelo, siempre es agudo; y lo mismo su hermano Maca. Y por esta regla se pueden sacar otros muchos, e irlos apuntando poco a poco en el Vocabulario. De las raíces disílabas o de dos sílabas, y atrata bien en lo posible, el citado Padre San Lucar. Lo mismo de las trisílabas y polisílabas, a cuya doctrina me remito, por ir con la corriente, y no suscitar nuevos pleitos, en perjuicio de la caridad que estimo más que todo.

10. Solamente quisiera yo, y quisieran todas, que en lugar de aquellas notas o cifras inventadas ad placitum como pp pc. hubieran puesto las virgulillas que usa todo el mundo, encima de la vocal que

wika bagama't nakapagsasalita rin silá ng wikang Espanyol.

9. Hindi binabanggit ng mga dalubhasa sa wikang Tagalog kung saang pantig ang diin ng mga salita, kung ito ba ay nása una o gitnang pantig. Wala rin siláng nabanggit hinggil sa habà ng tunog ng bawat pantig sa mga salitang binubuo ng maraming pantig. Isa itong kapansin-pansing pagkakamalî (bukod sa marami pang iba) sapagkat maraming mga salita sa wikang Tagalog ang nagtataglay ng dalawa, tatlo, apat, lima at anim na pantig, na pinaghihiwalay ng isang patinig at mismong sa sariling bigkas nitó ay malalaman na ang sinusundang pantig ay maikli sapagkat iisa lámang ang habà ng tunog ng pagbigkas sa bawat pantig katulad ng hal. *biguian*, na sa pagkakataóng ito ay maaaring sundin ng mga nabanggit na may-akda ang sistema ng wikang Latin sa paglalagay ng diin sa sinusundang pantig katulad ng mga hal. *légere, cúrere, vívere,* upang sa ganoon ay makatipid sa panahon at tiyaga sa pagsasáma ng mga salitang ito sa Bokabularyo. Ang mga salitang binubuo ng dalawang pantig ay nagtataglay ng tuldik bago ang hulíng pantig at ito ay bahagyang mahabà katulad ng mga sumusunod na hal. *ílao, lósao, húsai, pánao, ngálai, pílai*, atbp. Ang halimbawa ng mga salitang may mahabàng bigkas ang pantig bago ang pinakahulí ay ang mga sumusunod: *alagáo, alitáo, andói, arái, balái, diláo, ticáo, pantái, apúi,* atbp. Hindi nagtataglay ng tuldik ang mga salitang Tagalog na binubuo lámang ng isang pantig katulad ng mga salitang sumusunod: *ba, ca, ma, na, si, at, ni, hi, au, oo, oa, atbp*. Subalit malî ang kanilang ginagawa, sapagkat maliwanag, *apud omnes*, na dapat magtaglay ng tuldik ang mga salitang ito na talagang mayroong natural na tunog sa paraan ng pagbigkas, na maaaring maikli o mahabà, o kayâ'y matinis o mababà, katulad ng lahat ng mga wika sa mundo, lalo't higit sa wikang Latin, alinsunod sa pagpapaliwanag ni Don Marco Marquez ng Medina, sa kaniyang aklat na pinamagatang *Ang Perpektong Balarila*, pang-anim na edisyon ng Madriz. Nais kong banggitin sa maikling pananalita, na lahat ng mga tandang padamdam, mga marubdob na damdamin, at lahat ng kahalintulad na damdamin, ay nagtataglay ng matinis na diin katulad ng mga sumusunod na hal. *bà! patainarao*. Diyos ko! Sabi nilá patay na siyá. Mà, hologcadiyan! Tingnan mo at bakâ mahulog ka dyan! Ang panglaping *Ma* ay palaging matinis, at ganoon din ang kapatid na *Maca*. Marami pa ang kahalintulad ng mga salitang sumusunod sa batas ng pagpapantig na ito at unti-unti nang naisasáma sa Bokabularyo. Hinggil sa mga salitang-ugat na binubuo ng maraming pantig, o maging iyong mga binubuo lámang ng dalawang pantig, ay binigyang pansin ng nabanggit na si Padre San Lucar, sa abot ng kaniyang makakáya. Ganoon din ang mga salitang binubuo ng tatlo o higit pang pantig, na lubos kong pinaniniwalaang dapat isakatuparan, katulad ng nangyayari sa kasalukuyan at huwag nang magbahagi pa ng mga panibagong paraan ng pagbigkas, na tunay ngang lalong nagpapagulo sa kaliwanagan ng mga batayang batas, na labis kong pinahahalagahan higit sa kahit anupaman.

10. Nais ko lámang, katulad ng sinasabi ng lahat, na sa halip na gamitin ang mga tanda o simbolo na tinuklas lámang upang gawing madalî ang lahat katulad ng *pp* at *pc*, ay dapat gumamit ng mga *virgulilla* na siyang ginagamit ng lahat, na inilalagay sa ibabaw ng patinig na nagtataglay ng nanaig na

tiene el acento predominante; como v.g. malacàs, guilalàs, matigàs Nsz o en estos: bùcas, bìgas, àgas, et cetera: y con esto nos ahorraban mucho trabajo, en ir a ver las reglas y los vocabularios a cada término: fuera de que con esto han hecho errar a muchos pensando que estas cifras propiamente significan penúltima producta; penúltima correpta, a imitación de los latinos; pero no dicen esto sino que la primera cifra pp. quiere decir que la última sílaba de aquella voz, se ha de proferir breve. La segunda cifra pc. quiere decir que la última sílaba de aquella voz donde estuviese, se ha de proferir o pronunciar larga y aguda, como en Castilla, aragonés, alavés, burgalés, montañez, santiagüés. La tercera cifra que es así: pp^ se llama pausal, y se ha de pronunciar con sutileza de manera que parezca cada sílaba distinta y separada como en Castilla, tustus, coscola, y otros varios. De la cuarta cifra no tengo que decir… yo pondré aquí un reparo dificultoso del Padre Oyanguren, el cual dice que en el Vocabulario Tagalo están apuntadas estas dos voces: dalita, dayapa, con la cifra de pc. y que están bien apuntadas; pero su pronunciación es muy distinta en cada voz; luego, ¿en qué consiste esto? Responden los tagalistas, que aquí no se atiende a las sílabas medias sino a la última; y lo mismo acontece en España contra las reglas generales, diciendo: Pleitista largo= y Fromista breve, et cetera. Y con esto basta ya de Prosodia Tagala, que todo lo merece y mucho más el Santo Evangelio que en ella se predica.

diin katulad ng mga sumusunod na salita: *malacàs, quilalàs, matigàs* atbp o maging sa mga sumusunod na salita: *bucàs, bigàs, àgas*, at marami pang iba. Sa pamamagitan nitó ay higit na mapapadali ang ating pagbubuo ng mga batas at pagtatakda ng kahulugan ng mga salita. Kung hindi ito isasagawa ay marami ang magkakamalî sa pag-iisip na ang mga simbolong ito ay nangangahulugan ng *penultima producta, penultima correpta*, na inihahalintulad sa wikang Latin. Subalit hindi ito ang nais pakahulugan ng mga ito; sa halip ang simbolong *pp* ay nagpapahayag na ang hulíng pantig ay dapat bigkasin nang maikli. Ang pangalawang simbolo naman ay nangangahulugan na ang hulíng pantig ng salita katatagpuan nitó ay dapat bigkasin nang mahabà at matinis, katulad ng mga sumusunod na salitang Espanyol: *Aragonés, Alavés, Burgalés, Montañéz, Santiagisés*. Ang pangatlong simbolo na: p p ay tinatawag na ***passal*** , at dapat bigkasin nang mainam ang bawat pantig na animo'y bawat isang pantig ay naiiba at magkakahiwalay katulad ng mga sumusunod na salitang Espanyol: *tustus, coscola*, at iba pang halimbawa. Wala akong nais banggitin hinggil sa pang-apat na simbolo. Hindi ko na nais pang magbigay nang higit na mahirap na payo katulad ng sinasabi ni Padre Oyanguren sa aklat na *Bokabularyo ng Wikang Tagalog*, na ang dalawang salitang ito: *dalita, dayapa*, ay maliwanag na nagtataglay ng diin gamit ang simbolong *pc*, subalit ang mga ito ay binibigkas nang iba't ibang paraan sa bawat salita. Ano ang ibig sabihin nitó? Tumugon ang mga dalubhasa sa wikang Tagalog na ang ibig sabihin nitó ay hindi binibigyang pansin ang gitnang pantig, sa halip ay ang hulí, na katulad ng nangyayari sa Espanya, na taliwas sa pangkahalatang batas, katulad ng pagbigkas sa mga sumusunod na halimbawa: *Pleitísta* = mahaba at *Frómista* = maikli, at marami pang iba. At sa hulíng talâ na ito ay tinatapos na natin ang usapin hinggil sa Prosodi ng Wikang Tagalog, na kailangang maunawaan ng bawat isa upang makinabang sa turo ng Banal na Ebanghelyo na ipinahahayag gamit ang wikang ito.

CAP. IV.

de la Pronunciación.

1. En cuanto a la pronunciación que es una de las partes principales de la ortografía, diremos brevemente, que en la lengua castellana, no es lo mismo ad, que ar; ni ob, que op; como v.g. admisión, atmósfera, obtuvo, óptimo. Tampoco es lo mismo cid, bondad, salud, virtud, laúd, Madrid, y otras lenguas, especialmente en nuestra tagala, en la cual es necesario gran cuidado en pronunciar rectamente y con su propio tono, cada consonante de por sí, no sea que mudes la significación, y te expongas a sufrir una carcajada. Por lo que te aconsejo que hagas lo mismo que hacen los aprendices de música, los cuales antes de meterse a cantar cosa alguna, se enseñan primero a fijar la voz, en las notas de la mano musical, ut re mi fa sol la. Así tú también, antes de leer la escritura tagala te has de ensayar bien en sujetar tu lengua y boca, a pronunciar y leer con propiedad, delante de un ladino la Cartilla Siguiente.

Cartilla de la natural y perfecta pronunciación.

2. Ab eb ib ob ub. Ac ec ic oc uc. Ad ed id od ud, Af ef if of uf. Ag eg ig og ug. Al el il ol ul. Am em im om um. An en in on un. Ap ep ip op up. Ar er ir or ur. As es is os us. At et it ot ut. Ay ey iy oy uy. Aa ee ii oo uu. Nab neb nib nob nub. Nac nec nic noc nuc. Nad ned nid nod nud. Mag meg mig mog mug. Pac pec pic poc puc. Oac oec oic ooc ouc. Sag seg sig sog sug. Nga nge ngi ngo ngu. Ngan ngen ngin ngon ngun. Hanga hange hangi hango hangu. Vaua veue viui vouo vuvu. Ngangа ngenge ngingi ngongo ngungu. Yangang yengeng yinging yongong yungung.

3. También conviene mucho ejercisio la lengua en pronunciar bien estos términos tagalos: bot-o, rag-an, big-ar, tam-is, bag-ang, rap-is,

KABANATA IV

Hinggil sa Paraan ng Pagbigkas

1. Hinggil sa Paraan ng Pagbigkas na una sa pangunahing bahagi ng Ortograpiya, bahagya nating babanggitin na hindi magkatulad ng tunog ang mga pantig na *ad* at *at*, maging ang *ob* at *op* katulad ng mga sumusunod na halimbawa sa wikang Espanyol: *admision, atmosfera, obtuvo, optimo*. Hindi rin katulad ng *cid, bodad, salud, virtud, laud, Madrid,* at marami pang iba kung ihahambing ang tunog nitó sa mga salitang *matriz, paz, vez, feliz, voz, reloz, luz*. Iba rin ito kapag binigkas ang salitang Joseph kahambing ng Japher, Moloc, Baruch, Stanhop, Magog, at iba pang salita na may ganitong tunog. Ganoon din naman ang nangyayari sa ibang mga wika, lalo na sa ating wikang Tagalog, na mahalagang maging maingat sa pagbigkas nang wasto at nababatay sa wasto nitóng tunog, lalo't higit sa pagbigkas ng katinig na dapat ay maliwanag ang bawat tunog nitó na animo'y tunog ng isang malakas na halakhak. Kung kayâ't aking iminumungkahi na tularan ang isang mag-aaral ng musika, na bago magsimulang umawit ay inaaalam muna ang mga nota ng isang awitin sa pamamagitan ng pag-awit ng *do re mi fa so la*. Ganoon din ang dapat gawin ng isang nag-aaral na bumása ng wikang Tagalog. Kailangang sanayin nang buong husay ang dila at bibig sa wastong pagbigkas alinsunod sa batayang ito:

Kartilya ng Natural at Wastong Paraan ng Pagbigkas

2. Ab eb ib ob ub. Ac ec ic oc uc. Ad ed id od ud, Af ef if of uf. Ag eg ig og ug. Al el il ol ul. Am em im om um. An en in on un. Ap ep ip op up. Ar er ir or ur. As es is os us. At et it ot ut. Ay ey iy oy uy. Aa ee ii oo uu. Nab neb nib nob nub. Nac nec nic noc nuc. Nad ned nid nod nud. Mag meg mig mog mug. Pac pec pic poc puc. Oac oec oic ooc ouc. Sag seg sig sog sug. Nga nge ngi ngo ngu. Ngan ngen ngin ngon ngun. Hanga hange hangi hango hangu. Vaua veue viui vouo vuvu. Ngangа ngengе ngingi ngongo ngungu. Yangang yengeng yinging yongong yungung.

3. Magiging labis na kapaki-pakinabang din na sanayin ang dila sa pagbigkas ng mga sumusunod na salitang Tagalog: *bot-o, rag-an, big-at, tam-is, bag-ang, rag-is, Pa-nai-am, tag-am, gay-on, ngay-on, guinha-ua, pagcahim-*

Pa-nai-nam, tag-am, gay-on, nĝay-on, guinha-ua, pagcahim-tan, hip-hip, tag-in, lay-in, capapacan-an, pagpapa=hayag, pagpapaliuai-uai, pacasam-in, gab-I, ol-ol, os-os, ot-ot, pag-ong, sa- nĝang, sag-uan, tan-ao, tana-uan, papati-nao-uan, pip-i, bang-al, lago-c. bon-doc, buy-go, tong-ol, lig-ang, sig-ang, bog-ong, pang-us, bal-at, pagit-an,. Y así de otros infinitos, los cuales no se escriben, ni se pronuncian, como parece a la primera vista; porque en los unos, la última vocal, en los otros la penúltima no debe ser herida, de la consonante que precede, sino cortada por el medio, o por lo último, como verás en el arte que estudiares. Y no hay que admirarse, ni menos aburrirse por esto, pues lo mismo les cuesta a los extranjeros que aprehenden de nuevo la lengua castellana; y lo mismo le costará a cualquiera que aprehenda otras lenguas.

4. Oigamos ahora al Glorioso San Gerónimo, en la Epistola ad furiam. Cuando yo era joven, dice, soy amigo de vivir en los desiertos; no podía aguantar los incentivos de los vicios ni el ardor de la naturaleza; el cual aunque lo quebrantaba yo con ayunos continuos, no dejaba de abrazarse la mente de varios pensamientos. La cual para domarla, me entregué por discípulo a un cierto hermano que de Hebreo se había hecho Cristiano, para que me enseñara el Alpabeto Hebreo, y para aprehender a pronunciar aquellas palabras tan difíciles, que parece rechino de dientes, aceros, y suspiros, y esto después de haber yo estudiado las agudezas de Quintiliano; los ríos de elocuencia de Cicerón; la gravedad del Frontón, y la suavidad de Plinio. Cuanto trabajo gaste yo en esto, cuantas dificultades haya sufrido; cuantas veces me desesperé cuantas veces cesé y volví con porfía a empezar de nuevo, mejor lo sabe mi conciencia que lo paso todo, que no los que vivían conmigo. Hasta aquí el Santo Doctor Pen, un Historiador de su vida, dice que llegó al extremo aserrarse los dientes, para pronunciar bien el hebreo. El Gran Padre San Agustín confiesa que la lengua griega, le costó de muchacho, muchos azotes, suspiros, y lagrimas, y que por fin de mejor gana aprehendió la latina.

5. Sírvate de ejemplo el Glorioso Emperador Carlos V. Que estudió y supo diez lenguas con perfección, fuera de otras ciencias que sabía. Este gran Monarca solía decir que la lengua alemana es

tan, hip-hip, tag-in, lay-in, capapa-can-an, pagpapa-hayag, pagpapaliuai-uai, pacasam-in, gab-i, ol-ol, os-os, ot-ot, pag-ong, sa-ngang, sag-uan, tan-ao, tana-uan, papati-nao-uan, pig-I, bang-al, tago-e, bon-doc, buy-go, tong-ol, lig-ang, sig-ang, bog-ong, pang-us, bal-at, pagit-an. At marami pang iba na hindi isinusulat o binibigkas sa paraang inaakalang wasto sa unang kita o rinig sa mga salitang ito. Ito ay dahil may ibang mga salita na matatagpuan ang diin sa hulíng patinig, samantalang sa iba, ang patinig na pumapangalawa sa pinakahulí ay hindi binibigkas karugtong ng sinusundang katinig, at sa halip ito ay pinuputol sa gitna, at pinakahulí ay iyong makikita sa Sining na iyong pag-aaralan. At hindi kailangang maging labis ang paniniwala sa sarili o mabagot sa pagsasanay nitó sapagkat ang lahat ng dayuhan ay nakararanas din ng hirap sa pag-aaral ng wikang Espanyol at iba pang mga wika.

4. Pakinggan natin ngayon si San Jeronimo sa kaniyang isinulat ukol sa pagkabagot: noong batà pa ako ay naninirahan ako sa ilang. Hindi ko káyang umiwas sa tawag ng kasiyahan ng laman. Bagama't bahagya ko itong naisasantabi sa pamamagitan ng patuloy na pag-aayuno, pumapasok pa rin sa aking isipan ang mga bagay na ito. Dahil dito, nagpasiya akong magpasailalim sa patnubay ng isang Ebreo na naging Kristiyano, upang turuan niya ako ng Alpabetong Ebreo at upang ako ay matuto na bigkasin ang mga salita ng wikang nabanggit na tunay at labis na mahirap bigkasin, na animo'y pinagkikiskis na mga ngipin o kayâ'y aserong bakal, at sunod-sunod na buntonghininga. Nangyari ito matapos kong pag-aralan ang mga hirap na pinagdaanan ni Quintiliano; ang kagalingan sa pagsasalita ni Cicero; ang husay ni Fronton; at ang pagiging malumanay ni Plinio. Kapag ako ay nag-aaral, palagi kong isinasaisip na kahit anong hirap ang aking pagdaanan, ilang ulit man akong mawalan ng pag-asa, at ilang ulit mang akong huminto ay muli akong nagsisimula nang may higit na paninindigan. Tanging ako lámang ang nakakaalam na nangyayari ito sa akin at ito ay lingid sa aking mga kasamahan. Nais kong banggitin na ang Banal na Doctor Pen, na isang historyador ng kaniyang sariling buhay ay nagwika na dumating ang pagkakataóng nagngangalit na ang kaniyang mga ngipin upang mabigkas lámang nang wasto ang wikang Ebreo. Nabanggit din ng dakilang Padre San Agustin na nahirapan siyá sa pag-aaral ng wikang Griyego noong siya ay batà pa. Maraming mga palò, buntonghininga at luha ang kaniyang itinangis at sa bandáng hulí ay labis siyáng nagpasalamat na natutuhan niya ang wikang Latin.

5. Mahalaga ring banggitin ang halimbawa na ipinamalas ng Dakilang Emperador Carlos V, na nag-aral at natutuhan nang buong husay ang sampung wika, bukod sa iba pang kaalaman sa larangan ng agham. Malimit banggitin ng dakilang haring ito na ang wikang Aleman ay mainam na gamitin sa pakikipag-usap sa mga asal hayop; ang wikang Italyano sa pakikipag-usap sa kababaihan; ang wikang Ingles sa pakikipag-usap sa mga ibon; ang wikang Pranses sa pakikipag-usap sa mga tao; at ang wikang Espanyol sa pakikipag-usap sa Diyos. Ano kayâ ang kaniyang masasabi tungkol sa wikang Tsino at

buena para hablar con los brutos; la italiana para hablar con mujeres; la inglesa para hablar con pájaros; la francesa para hablar con hombres; y la castellana para hablar con Dios. Pues, ¿qué diría de la china y japonesa si las hubiera comprehendido? Dejemos ahora al Miridates Rey de Ponto que supo veintidos lenguas; y dejemos a otros muchos Hermes de la antigüedad. En nuestra era, y en nuestra España tenemos ejemplares de hombres Insignes que supieron muchas y difíciles lenguas, como verás en Fecijoo y en Murillo, y en otros autores quien ignora la habilidad estupenda de Doña Luisa Sigea, maestra de las hijas del Rey de Portugal, Don Manuel. Esta Señora sabía con perfección veinte ciencias, y veinte lenguas. Escribió una carta al Papa Paulo Tercero, en lengua latina, griega, hebrea, caldaica, y arábiga, con tanto primor y elegancia en cada una, que suspendió a toda Roma en admiraciones, y obligó al Pontífice a responderle con un breve lleno de gracias bendiciones y elogios. Nada menos era su hermana Ángela Sigea, la cual sabía tocar con destreza todos los instrumentos músicos, y compañía excelentes versos con todas las lenguas vivas de la Europa.

6. Yo he conocido aquí en Filipinas hombres diestros en las lenguas hebrea, griega y tagala, y me han asegurado que no tiene dificultad esta última, pues en dos meses de mediana aplicación, se puede aprehender lo bastante por el arte, y en otros dos meses de Vocabulario y práctica con los naturales, se puede perfeccionar lo posible. Para lo cual anímate a estudiar la Ortografía Tagala, y verás el provecho y ventaja que consigues teniendo siempre presente el fin tan excelente, a que se dirigen esos trabajos, que es la declaración del Santo Evangelio, ganar almas para Dios sin olvidar tampoco el premio tan grande, que te espera por ello, en la eternidad Qui ad Justitiam erudiunt multos, farcebunt, quasi stella in perpetuas Æternitates. Daniel. 12. Item Agustino: si labor terret, merces invitet. Cun tayo, i, sinisindac, o dinoroong nang pagcacasaquit: succo ypanhinagapang natin ang daquilang ypagana sa atin nang Dios.

Hapon kung ang mga ito ay kaniya ring natutuhan? Pag-usapan naman natin ang Dakilang Hari ng Ponto na marunong magsalita ng dalawampu't dalawang wika at marami pang ibang dalubhasa mula sa sinaunang panahon. Sa ating kasalukuyang panahon, ang ating sariling bansang Espanya ay nagtataglay rin ng mga pambihirang tao na marunong magsalita ng marami at labis na mahihirap na mga wika, katulad ng inyong matutunghayan sa katauhan nina Fecijos at Murillo, at sa iba pang mga manunulat. Hindi natin maaaring kalimutan ang pambihirang kakayahan ni Doña Luisa Sigea, ang guro ng mga anak na babae ng Hari ng Portugal, na si Don Manuel. Lubos ang kaalaman ng nabanggit na ginang sa dalawampung larangan ng agham at marunong magsalita nang buong husay ng dalawampung mga wika. Minsan ay sumulat ito ng isang liham para kay Papa Paulo III sa mga wikang Latin, Griego, Hebreo, Gallego at Arabe, gamit ang mataas na antas ng mga wikang ito, na tunay ngang nagpahanga sa buong Roma at nagbunsod sa Banal na Santo Papa na sagutin ang liham sa isang maikling bendisyon, pagpapalà, at papuri. Samantalang ang kaniyang kapatid na si Angela Sigea ay marunong tumugtog gamit ang iba't ibang instrumentong pangmusika at sumusulat ng magagandang tula sa lahat ng mga wikang sinasalita sa Europa.

6. Marami akong nakilála dito sa Filipinas na mga táong nagtataglay ng pambihirang kaalaman sa mga wikang Ebreo, Griyego, at Tagalog at pinatunayan nilá sa akin na walang mahirap sa pag-aaral ng pinakahulíng wikang nabanggit. Kayâ nga sa loob lámang ng dalawang buwang paggamit nitó ay maaari nang matutuhan nang sapat ang sining ng wikang ito. Dalawang buwan pa sa pag-alam sa mga salita at pakikipag-usap sa mga tagapagsalita nitó, maaari nang makamit ang lubos na kaalaman sa wikang ito. Ito ang dahilan kung bakit hinihikayat ko ang bawat isa na pag-aralan ang Ortograpiya ng wikang Tagalog, at makikita ninyo na magiging kapaki-pakinabang ito para sa inyo, lalo't higit kung taglay natin sa ating isipan ang pangunahing dahilan sa pag-aaral ng wikang ito. Ito ay tumutukoy sa pagpapahayag ng Banal na Salita ng Diyos; ang pagtuturo sa mga Indio ng daan upang makamit ang tunay na hustisya at ang pamamalakaya ng mga kaluluwa para sa Diyos. *Qui ad Justitiam erudiunt multos, farcebunt, quasi stella in perpetuas Æternitates. Daniel. 12. Item Agustino: si labor terret, merces invitet. Cun tayo, i, sinisindac, o dinoroong nang pagcacasaquit: succo ypanhinagapang natin ang daquilang ypagana sa atin nang Dios.*

CAP. V.

De la Puntuación, y forma de reglones en Tagalog.

1. FRAY Gaspar de San Agustín, célebre tagalista y poeta dice al folio 35 de su Arte que los escribientes ponen entre cada dicción esta nota de dos rayas (//) que es toda su ortografía. Fr. Thomas Ortiz página **121** dice que las rayas no sirven para mayor claridad, sino para mayor confusión. Pero ya queda dicho atrás que escribiendo sus caracteres como se deben escribir, ellos mismos llevan consigo la puntuación necesaria emdebida en su mismo artificio y primor. No obstante, debo decir que los ladinos distinguen bien su escritura, con puntos, comas, y rayas, a manera de libros de solfa. A las comas llaman Bantas; a las virgulillas dichas Corlit; A la pluma de acero, o estilo ferreo con que escribían en ojas de palma, tablas, y piedras, llaman Panulat; a la carta cursiva, Paralang Sulat; a cualquier escritura, Sulat; al escribiente, Manunulat; al sello, Panala; al lector, Tagabasa; a la Cátedra, Basahan Nsz.

2. A la primera letra del abecedario llaman Aa; a la segunda, Baba; a la tercera, Caca; a la cuarta Dada; a la quinta, ii; a la sexta, Gaga; a la séptima, Haha; a la Octava, Lala; a la nona, Mama; a la décima Nana; a la P, papa; a la S, sasa; a la T, tata, cron V, consonante vaua; a la y, consonante, yaya; aquel su carácter propio, llaman nğanğay de esta manera a todas las demás. A deletrear llaman baibai. Magbaibai cayó, deletread vosotros Magbasa cayó, leed. Magsi-sulat cayó, escribid todos.

3. El modo y forma de tirar los renglones, es de abajo para arriba en líneas perpendículares, poniendo el primer renglón a la mano izquierda, y el último a la derecha: al contrario de los Chinos y Japoneses que siempre escriben de arriba para abajo. Pero yo no sigo aquí en mi Cartilla este método antiguo, por no aumentar

KABANATA V

Hinggil sa Pagbigkas at Porma ng Reglones ng Tagalog

1. Binabanggit ni Fray Gaspar de San Agustin, isang eksperto at Makata sa wikang Tagalog, sa pahina 35 ng kaniyang Aklat na ang mga manunulat sa wikang Tagalog ay gumagamit ng panandang ito (//) sa bawat salita, na palagiang bahagi ito ng Ortograpiya. Ayon naman kay P. Thomas Ortiz, sa pahina 121 ng kaniyang aklat, na ang dalawang barang ito ay walang katuturan, at sa halip na ang mga ito ay magbigay liwanag ay lalo pa nitóng nililito ang kahulugan ng salita. Subalit nabanggit na sa unang bahagi na sa pagsulat gamit ang mga karakter ng wikang Tagalog sa paraang dapat ito isulat ay gumagamit silá ng kinakailangang tandang pananda batay sa katangian at esensiya ng wikang ito. Subalit, nais kong banggitin na tunay na nalalaman ng mga eksperto sa pagsulat sa wikang ito ang gamit ng tuldok, koma, at pagitan, alinsunod sa aklat ni Solta. Tinatawag niláng bantas ang *koma*; ang mga virgulillas bílang *corlit*; ang pluma na yari sa aserong bakal na ginagamit nilá sa pagsusulat sa dahon ng niyog, tablang kahoy, at piraso ng bato ay tinatawag niláng *Panulat*; ang patabinging paraan ng pagsulat ay tinatawag niláng *Paralang Sulat*; ang anumang naisulat ay *sulat*; ang táong sumulat ay *manunulat*; ang selyo ay *Panala*; ang táong mambabasá ay *Tagabasa*; ang Katedra ay *Basahan*.

2. Ang unang titik ng alpabeto ay tinatawag niláng *AA*; ang pangalawa ay *Baba*; ang pangatlo ay *Caca*; ang pang-apat ay *Dada*; ang panlima ay *ii*; ang pang-anim ay *Gaga*; ang pampitó ay *Haha*; ang pangwalo ay *Lala*; ang pansiyam ay *Mama*; ang pansampu ay *Nana*; ang P ay *papa*; ang S ay *sasa*; ang T ay *Tata*; ang V ay katinig na *Vaua*; ang Y ay katinig na *yaya*; ang kanilang sariling karakter na *nganga* at sa ganitong paraan nilá tinatawag ang iba pang mga titik. Ang pagbabaybay ay tinatawag niláng *baibai*. *Magbaibai kayó. Magbasá kayó. Magsisulat kayó*.

3. Ang paraan at porma ng pagsulat ng mga guhit ay mula sa ibaba patungo sa itaas ng dalawang magkatapat na linya, na inilalagay ang unang guhit sa kaliwang bahagi, at ang hulí ay sa kanang bahagi. Ito ay kabaligtaran ng mga wikang Tsino at Hapon, na inilalagay ang guhit mula sa itaas patungo sa ibabâ. Subalit hindi ko susundin sa Kartilya na ito, na siyáng sinaunang pamamaraan ng pagsulat upang hindi na makadagdag pa sa paghihirap ng mga kabataan sa

dificultades a los Niños. Tampoco era cortesía escribir en el respaldo de la oja: sino que todo el asunto lo habían de concluir en el inverso y cara principal de la foja, o tabla; y si no alcanzaba una, lo escribían en muchas que todo esto huele a mucha antigüedad.

4. Por último te advierto este mío, que si acaso vieres en el Arte del Padre Fray Francisco de San Joseph o de otros, algunos caracteres distintos de los que aquí pongo siguiendo a Fray Gaspar, no hagas caso de ellos, porque son peculiares de la Provincia de Batán, y Montes de Sambales, y solo allí se usan. Muy bien saben los curiosos que cada provincia de esta Isla de Luzón, tenía diferentes caracteres, y diferentes idiomas; y aún en una misma lengua tagala v.g. hay diferentes modos de hablarla y de escribirla, como lo he visto en la Comintán, y en los Tiangues de San Pablo, en Mindoro y en Marinduque. Pero los que aquí te pongo, son los usados en la Corte de Manila, a donde vienen a estudiar muchachos de todas las Islas Filipinas. Item: si algún curioso antiquario que quiere saber el origen, y la antigüedad de estos Caracteres Tagalos, desde luego podrá ir a buscarlo en la Torre de Babel impresa por el Padre Athanasio KirKerio, Jesuita; o en las obras del Padre D. Agustín Calmer, Benedictino; o en el Monasterio antiguo del Padre Fray Enrique Flórez, Agustiniano; allí podrá saciar su gusto y freírse bien los sesos, en combinarlos. Lo que yo te puedo decir es que estas letras y su forma son diferentes de las hebreas, griegas, árabes, macoas, chinicas, romanas y góticas, y solamente tienen parentesco con las malayas, y tanto, que parecen hermanos en todo estos tagalos establecidos en las Islas de la Sonda. Basta ya de historia y vamos a leer la Cartilla:

pag-aaral nitó. Magiging kahiya-hiya rin kung patuloy nating gagamitin ang dahon ng niyog. Sa halip ang lahat ng pagsusulat ay gagamit ng papel o kayâ'y tablang kahoy. At kung walang matagpuang ganitong materyales, maaari na ring gamitin ang kahit anong masusulatan, na sa aking palagay ay bumabalik táyo sa sinaunang panahon.

4. Ang panghulíng paalaala ay may kinalaman sa aklat ni Padre Fray Francisco de San Joseph o ng iba pang may-akda, kung sakaling nabása na ninyo ang mga iyon. Ang ilan sa mga karakter na ginamit ko dito ay batay sa aklat ni Fray Gaspar. Nais kong banggitin na huwag na lámang ninyo itong pansinin, sapagkat iyon ay taal sa lalawigan ng Bataan, at Bulubunduking bahagi ng Sambales, at doon lámang iyon ginagamit. Lubos na nalalaman ng mga nag-aaral ng wikang ito na bawat lalawigan sa Isla ng Luzon ay nagtataglay ng sarili nitóng mga Karakter, at sariling mga wika. Maging sa wikang Tagalog, iba't iba rin ang paraan ng pagsasalita at pagsulat nitó, katulad ng napag-alaman ko sa Comintan, at sa Tiangues ng San Pablo, Mindoro at Marinduque. Subalit ang aking iminumungkahi dito ay ang ginagamit sa mga Hukuman sa Maynila na pinupuntahan ng napakaraming kabataan mula sa iba't ibang bahagi ng Filipinas upang mag-aral. Ganoon din na kung sakaling ang isang mananaliksik ay nais na malaman ang pinagmulan ng mga sinaunang Karakter ng wikang Tagalog, maaari itong matagpuan sa aklat na pinamagatang *Ang Tore ng Babel*, na inilimbag ni Padre Athanasio Kerkerio, isang Heswita; o sa mga isinulat ni Padre Agustin Calmer, mula sa Kapisanan ni San Benedicto; o sa dating monasteryo ni Padre Fray Enrique Flores, mula naman sa Kapisanan ng mga paring Agustino. Sa mga lugar na iyon matatagpuan ang iyong ninanais na kaalaman, at dito, maaari mong banatin ang iyong mga buto sa pagsasáma-sáma ng mga karakter na ito. Ang masasabi ko lámang sa iyo ay ang mga titik na iyon, maging ang mga porma ng mga ito ay naiiba sa mga wikang Ebreo, Griyego, Arabe, Macoa, Chinica, Romano, at Gothica, at maaari lámang itong ihanay sa mga wikang Maláyo, at labis nga itong katulad ng nabanggit na pamilya ng mga wika, na matatagpuan sa mga Isla ng Sonda. Sapat na ang napag-usapan natin tungkol sa kasaysayan at magtungo na táyo sa pag-aaral ng pagbása ng Kartilya.

ORATIO PREPARATORIA.

Jesús & Joseph y María,

El corazón os doy y el alma mía.

Spiritus Sancti gratia,
Illumines sensus meos.

Duc Domine intellectum,
Ut formem indicium rectum.

Ne scribam nunc vanum
Duc pie Joseph manum.

Ea Mater fons amoris
Manum dirige Scripteris.

PANIMULANG DASAL

Hesus, Jose at Maria,

Inihahain ko sa inyo ang aking puso at kaluluwa

Mahal na Espiritu Santo, Tanglawan po ninyo ang aking mga pandama;

Bigyan ng liwanag ang aking isipan, upang matahak ko ang tamang daan,

Upang sa pagkakataong ito ay hindi ako makapagsulat ng isang maling bagay

Akayin nawa ako ng pinagpalang kamay ni San Jose

At Kamahal-mahalang Ina na bukal ng pag-ibig

Gawin po ninyo akong isang ma-husay na manunulat.

ABECEDARIO TAGALOG



Be,	que,	dere,	gue,	ngẽ,	he,	le,	me,	ne,	pefe,	se,	te,	ve,	ye.
Bi	qui,	diri,	gui,	ngĩ,	hi,	li,	mi,	ni,	pifi,	si,	ti,	vi,	yi.

Bo,	qo,	doro,	go,	ngõ,	ho,	lo,	mo,	no,	pofo,	so,	to,	vo,	yo.
Bu,	qu,	duru,	gu,	ngũ,	hu,	lu,	mu,	nu,	pufu,	su,	tu,	vu,	yu.

Hanga,,	hange,,	hango,,	Hangã,,	hangẽ,,	hango̅,,
	hangi,,	hangu,,		hangi̅,,	hangu̅,,
manga,,	mange,,	mango,,	mangã,,	mangẽ,,	mango̅,,
	mangi,,	mangu,,		mangi̅,,	mangu̅,,
nanga,,	nange,,	nango,,	ngãngã,,	ngẽngẽ,,	ngo̅ngo̅,,
	nangi,,	nangu,,		ngi̅ngi̅,,	ngu̅ngu̅,,
panga,,	pange,,	pango,,	sangã,,	sangẽ,,	sango̅,,
	pangi,,	pangu,,		sangi̅,,	sangu̅,,
tangan,,	tengen,,	tongon,,	uaua,,	ueue,,	uouo,,

ABESEDARYONG TAGALOG

A	B	CQK	DR	EI	FP	G	NG̃
H	L	M	N	OU	SZJX	T	V

Y	Vocales.	A	EI	OU

Be,	que,	dere,	gue,	nge,	he,	le,	me,	ne,	pefe,	se,	te,	ve,	ye.
Bi	qui,	diri,	gui,	ngi,	hi,	li,	mi,	ni,	pifi,	si,	ti,	vi,	yi.

Bo,	qo,	doro,	go,	ngo,	ho,	lo,	mo,	no,	pofo,	so,	to,	vo,	yo.
Bu,	qu,	duru,	gu,	ngu,	hu,	lu,	mu,	nu,	pufu,	su,	tu,	vu,	yu.

Hanga,,	hange,,	hango,,	Hanga,,	hange,,	hango,,
	hangi,,	hangu,,		hangi,,	hangu,,
manga,,	mange,,	mango,,	manga,,	mange,,	mango,,
	mangi,,	mangu,,		mangi,,	mangu,,
nanga,,	nange,,	nango,,	nganga,,	ngenge,,	ngongo,,
	nangi,,	nangu,,		ngingi,,	ngungu,,
panga,,	pange,,	pango,,	sanga,,	sange,,	sango,,
	pangi,,	pangu,,		sangi,,	sangu,,
tangan,,	tengen,,	tongon,,	uaua,,	ueue,,	uouo,,

	tingin,,	tungun,,		uiui,,	uuuu,,
					
Yangan,,	yengen,,	yongon,,	Yanĝa,,	yenĝe,,	yonĝo,,
	yingin,,	Yungun,,		yinĝi,,	yunĝu,,

	tingin,,	tungun,,		uiui,,	uuuu,,
[illegible]			[illegible]		
Yangan,,	yengen,,	yongon,,	Yang̃a,,	yeng̃e,,	yong̃o,,
	yingin,,	Yungun,,		ying̃i,,	yung̃u,,

CAP. VI

De cómo y cuándo se suplen las letras

Siete Artes Tagalos he visto impresos en Manila: un Dominicano, tres Franciscanos, y tres Agustinos y todos hacen grandes aspamientos y admiraciones, de nuestros caracteres, como se dijo en el prefacio, diciendo que esta escritura tagala es una confusión y adivinanza toda ella, porque se suplen muchas letras, sin acordarse estos autores que en su lengua castellana hay lo mismo, y aún más todavía. Y sino díganme por su vida, si han visto y leído las impresiones antiguas de letra Calderilla; los procesos antiguos de letra encadenada que nos hicieron leer en la Escuela, las Bulas de Cruzada del siglo pasado; la letra Monacal de los libros de Choro; las muchas cifras e inteligibles abreviaturas que usaban nuestros abuelos. Díganme de repente, ¿qué quiere decir esta Conf.^{n}? y verán como unos responden que significa confección; otros confesión; y otros confusión que es la más cierta. ¿Qué significa esta cifra Prõr? Unos dirían que provisor; otros que Procurador; otros que Prior. ¿Qué significan estas Cap$^{@}$P$^{@}$x$^{@}$ y otras infinitas de que abundan los libros del siglo pasado? Te suplico que mires con cuidado, aquel índice *de notis antiquarum literarum, Valenj Probi Grammatici,* que anda impreso al fin de los diccionarios de nuestro Nebrija, y en él verás como aquello es propiamente adivinar, y no leer. Pues; ¿qué diremos de las cifras y abreviaturas que usa la curia Romana en sus rescriptos, de que tratan largamente los Moralistas y Canonistas? De todo lo cual infiero que no es tan dificultosa nuestra escritura tagala, y que si los autores dichos, se hubieran aplicado más, a entenderla, para explicarla a los nuevos hubieramos hoy este camino andado, y los discípulos saldrían por este medio tan fácil, mejores lenguaraces e idiomáticos. En fin iremos aquí apuntando

KABANATA VI

Tungkol sa Kung Paano at Kailan Pinagpapalit ang mga Titik

Pitó ang mga Aklat tungkol sa Wikang Tagalog ang aking nakita sa Maynila: isa na inilimbag ng isang Paring Dominikano; tatlo mula sa mga Paring Pransiskano; at, tatlo pa mula naman sa mga Paring Agustino. Lahat ng mga ito ay nag-iwan ng tatak at paghanga sa mga karakter ng wikang Tagalog, subalit sa kabilâng bandá ay nagpahayag din na ang mga karakter na ito ay tunay ngang nakalilito at palaging kailangang hulaan, katulad ng ating nabanggit sa panimulang bahagi, sapagkat napakarami ang mga pinagpapalit na mga titik. Marahil nakaligtaan ng mga manunulat na ito na sa kanilang wika ay nangyayari rin ang bagay na ito at mas malimit pa nga ito. Sino ang hindi makakapagsasabi na sa kanilang buhay ay namalas nilá ang mg sinaunang titik ng Calderilla; ang pinagdaanang sinaunang pamamaraan ng pag-aaral ng mga titik sa paaralan; ang mga Bulas ng Cruzada ng nakaraang siglo; ang mga titik ng Monacal ng mga libro ni Choro; ang nakaparaming mga salita at nakalilitong pinaikling mga salita na ginagamit ng ating mga ninuno? Sabihin nga ninyo sa akin nang mabilis kung ano ang ibig sabihin ng pinaikling salita na *Conf?* at makikita natin na ang iba ay magsasabi na ang ibig sabihin nitó ay *confeccion*; ang iba ay *confesion*; at ang iba naman ay *confusion*, na siyáng wasto. Ano ang nais pakahulugan ng salitang: *Pror?* Sasabihin ng iba na ang ibig sabihin nitó ay *Provisor*; ang iba ay *Procurador*; at ang iba naman ay *Prior*. Ano ang nais pakahulugan ng sumusunod: Cap@P@x@ At iba pang mga sinaunang salita na matatagpuan sa mga aklat ng nakaraang siglo. Hinihiling ko na tingnan ninyo nang buong pag-iingat iyong talasangguniang pinamagatang "Hinggil sa mga Sikat na mga Sinaunang Manunulat" Valerij Probi Grammatici, na nakalimbag sa hu-ling bahagi ng mga Diksiyonaryo ng ating pinagpipitaganang G. Nebrija, kung saan iyong mapapatunayan na panghuhula at hindi pagbabasá ang kailangang gawin upang ang mga ito ay lubos na maunawaan. Ano naman kayâ ang masasabi natin sa mga salita at mga pinaikling salita na ginagamit ng *Curia Romana* sa kanilang mga pahatid sulat, na masinsinang inuunawa ng mga Moralista at Kanonista? Aking masasabi na batay sa mga bagay na ating binanggit, hindi lubos na mahirap ang pag-aaral ng paraan ng pagsulat sa wikang Tagalog, na kung ang mga nabanggit na mga manunulat sa wikang ito ay lubos na nagsanay upang ito ay kanilang maunawaan para maituro sa mga bagong nais matuto nitó sa kasalukuyan, ay hindi makararanas ng labis na hirap at lalo pa nga nating mapagyayaman ang wikang ito. Sa bahaging ito ay

las reglas que en esta materia hemos alcanzado.

Regla primera: Cualquiera letra consonante desnuda sola, y sin punctuación alguna, como están en el abecedario de arriba, lleva embebida y casada consigo, la primera vocal **A**, a la cual hiere e hace sílaba con ella: v.g. dice Baca. Si a estas consonantes dichas, se le pone un puntillo encima así: se casan con la **e, ò** con la **i**, que es lo mismo para esta lengus, y entonces dicen beque, o biqui. Si a dichas consonantes se les pone el puntillo debajo así: entonces hieren en la **o** en la **u**, que todo es uno, y quieren decir: boco, vel bucu. Si a la primera no le pones nada, y a la segunda le pones el puntillo debajo, entonces dice baco. Si a la primera le pones puntillo debajo, y a la segunda la dejas sin nada, entonces dicen: boca. Si a la primera dejas sin nada, y a la segunda pones puntillo encima, dice baque, vel baqui. Si la primera tiene puntillo arriba, y la segunda nada, dirá beca, vel bica. Y así de todas las demás consonantes. Para los términos extranjeros en los cuales es preciso expresar todas y cada una de las letras como dijimos arriba Cap. **1. Num. 10**. supendiéndolas, y destasándolas de las vocales, se usará la crucecita que allí se dejó advertida. Esto es más fácil que fumarse un cigarro.

Regla segunda: Los casos en que las vocales se deben expresar y escribir especificamente en su propio carácter, son lo primero, cuando la dicción o término comienza por vocal, como: v.g. ang, olol, isis, acac. Item: no solamente en principio de la dicción, sino también en el medio, y en el último de ella, con tal que la dicha vocal no sea herida de la consonante que le precede, como en baca; sino que sea herida de la consonante que se le sigue: lo que sucede siempre en las raices de dos sílabas, semejantes y cortadas por el medio, como v.g. ol-ol// is-is// ab-ab. Las cuales se escriben así: Pero si dicha vocal es herida de consonante que se le precede como v.g. bit-bit,, pil-pil,, sol-sol,, tas-tas,, vas-vas; entonces no se escribe, sino que basta poner la consonante casada con ella, porque en este caso se suple mentalmente v.g. nğayon, se escribe así: bit-bit, se escribe así con dos consonantes solamente: Item: el término vas-uas, se escribe así:

ipahahayag natin ang iba't ibang panuntunan na sa pamamagitan ng aklat na ito ay ating nabigyan ng pagpapaliwanag.

Unang panuntunan: Anumang katinig na wala kahit anong tandang pananda, katulad ng ating nakita sa Alpabeto sa itaas na karugtong ng unang patinig na *A* ay bumubuo ng isang pantig katulad ng hal , na ang ibig sabihin ay *Baca*. Kung ang mga katinig na ito ay lalagyan ng tig-iisang maliit na tuldok sa itaas katulad ng hal. ito ay bubuo ng pantig karugtong ng *e* o *i*, na itong hulí ay itinuturing na katulad lámang noong una sa wikang ito at nangangahulugan na *beque* o *biqui*. Kung ang mga katinig na ito ay lalagyan ng tig-iisang maliit na tuldok sa ilalim katulad ng hal. ito ay bubuo ng isang pantig karugtong ng *o* o *u*, na katulad ng mga hulíng patinig na nabanggit ay itinuturing na magkatulad din lámang at nangangahulugan ng *boco* o kayâ'y *bucu*. Kung hindi lalagyan ng isang maliit na tuldok ang unang katinig, samantalang lalagyan sa ilalim ang pangalawa, ito ay mangangahulugan na *baco*. Kung lalagyan naman ang unang katinig sa ilalim at wala ang pangalawa, ito ay mangangahulugan na *boca*. Kung wala naman ang unang katinig at mayroon ang pangalawa sa ibabaw nitó, ito ay mangangahulugan na *baque* o kaya'y *baqui*. Kung ang una ay mayroon sa ibabaw nitó, at ang pangalawa ay wala, ito ay mangangahulugan na *beca* o kayâ'y *bica*. At ganito ang dapat mangyari sa lahat ng mga katinig. Hingil sa mga salitang banyaga na kailangang maipahayag ang bawat titik katulad ng ating nabanggit sa Kap. 1, Num. 10, animo'y inihihiwalay ang mga ito sa mga patinig sa pamamagitan ng paglalagay ng isang maliit na krus. Higit pa itong madalî kaysa paghithit ng sigarilyo.

Ikalawang panuntunan: Sa mga pagkakataón na ang mga patinig ay kailangang maipahayag at tuwirang maisulat gamit ang sarili nitóng karakter, na nangyayari kapag ito ang unang titik ng isang salita katulad ng mga sumusunod na halimbawa: *ang, olol, isis, acac*. Hindi lámang ito nangyayari kung ito ay unang titik ng isang salita kundi pati na rin kung ito ay násа gitna o hulihan, hangga't ang patinig ay hindi karugtong ng isang katinig na sinusundan nitóng una upang bumuo ng isang pantig, katulad ng hal. *baca*; at sa halip, ito ay karugtong ng katinig na sinusundan nitó. Palagi itong nagaganap sa mga salitang magkatulad ang pagkakabaybay ng mga pantig at pinuputol sa gitna katulad ng mga hal. *ol-ol, is-is, ab-ab*, na isinusulat sa ganitong paraan  . Subalit kung ang nabanggit na patinig ay karugtong ng katinig na sinusundan nitó, katulad ng mga hal. *bit-bit, pil-pil, sol-sol, tas-tas, vas-vas*, hindi ito kailangang isulat at karugtong na ito ng katinig sapagkat sa pagkakataóng ito ay dapat na lámang isaisip na ito ang nangyayari katulad ng hal. *ngayon*, na isinusulat na  ; *bit-bit*, na isinusulat na gamit lámang ang dalawang katinig. Ganoon din ang nangyayari sa mga sumusunod na halimbawa: *vas-vas*, na isinusulat na , at ang dalawang *ss* na nawawala ay kailangang idagdag sa isipan ng mambabasa. Ang *lit-lit*, na dinaragdagan ng dalawang *tt*; *sol-sol*, ang dalawang *ll*. At hindi lámang ito nagaganap

[illegible] y las dos ss que faltan, se suplen en mente. [illegible] lit-lit, suple dos tt. [illegible] sol-sol,, suple dos ll Nsz. Y no solo en estas dicciones disílabas dichas, sino también en las trisílabas, quadrisílabas, y otras con tal que no sean heridas (como dije) de la consonante o vocal precedente, sino de la siguiente: v.g. botho-an, Pan-dag-an, Quinapahig-an. La primera se escribe así: [illegible]. La segunda se escribe así: [illegible] La tercera así: [illegible] En donde ya ves claramente que de cinco sílabas que tiene este término quinapahig-an, que significa el lugar en donde se acostó, la última es el **A** sola; pero casada clandestinamente con la **n**, que allí se suple mentalmente. Item: estos artículos: ing, así [illegible] ong, así: [illegible] ang, así [illegible] dos consonantes **ng**: y de esta manera otros muchos.

Regla tercera: no solamente se escriben las vocales especificamente en dichos casos, sino también cuando son heridas de otra vocal que se le sigue, formando las dos una sílaba aparte: v.g. tan-ao, [illegible] bang-ao, [illegible] bal-iu, [illegible] gul-ai, [illegible] Fuera de estos casos dichos, y no habiendo cortadillo ni división en el término, no se escriben las vocales, sino que se suponen casadas ocultamente con las consonantes, mediante el tener o no tener puntillo. Y no solamente las consonantes tienen este privilegio de llevar consigo, casadas a las vocales, sino que también mutuamente las señoras vocales, tienen privilegio de ocultar y suplir de las consonantes, como lo has visto ya arriba en todos los que acaban cortadillos en la regla antecedente. Pero mira no te equivoques en escribir con vocal a lo último, muchos términos que parecen diptongos, y no lo son ciertamente como v.g. siya, bag-yo, Pari-yan, bila-uo, ta-uo. En éstas y semejantes, no se pone vocal especificamente, pues la letra que antecede no es vocal, sino consonante, que hace sílaba, hiere, y da su golpe en la vocal última; por lo cual la aniquilla y embebe en sí, como queda dicho. Ejemplo:si-ya, él o ella, se escribe así [illegible] bag-yo, huracán, se escribe así: [illegible] Pari-yan, ve ahí, así: [illegible] bila-uo, harnero así: [illegible] ta-uo, que es el hombre así: [illegible] Pero si quieres decir sica, parian, bagio, bilao, tao, los cuales significan cosas muy distintas, entonces es preciso escribirlas de otra manera, como te dije arriba, esto es: bilao, así: [illegible] bagio, así: [illegible] tao, así: [illegible] Nsz. Exceptúanse de esta

sa mga salitang binubuo ng dalawang pantig, kundi maging ng tatlo, apat o marami pa, hangga't hindi magkahiwalay ang katinig at ang patinig na sinusundan nitó, subalit hindi kapag sumusunod ang patinig sa katinig katulad ng mga sumusunod na halimbawa: *botho-an, pan-dag-an, quinapahig-an*. Ang una ay isinusulat sa ganitong paraan ᘓᘐᘓ॥; ang pangalawa ay ᘐᘓᘓ॥ ; ang pangatlo ay ᘓᘐᘐᘐᘓ॥, at iyong makikita na sa limang pantig na bumubuo sa salitang *quina-pahig-an* na ang ibig sabihin ay lugar na tulugan, ang hulíng pantig ay binubuo lámang ng patinig na *A*, subalit kakabit ng katinig na *N*, bagama't hindi ito maliwanag at kailangang idagdag sa isipan ng mambabasá. Ang mga sumusunod na pang-angkop na *ing* ay isinusulat sa ganitong paraan ᘓ॥; ang *ong* sa ᘓ॥; ang *ang* sa ᘓ॥; at sa ganito ring paraan isinusulat ang marami pang iba.

Pangatlong panuntunan: Hindi lámang tuwirang isinusulat ang mga patinig sa mga mga nabanggit na pagkakataón, kung hindi pati na rin kapag nakahiwalay ito sa sumusunod na patinig upang bumuo ng dalawang magkahiwalay na pantig katulad ng mga sumusunod na halimbawa: *tan-ao*, ᘐᘓ॥, *bang-ao* ᘓᘓ॥, *bal-iu* ᘓᘓ॥, *gul-ai* ᘓᘓ॥. Bukod sa mga ito, at kung walang pagpuputol na nagaganap sa isang salita, hindi tuwirang isinusulat ang mga patinig, sa halip ang mga ito ay ipinapalagay na karugtong ng mga katinig sa pamamagitan ng pagkakaroon o wala ng maliit na tuldok. At hindi lámang ang mga katinig ang may kakayahan na magtaglay ng maliit na tuldok upang ang maipahayag kung ano ang karugtong nitóng patinig, kundi pati na rin ang mga pangunahing patinig na may kakayahan na maipahayag kung ano ang karugtong o kapalit nitóng mga katinig, katulad ng nakita natin sa sinusundang panuntunan, at mayroong pagpuputol upang bumuo ng isang pantig. Subalit huwag magkakamalîng isulat ang patinig ng panghulíng pantig ng mga salitang animo'y bumubuo ng diptonggo, subalit hindi naman katulad ng mga sumusunod na halimbawa: *Si-ya, bag-yo, Pari-yan, bila-uo, ta-uo*. Sa ganitong mga katulad na pagkakataón ay hindi tuwirang isinusulat ang patinig dahil ang titik ng sinusundan nitó ay hindi patinig, sa halip ito ay isang katinig na bumubuo ng isang hiwalay na pantig at taglay ang diin sa pinakahulíng patinig, kung kayâ't ang ang patinig na ito ay parang hinihigop katulad ng ating tinuran sa itaas. Ang mga halimbawa nitó ay ang mga sumusunod: *si-ya* na isinusulat sa ganitong paraan ᘓᘓ॥; *bag-yo* na isinusulat na ᘓᘓ॥; *Pari-yan* na isinusulat na ᘐᘓᘓ॥; *bila-uo* na isinusulat na ᘓᘐᘓ॥; *ta-uo* na isinusulat na ᘐᘓ॥. Subalit kung ang nais sabihin ay ang mga salitang sumusunod: *sia, parian, bagio, bilao, tao* na nagtataglay ng ibang kahulugan at kailangang isulat sa ibang paraan, katulad nang nabanggit sa itaas. Ang *Bilao* ay isinusulat sa ganitong paraan ᘓᘐᘓ॥; ang *bagio* sa ganitong paraan ᘓᘓᘓ॥; *tao* sa ganitong paraan ᘐᘓ॥; atbp. Hindi sakop ng panuntunang ito ang mga sumusunod na salita: *dalaua, icalaua*, na maaaring isulat sa parehong paraan. Hindi ito tuwirang binabanggit sa Bokabularyo, kayâ nga't kailangan ang labis na pag-iingat sa pagsusulat ng mga ito, sa pamamagitan ng pakikinig at pagtatanong sa mga eksperto sa wikang ito, kung ang mga salitang ito ay

regla: dalaua, icalaua, que se pueden escribir de ambas maneras. El vocabulario no los apunta como debía, por lo cual es menester cuidado para escribirlos, oyendo y preguntando primero a los ladinos, si son términos divisos y cortados, y cuántos significados tienen; porque tantos significados tenga una palabra de tantas maneras distintas se escribe, como ya queda dicho, sino te has olvidado en el Prefacio num. 5. Para términos no tagalos, como Antonio, Olegario, Ysiquio, y semejantes, también queda dicho lo que debes hacer con la Cruz, pero no obstante lo pondré aquí. Antonio así: [illegible] Olegario, así: [illegible] Ysiquio, así: [illegible] Y de esta manera todos cuantos términos quieras con tal que no sean tagalos puros inetos.

Regla cuarta: Aunque un término pase a ser compuesto y recompuesto muchas veces, no por eso pierde su modo de escribirs, que tenía en su simple raiz; sino que siempre lo conserva v.g. esa raiz, tam-is, que solo significa dulce, se escribe así en su origen: [illegible] si la compones en pasiva o en futuro con algunas partículas acostumbradas, echándole pegotes por delante y por detrás, diciendo: paca-tam-isan también debes escribirlo así: [illegible] Item: bot-o, el hueso y pepita: Quinaboroan: [illegible] Item: higa, acostarse: [illegible] hihig-an, el acostadero que es la cama, así: [illegible] Quinapahig-an, así: [illegible] que es el lugar donde estuvo acostado. Item: ol-ol, es loco y se escribe así: [illegible] caol-olan, que es la locura se escribe también así: [illegible] Pero no te equivoques botho-an, un género de plátanos, el cual se escribe así: [illegible] porque este y otros semejantes no son lo mismo que bot-oan, aunque lo parece. También hay muchos términos que parecen compuestos, y no son sino raices, v.g. Panoyong bambelearse; Pantiñgan el pedernal; Pantocos, zapatos de madera; Panahon el tiempo; Pan-ayam, conversación. [illegible] Pañgad-ye, el rezo, así [illegible] Pandac-an, el enano, así: [illegible]. Todos estos y muchos más, pasan con su misma escritura y acentos, a cualquiera composición que quieras hacer de ellos sin olvidar jamás los primeros pañales.

Regla quinta: cuando se juntan y pegan muchas vocales

hiwalay at may putol ang mga pantig at kung ilan ang ibig sabihin ng mga ito. Ito ay dahil sa kung ilan ang nais nitóng ipakahulugan, ganoon din ang dami ng paraan ng pagsulat sa salitang ito, katulad ng binanggit natin sa itaas, kung sakaling nalimutan mo na ang binanggit natin sa Panimula bílang 5. Hinggil sa mga salitang hindi taal na Tagalog, katulad ng mga sumusunod: *Antonio, Olegario, Ysiguio* at katulad pang mga salita, nabanggit na rin natin ang dapat gawin gamit ang "maliit na Krus," subalit nais kong muli itong banggitin sa bahaging ito. Ang *Antonio* ay isinusulat sa ganitong paraan ᜎᜈ᜔ᜆ᜔ᜑ᜔ᜎ᜔; ang Olegario sa ganitong paraan ᜂᜎᜒᜄᜓ᜔; at ang Ysiguio sa ganitong paraan ᜌᜐᜒᜄᜓ᜔; at iba pang mga katulad na salita, hangga't ang mga ito ay hindi taal na salitang Tagalog.

Pang-apat na panuntunan: Kahit na ang isang salita ay salitang tambalan o maraming ulit na pinagtambal, hindi nagbabago ang paraan ng pagkakasulat nitó sa kung paano ang baybay ng salitang-ugat nitó; sa halip ito ay nananatili katulad ng mga sumusunod na halimbawa: ang salitang ugat na *tam-is* ay isinusulat sa ganitong paraan ᜆᜋ᜔ᜁᜐ᜔, na salitang-ugat nitó, kahit na ito ay isulat sa pormang balintiyak o sa panahunang panghinaharap kakabit ang mga pangkaraniwang panlapi at iba pang mga malilit na pagdaragdag sa unahan at hulihang bahagi ng salita, katulad kapag sinasabing: *pacatam-isan*, ay isinusulat din sa ganitong paraan ᜊᜃᜆᜋ᜔ᜁᜐᜈ᜔. Ganito rin ang nangyayari sa mga sumusunod na halimbawa: *bot-o*, na ang ibig sabihin ay buto o binhi: *Quinabothoan* ay isinusulat na ᜃᜒᜈᜊᜓᜑᜓᜎᜈ᜔; *higa* ᜑᜒᜄᜎ᜔: *hihig-an*, na ang ibig sabihin ay kama ay isinusulat na ᜑᜒᜑᜒᜄᜎ᜔; *Quinapahig-an*, na ang ibig sabihin ay lugar kung saan nahiga ay isinusulat na ᜃᜒᜈᜉᜑᜒᜄᜎ᜔; *ol-ol*, na ang ibig sabihin ay baliw ay isinusulat na ᜂᜎᜂᜎ᜔; *Caol-olan*, na ang ibig sabihin ay ang kondisyon ng pagiging baliw ay isinusulat na ᜃᜂᜎᜂᜎᜈ᜔. Subalit maging maingat na huwag pagkamalan na ang *botho-an*, na isang uri ng saging ay isinusulat sa ganitong paraan ᜊᜓᜑᜓᜎᜈ᜔; sapagkat ito at mga kahalintulad na salita ay hindi kasingkahulugan ng *bot-oan*, bagama't parang magkatulad. Marami ring mga salita ang animo'y mga salitang-tambal, subalit ang mga ito ay mga salitang ugat lámang katulad ng mga sumusunod na halimbawa: *Panoyong*, na ang ibig sabihin ay umugoy; *Panungan*, na isang uri ng bato; *Pantocos*, na isang uri ng bakya; *Panahon*, na ang ibig sabihin ay Panahon; *Pan-ayam*, na ang ibig sabihin ay usapan *pay.*. Ang salitang *Panged-ye*, na ang ibig sabihin ay dasal ay isunusulat sa ganitong paraan ᜊᜈᜄᜒᜌᜒ.; ang *Pandac-an*, na ang ibig sabihin ay unano ay isunusulat sa ganitong paraan ᜊᜇᜃᜎ᜔. Marami pang mga salita ang isinusulat at nagtataglay ng diin sa pantig kung saan ito taglay ng kanilang pinagmulang salitang-ugat, kahit anupaman ang gawing pagbabago dito gamit ang iba't ibang panlapi, at hindi dapat kalimutan ang pinagmulang salitang-ugat nitó.

Panlimang panuntunan: kapag nagsáma-sáma at sunod-sunod sa isang salita ang maraming patinig, upang malaman kung alin sa mga ito ang dapat tuwirang isulat at alin ang dapat palitan o kayâ'y hindi na kailangang isulat,

seguidas en una misma dicción; para saber cual de ellas se ha de escribir especificamente, y cual se ha de suplir y matar, es necesario atender y ver primero, las que son heridas de alguna consonante, y las que no. Item las que son iniciales de sílaba, y las que no; porque las que lo son deben expresarse especificamente, y las que son heridas, deben morir sin remedio v.g este término naaaban, que significa tener muesta, la primera vocal es herida de la n y así debe morir, y no ponerse. La segunda vocal es inicial de sílaba y de raiz, por lo cual debe ser atendida y expresada en su propio carácter. La tercera vocal también es inicial de otra sílaba, por lo que debe también escribirse como dijimos arriba en ac-ac, ol-ol, is-is, Nsz. La cuarta vocal tiene los mismos privilegios, y debe gozar los mismos honores. Con que sacamos por consecuencia, que el dicho término naaab-an, se debe escribir en español así na-a-ab-an; y en caracteres así: [illegible]‖ Y por éste podrás tú sacar otros, como ibabao-in// que significa poner encima. Impapayao-in, correr muy veloz; los cuales has de escribir así [illegible]‖ Y el segundo así: [illegible]‖ Ag-ag-an, el cedazo para cernir así [illegible]‖ Item: el romadiso, sipon, así [illegible]‖ pero si se ponen, en pasiva así: [illegible]‖ Tinḡala, es mirar hacia arriba, y se escribe así [illegible]‖ pero tinḡalain así [illegible]‖ tinḡal-in, sincopado así [illegible]‖ bigay, significa dar, así [illegible]‖ pero en pasiva no se dice: bigaian, ni tampoco bigian: sino big-yan, por lo que has de escribir así por fuerza: [illegible]‖ con dos consonantes casadas, y nada más.

Regla sexta: Las últimas consonantes de cada sílaba siempre se suplen y suprimen aunque sean dos, v.g. Tab-ang, que significa cosa desabrida, se escribe así [illegible]‖ en donde ves que de seis letras, que tiene esta dicción, solo dos se expresan en la escritura. Pan-ayam, conversación así [illegible]‖ porque tiene tres sílabas. Pai-yong, el quita sol, así [illegible]‖ La proa del barco, así Do-uong: [illegible]‖ bol-og-an, el berraco y carañon, así [illegible]‖ ti-yan, el vientre así [illegible]‖ bin-uit, el azuelo, así [illegible]‖ pain, el cebo para anzuelos, así [illegible]‖ big-uas, tirar el anzuelo a los peces, así [illegible]‖ bi-uas, pescar algo con anzuelo, así lo mismo: [illegible]‖ cat-ha, componer obras o inventarlas, así [illegible]‖ Item: no solamente las últimas consonantes de cualquier sílaba, son las que se suplen, sino también las últimas

mahalaga na bigyan ng pansin at unang tingnan kung alin sa mga patinig ang nakahiwalay o hindi sa mga katinig. Ganoon din ang mga patinig na panimulang pantig at ang mga hindi. Ito ay dahil ang unang nabanggit na uri ay nararapat na tuwirang isulat; samantalang ang mga karugtong ng mga katinig ay hindi katulad ng mga sumusunod na halimbawa: ang salitang *naaaban*, na ang ibig sabihin ay magkaroon ng musika. Ang unang patinig ay karugtong ng titik na *N* upang bumuo ng isang pantig at hindi dapat tuwirang isulat. Ang pangalawang patinig ay unang titik ng sunod na pantig at ng salitang-ugat, kung kayâ't dapat itong bigyan ng pansin at isulat gamit ang katumbas nitóng Karakter. Ang pangatlong patinig ay unang titik rin ng pantig at nararapat ding isulat katulad ng binanggit natin sa mga salitang *ac-ac, ol-ol, is-is*. Ang pang-apat na patinig ay kahalintulad din ng mga nabanggit natin sa itaas at nararapat ding bigyan ng katumbas na pansin. Mahahalaw natin kung ganoon, na ang salitang *naaab-an* ay dapat na isulat sa wikang Espanyol sa ganitong paraan *na-a-ab-an* at gamit ang mga Karakter sa wikang Tagalog sa ganitong paraan ᘓᔕᔕᔕ‖. Kayâ't maaaring ituring na katulad ang mga sumusunod na salita: *ibabao-in,* na ang ibig sabihin ay ilagay sa itaas; *impapayao-in*, na ang ibig sabihin ay tumakbo nang napakabilis, na kapuwa dapat na isulat sa ganitong paraan, ang una sa ᘓᘓᘓᘓ‖, at ang pangalawa ay sa ganito naman ᘓᔕᔕᔕᘓ‖; *ag-ag-an*, ang lugar para *mag-agag* ay isinusulat sa ganitong paraan ᔕᔕᔕ‖; ang *sip-on* sa ganitong paraan V3‖; subalit, kung pormang balintiyak ay sa ganito naman V̇3V̇3ᘓ‖; *tingala*, na ang ibig sabihin ay tumingin sa itaas ay isinusulat sa ganitong paraan ᔕᔕᔕᔕ‖; subalit, ang salitang *tingalain* ay isinusulat nang ganito ᔕᔕᔕᔕᘓ‖; *tingal-in*, na pinaikli ay isinusulat sa ganitong paraan ᔕᔕᔕᘓ‖; *bigay*, sa ganitong paraan ᘓᔕᔕ‖; subalit hindi sa pormang balintiyak, kung kayâ't hindi sinasabing *bigaian* o kayâ'y *bigian*, at sa halip ay *big-yan*, na isinusulat sa ganitong pilit na paraan ᘓᔕᔕ‖, gamit lámang ang dalawang katinig at wala ng iba pang kasáma.

Pang-anim na panuntunan: Ang mga hulíng katinig ng bawat pantig ay inaalis at hindi isinusulat kahit na dalawa ang mga ito katulad ng sumusunod na halimbawa: *Tab-ang*, na ang ibig sabihin ay hindi maalat, ay isinusulat sa ganitong paraan ᔕᔕ‖, at makikita na sa anim na mga titik na taglay ng salitang ito ay dalawa lámang ang tuwirang isinusulat. *Pan-ayam*, usapan ay isinusulat sa ganitong paraan ᔕᔕᔕ‖ sapagkat ito ay binubuo ng tatlong pantig; *Pai-yong*, pananggalang sa sikat ng araw, ay isinusulat sa ganitong paraan ᔕᔕ‖; ang *proa* ng barko ay isinusulat sa ganitong paraan; *Duong* sa ᔕ̣ᘐ‖; *bol-og-an* sa ᘐ3ᔕ‖, na ang ibig sabihin ay barakong kalabaw at ang kabayo naman ay ganito ᔕᔕ‖; ang *ti-yan* ay ganito ᔕᔕ‖; *bin-uit* ay ganito ᘓᘐ‖; *pain* ay ganito ᔕᘓ‖; *big-uas* na ang ibig sabihin ay itilapon ang pamingwit sa tubig, ay ganito ᘓᘐ‖; *bi-uas*, na ang ibig sabihin ay mamingwit gamit ang sima ay isinusulat sa katulad na paraan ᘓᘐ‖; *cat-ha*, na ibig sabihin ay sumulat ng isang katha o tumuklas ng isang bagay ay ganito isinusulat ᘓᔕ‖. Hindi lámang ang mga hulíng katinig ng anumang pantig ang inaalis kung hindi pati na rin ang mga panghulíng patinig ng bawat pantig sa mga pagkakataóng

vocales de cualquier sílaba, en caso de estar éstas duplicadas, o ser diptongo: v.g. tan-ao, es diptongo, significa mirar a lo lejos, pues se escribe así ᜊᜁᜎ᜔ bang-ao, también lo es, y significa tonto, necio, se escribe así ᜊᜁᜎ᜔ baliu-baliu, la hierba espadilla, se escribe así ᜊᜑᜊᜑ᜔ bahai, la casa, se escribe así ᜊᜌᜎ᜔ Palai, el Arroz cascara, es diptongo como el antecedente, y se escrive así ᜊᜁᜎ᜔ Pero palayi, es otra cosa muy diferente. Gul-ai, diptongo, significa y hierbas, hortalizas, legumbres, así ᜅᜁᜎ᜔ Bigaa, un Pueblo de Bulacan así ᜊᜓᜊᜓ᜔ Booboo, los tolondrones, así ᜊᜓᜊᜓ᜔. En una palabra, se suplen las letras heridas; pero no las que hieren. De manera que teniendo cuidado con las sílabas, según doctrina arriba dada; sabiendo cuales son sus letras iniciales, o finales; y haciendo de ellas la distribución y anatomía que enseñan estas reglas. Es fácil aprender esta ciencia porque el mismo contexto de la escritura, sus antecedentes y consiguientes, te dirán por fuerza las letras suprimidas, cuando leas El escrivir, es mucho más fácil observando este Arte. Pues cada uno, mejor se entiende así propio, que no a otro; y mejor puede explicar sus conceptos, que entender los ajenos quien quisiera mayor explicación de ésta y otras curiosidades, acuda a este mi estudio y Gabinete, y será muy bien servido.

Concluyamos esta obrilla rezando un Padre Nuestro, y un Ave María, para que Dios nos libre de malas lenguas.

ang mga ito ay inuulit o kayâ ay bumubuo ng isang diptongo katulad ng mga sumusunod na halimbawa: *tan-ao*, na ang hulíng pantig ay isang diptonggo at nangangahulugan na tumingin sa malayò ay isinusulat sa ganitong paraan *ta.*; ganoon din ang *bang-ao*, na ibig sabihin ay walang-bait, ay isinusulat sa ganitong paraan ᜎᜒ᜵; *baliu-baliu*, isang damong hugis-espada ay ganito ang pagkakasulat ᜎᜓᜎᜓ᜵; *bahai*, tahanan ay ganito ang pagkakasulat ᜎᜌ᜵; *Palai*, palay ay isa ring diptonggo ang hulíng pantig katulad ng mga halimbawa sa itaas at isinusulat sa ganitong paraan ᜈᜒ᜵. Subalit ang salitang *palayi* ay ibang bagay. Ang *gul-ai*, ay isang diptonggo ang hulíng pantig, na ibig sabihin ay gulay o legumbre ay isinusulat sa ganitong paraan ᜌᜒ᜵; *Bigaa*, na isang bayan sa Bulacan ay ganito ang pagkakasulat ᜐᜒᜄ᜵; *Booboo*, na ibig sabihin ay pamamaga ay ganito ang pagkakasulat ᜐᜐ᜵. Pinapalitan sa isang salita ang mga titik na magkakarugtong sa isang pantig, samantalang hindi sa magkaibang pantig. Ang ibig sabihin nitó ay kailangang maging maingat sa pagtatalaga sa mga titik na bumubuo ng isang pantig batay sa mga ibinigay na panuntunan, na dapat ay malaman kung alin ang una at hulíng titik nitó sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntunin na itinuturo ng aklat na ito. Sa ganitong paraan ay higit na mapapadalî ang pag-aaral sa sining na ito; sapagkat ang mismong konteksto ng sining ng pagsulat, maging ang mga nauna at hulíng bagay na tinuran hinggil dito, ay magsasabi nang pilit kung alin ang mga titik na dapat palitan kapag nagbabasa. Higit na mapapadali ang pagsusulat kung susundin ang mga panuntunan na inihayag ng aklat na ito. Tunay ngang higit na mauunawaan sa paraang inilahad dito kaysa sa manghula; at higit ding madalî na maipapaliwanag ang mga konsepto kung ihamhambing doon sa mga sinasabi ng iba. Ang sinumang nagnanais na higit pang maunawaan ang mga bagay na ito o sinumang magkaroon ng kuryosidad hinggil dito ay malugod kong inaanyayahan sa aking tanggapan upang kayó ay aking mapaglingkuran.

Hinihimok ko ang lahat na magtapos táyo sa pamamagitan ng pagdarasal ng isang Ama Namin at isang Aba Ginoong Maria upang kasiyahan táyo ng Diyos na makaiwas sa mga wikang nagsasadlak sa kasamaan…

EL PER SIGNUM CRUCIS

1	ᜀᜎᜅᜒᜄᜇᜒᜌ᜵	1	Ang Panğadie,
2	ᜐᜄᜈᜒᜎᜓᜆᜏ᜵	2	sa manğa tauo,
3	ᜈᜒᜄᜇᜒᜈᜒᜈᜅᜀᜈ᜵	3	nğa binin-yagan
4	ᜀᜎᜆᜓᜇᜑ᜵	4	Ang Tandá
5	ᜈᜅᜐᜈᜆᜓᜐᜌᜓᜐ᜵	5	nang Santa Curuz
6	ᜀᜎᜌᜉᜅᜀᜇᜒᜋᜈᜐᜋᜒᜈ᜵	6	ang ypag-adyamo sa amin,
7	ᜈᜅᜈᜒᜈᜓᜅᜇᜒᜌᜓᜐᜒᜈ᜵	7	Panğinoon namin Dios,
8	ᜐᜄᜈᜒᜎᜓᜄᜀᜓᜎᜇᜒᜋᜈᜒᜈ᜵	8	samanğa ca auai namin
9	ᜐᜈᜒᜅᜃᜅᜈᜀᜋᜒᜈ᜵	9	sanğalan nang Ama,
10	ᜀᜎᜅᜈᜀᜈᜅᜈ᜵	10	At nang Anak
11	ᜀᜎᜅᜈᜌᜐᜓᜎᜒᜆᜓᜐᜌᜓᜐ᜵	11	At nang Espiritu Santo
12	ᜀᜇᜒᜈᜈᜓᜐᜒᜐᜒᜐ᜵	12	Amen Jesus

EL PATER NOSTER

1	ᜀᜇᜒᜎᜇᜒᜋ᜵	1	Ama naming,
2	ᜐᜒᜄᜐᜒᜆᜈᜒᜈᜌ᜵	2	sumgmasalangit ca,
3	ᜐᜒᜀᜋᜓᜉᜀᜎᜒᜈᜃᜅᜃᜒᜋᜓ᜵	3	sambahin ang nğalan mo,
4	ᜋᜎᜓᜐᜀᜐᜀᜋᜒᜈᜋ᜵	4	mapasaaming
5	ᜀᜎᜒᜃᜑᜆᜓᜉᜀᜎᜒᜋᜓ᜵	5	ang caharian mo,
6	ᜐᜒᜈᜒᜆᜓᜉᜀᜎᜒᜂᜇᜓᜋᜓ᜵	6	sundin ang loob mo,
7	ᜇᜒᜆᜓᜐᜒᜐᜓᜎᜓᜉᜈᜓ᜵	7	dito sa lupa,
8	ᜈᜒᜇᜓᜈᜅᜐᜒᜐᜒᜂᜆᜈᜓ᜵	8	Para nğ sa langit.
9	ᜀᜉᜓᜈᜓᜋᜓᜃᜇᜓᜈᜒᜈᜓᜌᜓ	9	Big-yan mo cami nğayon
10	ᜈᜅᜀᜎᜒᜇᜓᜃᜌᜓᜈ᜵	10	nğ aming canin,
11	ᜐᜒᜀᜎᜓᜇᜓᜀᜎᜓᜇᜒ᜵	11	sa arao arao,
12	ᜀᜎᜒᜈᜌᜀᜓᜇᜓᜋᜓᜃᜇᜓᜋ᜵	12	at patauarin mo cami,
13	ᜐᜒᜀᜎᜒᜋᜇᜓᜈᜒᜈᜅᜒᜇᜓᜋ᜵	13	sa aming manğa otang
14	ᜈᜒᜇᜓᜈᜅᜈᜒᜈᜒᜈᜌᜓᜀᜓᜈᜇᜓᜋᜈᜓ᜵	14	Para nğ pagpapatauad namin
15	ᜐᜒᜈᜅᜈᜒᜇᜃᜃᜒᜌᜓᜐᜒᜀᜎᜒᜋᜓ᜵	15	sananğag cacaotang sa amin
16	ᜀᜎᜒᜌᜀᜓᜀᜓᜋᜓᜃᜇᜓᜋᜒᜈᜓ᜵	16	at huag mo caming
17	ᜌᜒᜈᜓᜌᜓᜆᜓᜐᜒᜐᜓᜌᜓᜐᜓ᜵	17	ypahintolot sa tocso;

ANG TANDA NG KRUS

1	ᜉ᜔ᜎᜈᜊᜒᜇᜒᜈ᜔	1	Ang Panğadie,
2	ᜏᜊᜈᜊᜓᜍᜓ ᜈ᜔	2	sa manğa tauo,
3	ᜈᜊᜒᜇᜒᜈᜎᜒᜈᜒᜉ᜔	3	nğa binin-yagan
4	ᜉ᜔ᜎᜆᜈ᜔	4	Ang Tandá
5	ᜇ᜔ᜏᜐᜅᜆᜓᜐᜈᜒᜏ᜔	5	nang Santa Curuz
6	ᜉ᜔ᜎᜅᜒᜉᜒᜎᜓᜊᜓᜏᜉᜒᜊᜓ᜔	6	ang ypag-adyamo sa amin,
7	ᜎᜈᜈᜓᜐᜓᜇᜓᜊᜓᜎᜒᜈᜓᜏ᜔	7	Panğinoon namin Dios,
8	ᜏᜊᜈᜊᜓᜐᜒᜉᜓ ᜈ᜔ᜇᜓᜊᜓ᜔	8	samanğa ca auai namin
9	ᜏᜈᜈᜓᜑ᜔ᜇᜓᜎᜒᜊᜓ᜔	9	sanğalan nang Ama,
10	ᜉ᜔ᜎᜓᜇᜓᜎᜒᜇᜓ᜔	10	At nang Anak
11	ᜉ᜔ᜎᜓᜇᜓᜅᜏᜎᜒᜎᜒᜐᜒᜏᜒᜎᜒ᜔	11	At nang Espiritu Santo
12	ᜉ᜔ᜊᜈᜓᜈᜓᜎᜏᜏᜒᜏ᜔	12	Amen Jesus

ANG AMA NAMIN

1	ᜉ᜔ᜊᜒᜇᜓᜊᜒᜈ᜔	1	Ama naming,
2	ᜏᜒᜊᜒᜏᜑ᜔ᜈᜓᜐᜓ᜔	2	sumgmasalangit ca,
3	ᜏᜐᜒᜈᜓᜉ᜔ᜎᜓᜈᜓᜑ᜔ᜒᜈᜓ᜔	3	sambahin ang nğalan mo,
4	ᜊᜒᜎᜓᜏᜒᜉᜒᜊᜓ᜔	4	mapasaaming
5	ᜉ᜔ᜎᜓᜐᜓᜎᜒᜈᜒᜉᜓ᜔	5	ang caharian mo,
6	ᜏᜒᜆᜓᜈᜓᜉ᜔ᜎᜓᜑ᜔3ᜓᜒᜈᜓ᜔	6	sundin ang loob mo,
7	ᜆᜓᜇᜓᜈᜓᜏᜒᜈᜓᜑ᜔ᜎᜒᜎᜓ᜔	7	dito sa lupa,
8	ᜎᜒᜆᜓᜐᜓᜇᜓᜏᜒᜈᜓᜑ᜔ᜎᜓᜈᜓ᜔	8	Para nğ sa lanğit.
9	ᜐᜒᜎᜓᜒᜈᜓᜉ᜔ᜐᜒᜈᜓᜉᜓᜈᜓᜇᜓᜎᜓᜇᜓᜈᜓ᜔	9	Big-yan mo cami nğayon
10	ᜇ᜔ᜎᜉᜒᜈᜓᜐᜐᜓ᜔	10	nğ aming canin,
11	ᜏᜒᜉᜒᜆᜓᜉᜒᜆᜓᜒᜇᜓ᜔	11	sa arao arao,
12	ᜉ᜔ᜎᜓᜇᜓᜎᜓᜐᜓᜆᜓᜒᜈᜓᜒᜇᜓ᜔	12	at patauarin mo cami,
13	ᜏᜒᜉᜒᜈᜓᜒᜊᜓᜈᜓᜒᜇᜓᜎᜓᜇᜓᜈᜓᜒᜇᜓ᜔	13	sa aming manğa otang
14	ᜎᜒᜆᜓᜇᜓᜎᜒᜎᜒᜎᜓᜇᜓᜎᜓᜇᜓᜈᜓᜒᜇᜓ᜔	14	Para nğ pagpapatauad namin
15	ᜏᜒᜇᜓᜈᜓᜐᜐᜒᜇᜓᜒᜏᜒᜉᜒᜊᜓ᜔	15	sananğag cacaotang sa amin
16	ᜉ᜔ᜎᜓᜍᜓ ᜈ᜔ᜒᜐᜐᜓᜇᜓᜒᜈᜓ᜔	16	at huag mo caming
17	ᜐᜒᜎᜓᜅᜓᜑ᜔ᜒᜏᜒᜎᜓᜏᜒᜎᜓ᜔	17	ypahintolot sa tocso;

18	ᜒᜎᜒᜈᜓᜀᜇᜒ	18	at yadya mo came,
19	ᜏᜒᜆᜎᜀᜏᜒᜀ	19	sadilan masama.
20	ᜒᜀᜉᜓᜈ᜔	20	Amen.

TRADUCCIÓN LITERAL EN CASTELLANO

	El Per signum Crucis	1	Padre Nuestro
		2	que estás en el Cielo
1	El Rezo	3	Santificado sea el nombre tuyo
2	de los Hombres	4	vénganos
3	que son Bautizados	5	el tu Reino tuyo
4	La señal	6	sea hecha la voluntad tuya
5	de la Santa Cruz	7	aquí en la tierra
6	sea el con que seamos defendidos por ti	8	como en el Cielo
7	Señor Nuestro Dios	9	seamos dados de ti ahora
8	de los enemigos nuestros	10	el nuestro Pan
9	en el nombre del Padre	11	de cada día
10	Y del hijo	12	y perdonados de ti seamos,
11	Y del Espiritu Santo	13	en las nuestras deudas
12	Amén Jesús	14	así como el perdonar de nosotros
	El Pater nofter	15	a los deudores nuestros,
		16	y no quieras tú que nosotros
		17	Seamos permitidos a la tentación

EL AVE MARÍA

1	ᜒᜂᜇᜒᜈᜓᜅ᜔3ᜀᜎᜒᜇ᜔	1	Aba Guinoong Maria
2	ᜊᜓᜉᜓᜈᜓᜅ᜔ᜇᜅ᜔ᜈᜇᜒᜏᜇ᜔	2	Napoponoca nang gracia
3	ᜒᜎᜓᜊᜓᜅ᜔3ᜎ3ᜏ᜔	3	ang Panginoong Dios,
4	ᜒᜎ᜔ᜏᜀᜏᜒᜆᜓᜉ᜔	4	ay sumasaio,
5	ᜐ᜔ᜇᜅ᜔ᜊᜅ᜔ᜊᜓᜈᜓᜆ᜔	5	bocod cang pinagpala,
6	ᜏ᜔ᜐᜐᜓᜊᜅ᜔ᜆᜎ	6	sa babayeng lahat,
7	ᜓᜈᜓᜆ᜔ᜈᜀᜏ	7	pinagpala naman,
8	ᜒᜎᜓᜉ᜔ᜊᜅ᜔ᜒᜈᜓ	8	ang iyong Anak,
9	ᜈᜓᜏ᜔ᜎᜓᜏ᜔ᜏ᜔	9	na si Jesus.
10	ᜏᜅᜓᜌᜀᜎᜓᜉ᜔	10	Santa Maria,

18	ᜌ᜔ᜈᜌ᜔ᜎ᜔ᜀ᜔ᜇᜀ᜔	18	at yadya mo came,
19	ᜏᜅᜆ᜔ᜀᜏᜀ᜔	19	sadilan masama.
20	ᜌᜀᜉ᜔ᜈ᜔	20	Amen.

SALING LITERAL SA WIKANG KASTILA

	El Per signum Crucis	1	Padre Nuestro
		2	que estás en el Cielo
1	El Rezo	3	Santificado sea el nombre tuyo
2	de los Hombres	4	vénganos
3	que son Bautizados	5	el tu Reino tuyo
4	La señal	6	sea hecha la voluntad tuya
5	de la Santa Cruz	7	aquí en la tierra
6	sea el con que seamos defendidos por ti	8	como en el Cielo
7	Señor Nuestro Dios	9	seamos dados de ti ahora
8	de los enemigos nuestros	10	el nuestro Pan
9	en el nombre del Padre	11	de cada día
10	Y del hijo	12	y perdonados de ti seamos,
11	Y del Espiritu Santo	13	en las nuestras deudas
12	Amén Jesús	14	así como el perdonar de nosotros
	El Pater nofter	15	a los deudores nuestros,
		16	y no quieras tú que nosotros
		17	Seamos permitidos a la tentación

ANG ABA GINOONG MARIA

1	ᜌᜎ᜔ᜐᜇ3᜔ᜀᜃᜌ᜔	1	Aba Guinoong Maria
2	ᜈᜉᜒᜉᜒᜇ᜔ᜅ᜔ᜇ᜔ᜐᜃᜅ᜔	2	Napoponoca nang gracia
3	ᜌ᜔ᜒᜈᜈᜒᜇ3᜔ᜃ3ᜏ᜔	3	ang Panginoong Dios,
4	ᜌ᜔ᜏᜀᜏᜎᜓᜒ᜔	4	ay sumasaio,
5	ᜐᜓᜆ᜔ᜅ᜔ᜈᜒᜈᜒᜇᜒᜆ᜔	5	bocod cang pinagpala,
6	ᜏ᜔ᜐᜐᜊᜈᜒᜆᜓ᜔	6	sa babayeng lahat,
7	ᜒᜇᜒᜈᜆ᜔ᜇᜀᜈ᜔	7	pinagpala naman,
8	ᜌ᜔ᜎᜒᜈᜒᜌ᜔ᜇᜒ	8	ang iyong Anak,
9	ᜇ᜔ᜏ᜔ᜃᜏ᜔ᜏ᜔	9	na si Jesus.
10	ᜏᜇᜒᜍ᜔ᜀᜃᜒᜎ᜔	10	Santa Maria,
11	ᜎᜇ᜔ᜇ᜔ᜃ3᜔	11	Yna nang Dios,

11	[illegible]	11	Yna nang Dios,
12	[illegible]	12	ypanalanḡin mo came
13	[illegible]	13	n ḡa macasalanan,
14	[illegible]	14	nḡayon at cun came mamamatai
15	[illegible]	15	Amen Jefus.

18	en yerro defendidos de ti seamos	6	Entre mujeres todas
19	de todo mal.	7	Bendito también
20	Amén.	8	El tu Hijo
		9	Que es Jesús
	El Ave María.	10	Santa María
1	Ave Señora María,	11	Madre de Dios
2	llena tú de Gracia,	12	Intercedidos seamos de ti nosotros
3	El Señor Dios	13	los pecadores
4	está contigo	14	ahora, y cuando nosotros mueran
5	singular tu bendita,	15	Amén.

12	[illegible]	12	ypanalanḡin mo came
13	[illegible]	13	n ḡa macasalanan,
14	[illegible]	14	nḡayon at cun came mamamatai
15	[illegible]	15	Amen Jefus.

18	en yerro defendidos de ti seamos	6	Entre mujeres todas
19	de todo mal.	7	Bendito también
20	Amén.	8	El tu Hijo
		9	Que es Jesús
	El Ave María.	10	Santa María
1	Ave Señora María,	11	Madre de Dios
2	llena tú de Gracia,	12	Intercedidos seamos de ti nosotros
3	El Señor Dios	13	los pecadores
4	está contigo	14	ahora, y cuando nosotros mueran
5	singular tu bendita,	15	Amén.

Aviso al Lector

At cong yeao ay babasa
nang hindi magcamalica
talastasin mong maganda
pūto, tilder, virgulilla.
Ang virgulilla, i, ganito (“)
tandai,t, bibiglain mo
na ang sa apui na asò
ditong matahol na àso.
Ang lahat na para nitò
siyang pagcacamalan mo
ay nang hindi ca maitò
cascimang letra, i, masdan mo.
Munting layo baga caya
cahoy na ang nĝalai bànĝa
samanĝa nilotong lupa
manĝa paláyok at banĝa.
At ang sa paui na paso
yba sasisidlang pasò
at ang damo namang paco
yba sa bacal na paco.

Abiso sa Mambabasa

At cong yeao ay babasa
nang hindi magcamalica
talastasin mong maganda
pūto, tilder, virgulilla.
Ang virgulilla, i, ganito (“)
tandai,t, bibiglain mo
na ang sa apui na asò
ditong matahol na àso.
Ang lahat na para nitò
siyang pagcacamalan mo
ay nang hindi ca maitò
cascimang letra, i, masdan mo.
Munting layo baga caya
cahoy na ang nẽalai bànẽa
samanẽa nilotong lupa
manẽa paláyok at banẽa.
At ang sa paui na paso
yba sasisidlang pasò
at ang damo namang paco
yba sa bacal na paco.

Ang patpat na nilala
panĝalan niyon ay sala
dili ybarin sa sala
nang Catao-uat caloloua.
Sa andi caibarin nĝa
ang banayad at ang biglà
parang sulat nanatalà
yba sa Bitoit tala.
Caya nĝa pag ynĝatan mo
lahat na sangoni dito
at con ytoi masonod mo
bubuticang Escrivano. Z

Finis

Ang patpat na nilala
panĝalan niyon ay sala
dili ybarin sa sala
nang Catao-uat caloloua.
Sa andi caibarin nĝa
ang banayad at ang biglà
parang sulat nanatalà
yba sa Bitoit tala.
Caya nĝa pag ynĝatan mo
lahat na sangoni dito
at con ytoi masonod mo
bubuticang Escrivano. Z

Finis

Índice de los Capítulos y materia que tiene este libro.

Prefacio o Prólogo; darse razón de la obra: excelencias de la Ortografía; división de sus miembros; noticias y antigüedad de la noble lengua tagala; dificultades de su escritura; necesidad de aprehender la invención ingeniosa de un cruz o nota para facilitarla; repugnancia de los tagalos en adoptarla; razones que tienen para no admitirla; temperamento que toma el autor en este pleito; consejo prudente que propone a los letrados; aclamacion al Rey de España.

Cap. 1. folio 8. Del número, uso, valor, y oficio de las letras tagalas. Comparación con las Castellanas. Reparos contra Algunos Autores Tagalistas. Emienda de los Vocabularios Tagalos en el modo de escribir las dicciones o términos.

Cap. 2. Folio 14. De los Diptongos. Cuántos tiene el castellano, y cuántos el tagalog. Definición y naturaleza de ellos. Reprehensión a los Vocabularistas por no haberlos notado y distinguido.

Cap. 3. folio 16. De los Acentos. De su definición y naturaleza. De la dificultad insuperable que confiesan los Tagalistas. Parecer del Autor en esta materia, propuesto a los doctos. Acomodarse en el Autor al uso corriente, por no buscar nuevos pleitos. Explicación del verdadero acento castellano, y también del tagalo. Quéjase el Autor de los Tagalistas, que no dieron reglas para conocerlos, por falta de conocimiento de la Escritura Tagala. Palabras notables de un Autor Francés. Facilidad del Acento Tagalo mediante la Escritura. Trátase de las medias y primas sílabas tagalas. Del modo malo con que se notan en los Vocabularios. Y explicación de las cifras ad placitum.

Cap. 4. folio 24. De la pronunciación. Explícase su naturaleza, y distínguese la verdadera y legítima, de la falsa y ridícula. Propónese a los niños una Cartilla de la natural y perfecta pronunciación para que

Panghulíng Tala hinggil sa mga Bahagi ng mga Paksa na Taglay ng Aklat na Ito

Panimulang Salita; hinggil sa mga dahilan kung bakit nararapat mailimbag ang aklat na ito; ang kapuri-puring sining ng Ortograpiya; ang iba't ibang bahagi ng sining na ito; ang mga patotoo sa katagalan at kabunyian ng wikang Tagalog; ang mga suliranin at hirap sa pagsulat sa wikang ito; ang kahalagahan ng pag-aaral nitó; ang kahanga-hangang pagkakatuklas ng paggamit ng Krus at Pananda upang mapadalî ang pagbása nitó; ang mariing pagtanggi ng mga Tagalog na tanggapin ito; ang mga dahilan kung bakit ayaw nilá itong tanggapin; ang damdamin ng may-akda hinggil sa usaping ito; ang matalinong payo sa mga manunulat; parangal sa Hari ng Espanya.

Unang Kabanata na binubuo ng walong bahagi hinggil sa numero, gamit, halaga at gampanin ng mga titik ng wikang Tagalog. Paghahambing ng mga ito sa mga titik ng Wikang Espanyol; pagsalungat sa mga sinasabi ng ilang mga may-akda hinggil sa wikang Tagalog; pagbabago sa paraan ng pagsulat ng mga salita at termino sa wikang Tagalog;

Ikalawang Kabanata na binubuo ng labing-apat na bahagi hinggil sa mga diptonggo. Hinggil sa kung ilang diptonggo mayroon ang wikang Espanyol at Tagalog; ang pakahulugan at kalikasán ng mga ito; ang pagkadesmaya sa mga titik ng wikang Tagalog dahil hindi ito nagbibigay ng maliwanag na panuntunan hinggil sa pagkakaiba ng bawat isa.

Ikatlong Kabanata na binubuo ng labing-anim na bahagi na tumutukoy sa mga Diin. Hinggil sa pakahulugan at kalikasán ng labis na kahirapan ng pagsulat sa wikang Tagalog batay na rin sa binanggit ng mga dalubhasa sa wikang ito; ang pagtingin ng may-akda hinggil sa bagay na ito at ang kaniyang payo sa mga dalubhasa sa wikang ito; ang pakikibagay ng may-akda sa kasalukuyang gamit nitó upang maiwasang magdulot pa ito ng mga panibagong usapin; ang paliwanag sa tunay na sistema ng diin sa wikang Espanyol at ganoon din sa wikang Tagalog; ang hinaing ng may-akda hinggil sa kakulangan sa bahagi ng mga dalubhasa sa wikang Tagalog na magbigay ng mga panuntunan tungkol sa diin dahil sa kakulangan ng kanilang nalalaman sa paraan ng pagsusulat nitó; isang kapuri-puring talâ mula sa isang pinagpipitaganang may-akdang Pranses; ang lubos na madalîng sistema ng diin ng wikang Tagalog sa pamamagitan ng paglalagay nitó sa pangalawa sa hulí o sa hulíng pantig ng mga salitang

con la viva voz del Maestro, se acostumbren a pronunciar todo género de palabras. Item: una lista de varias dicciones tagalas, algo difíciles de pronunciar. Item: una autoridad de el Excelentísimo Doctor San Gerónimo, muy notable. Item: otros varios ejemplares buenos para animar a los discípulos a estudiar los idiomas difíciles. Facilidad de nuestra lengua tagala, sobre todos los dichos.

Cap. 5. folio 28. De la Puntuación y forma de renglones en tagalog antiguo. Dichos de autores célebres sobre este punto y puntos. Nombres que dan a sus letras los tagalos. Modo que tienen antiguamente de escribir. Advertencia del Autor para no equivocarse con la variedad de caracteres. Noticia de varios Antiquarios Numismáticos, que tratan de caracteres. Item: Oración Preparatoria que rezarán los niños, antes de leer la Cartilla. Comienza el Abecedario Tagalog con sus combinaciones y deletreo.

Cap.6. folio 32. Reconvención que hace el Autor de varios tagalistas, sobre haber ponderado más de lo justo esta dificultad de los caracteres. Danse aquí seis reglas generales infalibles, para escribir en caracteres cualquier cosa. Pónese el persignar, el Padre Nuestro y el Ave María, en caracteres, en tagalog, y en español, y se concluye con unos versos tagalos muy antiguos, para el curioso lector. Pónese al fin una aclamación curiosa en cuatro lenguas, para los niños de esta manera.

FINIS.

Tagalog; ang malîng paraan na napansin hinggil sa pagpapaliwanag ng gamit ng diin sa mga salitang Tagalog batay lámang sa kagustuhan ng bawat isa.

Ikalimang Kabanata na binubuo ng dalawampu't walong bahagi na tumutukoy sa mga Bantas at iba pang Porma ng mga guhit na ginagamit ng sinaunang wikang Tagalog; ang mga sinabi ng mga pinagpipitaganang mga dalubhasa hinggil sa malalaki at maliliit na tuldok na ito; ang sinaunang paraan ng kanilang pagsusulat; ang paalala ng may-akda upang maiwasang magkamalî sa paggamit ng iba't ibang mga Karakter; talâ ng mga sinaunang numistatiko hinggil sa mga Karakter na ito; ganoon din, ang panimulang dasal na sasambitin ng mga batang mag-aaral bago basáhin ang Kartilya; simula ng pag-aaral ng Alpabeto ng wikang Tagalog, pagsasáma-sáma ng mga titik nitó at pagbaybay.

Ikaanim na Kabanata na binubuo ng tatlumpu't dalawang bahagi na tumutukoy sa pagbabago sa paraan ng pagsulat ng iba't ibang may-akda na isinagawa ng may-akda ng aklat na ito, matapos na pag-isipang mabuti ang nararapat hinggil sa kahirapan ng paggamit sa mga Karakter nitó. Inihayag dito ang anim na pangkalahatang panuntunan sa wastong paraan ng pagsulat ng kahit anong salita sa wikang ito gamit ang sariling mga Karakter. Nakalagay din dito ang Tanda ng Krus, Ama Namin, at Aba Ginoong Maria, na nakasulat sa mga Karakter ng wikang Tagalog at maging sa wikang Espanyol. Ito ay magtatapos sa ilang sinaunang tula sa wikang Tagalog upang magkaroon ng kabatiran ang mga mambabasa, at ang pinakahulí ay nakakabighaning parangal na nakasulat sa apat na wika na alay sa mga kabataan hinggil sa kung paano gagamitin ang aklat na ito.

WAKAS

S A T O R
A R E P O
T E N E T
O P E R A
R O T A S.

Ideft:

Laus Deo Trino et vno, omnium conservatori.

Et phy Diabolo.

Viva Don Carlos III Rey Grande de las Españas.

Heureusement.

Le plus Puissant Monarq: de tous les Rois.

Multi anni.

Mœcenati bus, Propin quis, et Benefactori bus meis

Pax Viuis.

Et requíes femperterrta omnibus defunctis.

Salamat.

Siya nauang, siya naua, at siya nauari.

S A T O R
A R E P O
T E N E T
O P E R A
R O T A S.

At bilang katapusan:

Papuri sa Tatlong Persona sa Iisang Diyos at sa tagapamahala ng lahat ng Kaniyang mga nilalang

At itakwil naman ang mga gawa ng Diyablo.

Ipagbunyi si Don Carlos III na siyang Mahal na Hari ng Buong Teritoryo ng Espanya.

Na sa kabutihang palad ay siyang

Pinakadakilang Hari sa lahat ng mga Hari.

Sa aking mga naging tagapagtaguyod,

malalapit na kaibigan at tagapag-ampon sa loob ng maraming taon,

Mabuhay nawa kayong lahat sa kapayapaan.

At sa lahat naman ng mga pumanaw na sa mundong ito, sumainyo nawa ang buhay na walang hanggan sa kalangitan.

Salamat.

Siya nauang, siya naua, at siya nauari.

Amen.

O.S.C.S.M.E.C.A.R.

Amen.

O.S.C.S.M.E.C.A.R.

TUNGKOL SA TAGASALIN

Lorem ipsum dolor sit amet, consectetur adipiscing elit. Integer blandit, purus vitae rutrum pharetra, risus nulla rhoncus lacus, et hendrerit erat turpis quis velit. Vestibulum ante ipsum primis in faucibus orci luctus et ultrices posuere cubilia Curae; Nam sodales, diam id tristique placerat, magna nunc adipiscing ligula, sit amet pharetra augue nisi nec sapien. Praesent iaculis, nisl vel tempus porttitor, dolor metus accumsan est, id aliquet urna ipsum eu sem. Nunc sed condimentum justo. Cras semper facilisis sapien. Donec neque mauris, sagittis eget ultrices vel, lobortis quis urna.